

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXVIII, BLG. 2, 2022



Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 01117-1275 | ISSN 2244-6001 (online)

Tomo XXVIII, Blg. 2, 2022

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Dr. Jayson D. Petras

jdpetras@up.edu.ph

Punong Editor

Dr. Ma. Althea T. Enriquez

matenriquez@up.edu.ph

Prop. Crizel Sicat-De Laza

csdelaza@up.edu.ph

Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan

lbsabangan@up.edu.ph

Tagapamahalang Editor

Jeslie D. Luza

jdluza@up.edu.ph

Editor Pangwika

Edrick S. Carrasco

edrickcarrasco@gmail.com

Tagadiseno ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive> at
<https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.

Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Nilalaman

5 Talâ ng Editor

DR. JAYSON D. PETRAS

7 INTRODUKSIYON

DR. MA. ALTHEA T. ENRIQUEZ
PROP. CRIZEL SICAT-DE LAZA

11 Bakunang Mula sa Tao, para sa Tao:
Mga Proseso at Bunga ng Pag-oorganisang
Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman

ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ
JOSE MONFRED C. SY

27 Ang Noumenal at ang Nominal
sa Panulaan ni Allan Popa

EMMANUEL JAYSON V. BOLATA

46

Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas

EB PEREZ-BELLEN

65

Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas at Pag-iimahan sa mga Tsino noong Dantaon 16-18

LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA

78

Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Bágong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Wika ng mga SUC III

RAFFY AGANON

99

INTERNASYONAL NA LUPON NG MGA EDITOR

JAYSON D. PETRAS, Ph.D.

jdpetras@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Kasabay ng pagbubukás ng Buwan ng Wika sa taóng ito, inilabas noong 9 Agosto 2022 ng ilang Komisioner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang Memorandum 2022-0663 na nagpapatigil sa paglalathala at pamamahagi ng libro, partikular ang limang tinukoy na publikasyon, dahil sa diumanong pagiging subersibo ng mga ito at pagtataglay ng ideolohohiyang laban sa gobyerno. Kasunod ito ng naging akusasyon ni Lorraine Marie Badoy, tagapagsalita ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), na inere sa programang “Laban Kasama ang Bayan” ng Sonshine Media Network International (SMNI), sa KWF at sa dalawang guro mula sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (UP DFPP) bilang tagapagpakalat ng “teroristang propaganda” dahil sa paglilimbag ng mga librong sinasabing may ganitong pananaw. Ang red-tagging na ito sa mga libro ay pangatlo na sa loob lamang ng anim na buwan, matapos ang insidente ng spray-painting ng mga anti-komunistang islogan sa Solidaridad at Popular bookstore noong Marso 2022, at akusasyon ng National Intelligence Coordinating Agency sa diumanong pagrarakalisa sa mga batang Pilipino laban sa pamahaalan ng mga librong pambata tungkol sa Batas Militar ng Adarna House noong Mayo 2022. Patunay ang mga pangyayaring ito ng paninikil sa panig ng mga akademiko at manunulat na patuloy na makisangkot sa mga pangyayaring panlipunan sa pamamagitan ng saliksik at malikhaing pagsulat.

Sa ganang ito, malinaw na maituturing na “anyo ng pagpiglas” ang paglalathala at paglikha. Ito ang tinutungtungang prinsipyo ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (SWF-UPD) sa tunguhin nitong bumuo ng mga publikasyon – journal at libro – sa anyong print at online.

Malaon nang pinatunayan ng SWF-UPD ang “pagpiglas” nito para sa intelektuwalisadong wikang Filipino. Pinagtagumpayan nito ang pag-aambag ng mga kaalaman sa iba’t ibang disiplina na nauunawaan at napakikinabangan ng nakararami. Sa katunayan, itinatampok sa

bagong isyu ng *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* ang mga pag-aaral mula sa disiplina ng Panitikan, Pagpapaunlad ng Pamayanan, Kasaysayan, Edukasyon, at Agham.

Sa kasalukuyang sitwasyon, hindi natitinag ang “pagpiglas” ng mga pananaliksik at malikhaing produksiyon ng SWF-UPD, hindi lamang upang kilalanin at pahalagahan ang kaalaman at danas sa wikang Filipino, kundi kasabay nito, upang bigyang-suri at isiwalat ang katotohanan sa lipunan sa kabila ng banta ng red-tagging at politikal na pandarahas at ng pinamamayaning huwad na kaayusan at

pagkakaisa. Kaugnay nito, ilalabas sa taóng ito ang batayang sangguniang *PS 21: Wika, Panitikan, at Kultura sa Ilalim ng Batas Militar* na pinamatnugutan nina Dr. Nancy A. Kimuell-Gabriel at dating direktor ng SWF-UPD Dr. Mykel Andrada. Ilalathala ito sa ilalim ng proyektong Aklatang Bayan Online at kung gayon, libreng mada-download sa website ng SWF-UPD na <https://sentrofilipino.upd.edu.ph>.

Sa kabuoan, pinatutunayan na kadikit ng pagtataguyod sa wikang Filipino para sa akademya ang adbokasiyang palagiang isulong ang kapakanan ng bayan. Ang pagtutulay ng kaalaman at karanasan sa wikang pambansa ay paraan ng pakikiugnay sa sambayanan – sa kanilang danas, hinaing, at pangarap. Kaya naman, sa mapanghamong panahon ng panggigipit, mas malakas ang panawagang patuloy na manaliksik, lumikha, at maninidigan sa karapatan, katotohanan, at katarungang panlipunan.

INTRODUKSIYON

Dr. MA. ALTHEA T. ENRIQUEZ

matenriquez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Prop. CRIZEL SICAT-DE LAZA

csdelaza@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Ang mga artikulo sa isyung XVIII-2 ng Daluyan ay nagpapakitang buháy at umuunlad ang wikang Filipino sa iba't ibang larangan gaya ng pag-oorganisang pampamayanan, panitikan, agham, kasaysayan, at pagpaplanong pangwika sa sistema ng edukasyon. Habang humihikayat sa mas malalim at malawak pang pananaliksik sa kani-kanilang larangan, nag-aambag ang mga mananaliksik ng mayamang diskurso at pagdalumat sa paksa ng kanilang mga pag-aaral gamit ang wikang Filipino.

Pinatunayan ng pag-aaral nina *Rose Angelie M. Hernandez* at *Jose Monfred C. Sy* na “BakunangMulasaTao,ParasaTao:MgaProseso at Bunga ng Pag-oorganisang Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman” ang kakayahang mag-organisa ng mga mamamayan sa panahon ng krisis. Sa pamamagitan ng balangkas sa pag-oorganisang pampamayanan ni Angelito Manalili na “mula sa tao, para sa tao,” idinokumento at sinuri ng mga mananaliksik ang mga proseso at karanasan sa pagpapagana ng bakunahan sa UP Diliman na pinangunahan ng iba't ibang sektor sa loob ng UP, katuwang ang administrasyon nito. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ginamit ng mga organisador na bahagi ang konsultasyon at palagiang pagtatasa, napatunayang magtatagumpay ang

gawain ng pamayanan kung nakalapat ito sa mga realidad at pangangailangan ng mga mamamayan.

Sa “Ang Noumenal at ang Nominal sa Panulaan ni Allan Popa,” kinasangkapan ni *Emmanuel Jayson V. Bolata* ang mga katha ng nabanggit na manunulat upang suriin kung ano ang sinasabing noumenal at ang nominal. Hindi lang ito rito nagtatapos kundi umigpaw at naiugnay ni Bolata ang panitik sa kayarian ng wika, espesipiko sa sintaks na siya ring sinasabing naging pangunahing lapit sa pagsusuri. Bagaman sinabing hindi sinadya, itinambis ang noumenal sa kung ano ang penomenal at nasuri kung ano ang nominal sa konsepto ng pagpapangalan. Ang pagpapangalan, di-pagpapangalan, at proseso

ng nominalisasyon ay mga sangkap ng sintaks na sinasabing isang mabungang paraan sa pagbása ng tula na lampas sa kadalasa'y salita at pagpapakahulugan ng mga ito. Ngunit, sinasabing may limitasyon pa rin sa lapit na ito sa pag-unawa sa mga bagay na hindi mauunawaan (ang noumenon) at naipamalas ang ganitong naging kabatiran sa pagsusuri ng panulaan na siyang makapagsasalikop ng agham at panitikan.

Isang masusing pangangalap sa iba't ibang batis ang ginawa ni *Eduard Perez-Bellen* upang mabuo ang “Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas.” Bukod sa pagsisinop ng mga katawagan, malaki ang ambag nito sa pagpapatunay ng mayamang tradisyonal na kaalaman ng ating mga pangkat-etniko at hakbang tungo sa isang Pilipinisadong agham konserbasyon. Pinalalim pa ang pagkakatalogo sa pamamagitan ng pagtukoy sa pinagmulan ng mga pangalang ito at tumukoy ng apat na kategorya upang maging sistematisado ang paglilista: paghuhuni, morpolohiya, kilos/ugali, at habitat. Matutunghayan sa pag-aaral na ito ang isang masigasig na pagsisimula at paghahakbang na nilalayong maipagpatuloy at mapagyaman pa sa mga susunod pang pangangalap.

May ibang kuwentong inihahain si *Lorenz Timothy Ranera* sa kaniyang artikulong “Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas at Pag-iimahan sa mga Tsino noong Dantaon 16-18.” Hindi iba at bagkus pamilyar ang tagpuan ng kuwento tungkol sa kasaysayan: ang

Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Español; pero iba ang pangunahing tauhan rito, ang pangkat ng mga Tsino sa panahong ito. Ipinapakita dito ang magkatuwang pero magkatunggali ring pananaw tungo sa mga Tsino ng mga kolonisador na Español at kung paano rin ito nakaimpluwensiya sa pagtingin sa kanila. Naipakikita sa papel na ang ganitong pagbalik-tanaw at pagsusuri sa mga nangyari sa kasaysayan ang maaaring magpasubali sa mga dati at sadyang pinapalutang na pag-iimahan at isang paghámón sa pagtingin sa hindi pagkakapantay-pantay ng mga lahi.

Sa pag-aaral ni *Raffy Aganon* na “Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Bágonng Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Pangwika ng mga SUC III,” ipinakita ang halaga ng pagtatasa sa kakayahan at kahandaan ng mga guro na mahalagang bahagi ng pagbuo ng polisiyang pangwika sa mga akademikong institusyon. Kasáma ng iba pang komponent na kurikulum, instruksyon, pananaliksik, ekstensyon, produksyon, at ko-kurikular na gawain, nagbigay ng mga pamamaraan si Aganon kung paanong mapananatili at mapauunlad ang wikang Filipino sa akademya.

Napagtuunan ng pansin ng mga mananaliksik ang aspekto ng panitikan, edukasyon, agham, kasaysayan, at lipunan sa pamamagitan ng pagsusuri at pananaliksik gamit ang sariling wika. Patuloy na magbibigay-daan ang mga ito sa mas makabuluhang pag-unawa at pag-angkop ng mga konsepto at kaalaman sa kontekstong maka-Pilipino.



Bakunang mula sa Tao, para sa Tao: Mga Proseso at Bunga ng Pag-oorganisang Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman

*Vaccination by the People, for the People:
Processes and Outcomes of Community Organizing
in the Bakunahan sa UP Diliman*

ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ

Departamento ng Aralin sa Sining, Unibersidad ng Pilipinas Diliman
rmhernandez1@up.edu.ph

JOSE MONFRED C. SY

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman
jcsy3@up.edu.ph

ABSTRAK

Dahil sa pananaw ng pamahalaan na isang digmaan ang pandemyang COVID-19, isa ang Pilipinas sa may pinakamahaba at pinakamalupit na lockdown sa buong mundo. Pinagdedesisyunan ang mga estratehiya mula sa itaas pababa at ipinapataw ang mga polisiya nang walang konsultasyon sa mga mamamayan. Sa harap ng maraming pagkukulang ng gobyerno, kinuha ng mamamayan ang oportunidad na mag-organisa ng sari-sarili nilang tugon sa pandemya tulad ng Community Pantry, volunteer groups, at relief operations.

Isa pang halimbawa ng pag-oorganisang pampamayanan sa panahon ng pandemya ang Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Bukod sa kapos na ayuda para sa mga komunidad, naging makupad din ang rollout ng bakuna sa bansa. Bflang tugon dito, nag-organisa ang komunidad ng UP ng isang vaccination center na una'y tinarget mabakunahan ang kawanihan ng pamantasan ngunit kinalauna'y naging bukás sa mga residente ng Lungsod Quezon.

Isinasadokumento ng pag-aaral na ito ang pag-usbong, pagpapagana, at pag-unlad ng Bakunahan sa UP Diliman. Nakasalalay ang deskriptibong pag-aaral sa balangkas ng pag-oorganisang pampamayanan na “mula sa tao, para sa tao” ni Angelito Manalili. Bukod sa pagsusuri ng mga opisyal na dokumento mula sa proyekto, humahalaw rin kami sa sariling karanasan bilang mga organisador

sa Bakunahan. Binibigyang-pokus namin ang mga estratehiyang ginamit ng mga organisador upang (1) makapanghikayat ng mga boluntaryo; (2) mapaghugpong ang iba't ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng proyekto; (3) magsagawa ng sistema ng pagtatasa; at (4) makipag-alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon. Patunay lámang ang kasong ito na may kakayahan ang mamamayang mag-organisa sa panahon ng politikal at pangkalusugang krisis.

Mga susing salita: COVID-19; pagbabakuna; pag-oorganisa ng komunidad; pagpapaunlad ng pamayanan; pandemya

ABSTRACT

Under a government that responds to the COVID-19 pandemic as if in war, the Philippines witnessed one of the longest and most intense lockdowns in the world. Decisions on strategies are made from above and policies are imposed without consulting communities. In the face of the gaps of government response, people on the ground seized the opportunity to organize their own responses to the pandemic, including the Community Pantry, volunteer groups, and relief operations.

Another example of community organizing in the time of pandemic is the Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Besides the gaps in social welfare provisioning in communities, the country suffered a sluggish vaccine rollout. To respond to this, the UP community, led by the University of the Philippines and Local Government Unit of QC, organized the vaccination center that first targeted university staff and later expanded its scope to all Quezon City residents.

This article documents the emergence, operations, and development of the Bakunahan sa UP Diliman. The descriptive study is framed by what Angelito Manalili calls community organizing “by the people, for the people.” Beyond surveying official documents from the project, we also draw from our praxical experience of organizing in the Bakunahan. We pay close attention to strategies taken by organizers to (1) enlist volunteers; (2) fuse different disciplines and knowledges in designing the project; (3) devise a system of assessment; and (4) conduct alliance work with other communities and organizations. This case stands as evidence that communities see and realize the capacity of organizing themselves amidst the political and health crisis.

PANIMULA

Noong Marso 11, 2020, idineklara ng World Health Organization (WHO) ang pagsiklab ng novel coronavirus (SARS-CoV-2 o mas kilala bilang COVID-19) bilang isang pandemya. Simula noong Marso 15, inilagay ng administrasyon ni Rodrigo Roa Duterte ang National Capital Region (NCR) at kinalaunan buong bansa sa pabago-bágong digri ng *lockdown* na tinawag sa iba't ibang pangalan tulad ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) (Placido, Sonido at Bawagan 116-7). Sa mga ito, ipinagbabawal ang maramihang kumpalan ng tao at biyahe palabas o papasok ng mga lugar na pinatawan ng kwarantena sa kabila ng kakapusan ng

ayuda (Bawagan, Hernandez, at Vallejos 31). Sa kumpas ni Duterte sa kaniyang talumpati noong Marso 16, 2020, dinagsa ng kapulisan ang mga lansangan upang ilunsad ang “digmaan” laban sa COVID-19 (Hapal 6).

Naging masigasig ang mga pagtatangkang makatuklas ng epektibong bakuna laban sa COVID-19 bago pa man sumapit ang pandemya (Kaur at Gupta 3; WHO, *Coronavirus* 1-2). Sa maraming dáko ng daigdig, nagsimula ang administrasyon ng bakuna noong Disyembre 2020 (Moghimi 898). Habang nilagdaan na ng pangulo ang Emergency Use Authorization para sa agarang pag-apruba ng Food and Drug Administration sa distribusyon ng bakuna, (Ranada w.p.) nagsimula lámang ang *rollout* nito noong Marso 2021, halos isang taon

magmula noong idineklara ang kauna-unahang ECQ (Cinco w.p.). Dagdag pa nina Guzman at Piedad, naantala na nga ang pagdating ng mga bakuna sa bansa, naging makupad pa ang programang pagbabakuna ng gobyerno dahil sa mga limitasyon sa pasilidad at mahinang *contact tracing at testing* (w.p.).

Tila kontra-agos sa maladigmaang lapit ng rehimen sa krisis, kinuha ng maraming komunidad at organisasyon ang oportunidad na mag-organisa ng sari-sarili nilang tugon sa pandemya tulad ng Community Pantry, volunteer groups, at relief operations. Dagdag pa rito ang Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, isang *vaccination center* na pinangunahan ng UP Diliman COVID-19 Task Force (Fig. 1). Nilayon ng proyektong nagsimula noong Abril 2021 na (1) mabakunahan ang mga kawani at manggagawa sa loob ng UP Diliman at (2) makatulong sa Lungsod Quezon sa pagbabakuna ng mga residente nito. Laking bigla ng mga organisador ng proyekto na nakapagpakilos ito ng maraming boluntaryo mula sa iba't ibang sektor, disiplina, at komunidad. Tagumpay ng Bakunahan ang pagturok ng 37,000 *dosages* bago ito magsara noong Disyembre 2021.



Figura 1. Karatula sa labas ng Bakunahan sa UP Diliman. Ipinapakita nito ang apat na hakbang sa daloy ng pagbabakuna sa loob.

Karapat-dapat pag-aralan ang mga proseso't bunga ng Bakunahan upang mapalitaw ang mga epektibong praktika sa pagpapakilos at pag-oorganisa sa gitna ng krisis sa kalusugan at politika. Pinukaw na ng ilang tugon mula sa mamamayan ang interes ng mga mananaliksik tulad nina Placido, Sonido, at Taguiwalo na pinag-aralan ang Citizen's Urgent Response to End COVID-19 (116); Jimenez-Tan na itinala ang pag-oorganisa't organikong pagtatanim ng mga magsasaka sa gitna ng pandemya (86); at Bawagan, Hernandez, at Vallejos na sinuri naman ang gawaing alyansa ng iba't ibang sektor ng UP Diliman (30). Sinusundan ng kasalukuyang papel ang naturan sa layuning isadokumento ang tugon ng mamamayan sa kakulangan ng serbisyong pampubliko sa gitna ng pandemyang COVID-19.

Ibinabalangkas ng aming pag-aaral ang Bakunahan bilang paraan at daluyan ng pag-oorganisang pampamayanan (*community organizing*). Sa partikular, isinusulong namin na ipinapamalas ng proyekto ang tipo ng pag-organisang tinatawag ni Angelito Manalili bilang “mula sa tao, para sa tao.” Bukod pa sa paghalaw mula sa mga opisyal na dokumento ng proyekto, magmumula rin ang aming mga repleksiyon sa sariling karanasan bilang mga kalahok sa Bakunahan. Binibigyang-pokus namin ang mga istratohiyang ginamit ng mga organisador upang (1) makapanghikayat ng mga boluntaryo; (2) maipaghugpong ang iba't ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng proyekto; (3) magsagawa ng sistema ng pagtatasa; at (4) makipag-alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon.

PAG-OORGANISANG PAMPAMAYANAN SA GITNA NG KRISIS

Sa pagpapalim ng ating pag-unawa sa Bakunahan, magiging produktibo ang dalumat ng pag-oorganisang pampamayanan na isinasagawa sa iba't ibang panahon, sidhi, lawak, at anyo. Ipinapalagay ng iskolar sa pagpapaunlad ng pamayanan na si Manalili na hindi ito nangangahulugan na walang alinmang porma ng organisasyon sa isang komunidad. Bagkus, “may mga pamayanang may mga samahán na. Ang kailangan na lámang ay ibayong palakasin pa ang mga ito” (65). Ang tungkulin ng isang organisador ay tumulong sa pagpapatibay ng estruktura, pamamahala, at kapasidad ng mga samaháng matagal nang nag-oorganisa ng kani-kanilang sarili (66). Kinikilala ng ganitong pagbabalangkas na ang “organisasyon” ay nagmumula sa mga tao at nagsisilbi pabalik sa mga tao sapagkat sila mismo ang bumubuo, nagpapaunlad, at nagsusustena ng kanilang samahán (67-8).

Sa maraming kaso, sumasanga ang samut-saring organisasyon at alyansa sa pagitan ng mga ito mula sa pagtutulongan ng mga miyembro ng komunidad upang tuparin ang mga pangangailangan at karapatan ng mga bulnerableng sektor (Jimenez-Tan 90). Maikokonsidera ang gayong kolaborasyon sa pagitan ng mga boluntaryo, organisasyon, at komunidad bilang anyo ng “*coproduction*.” Dinadalumat ni Elinor Ostrom ang *coproduction* bilang tuwirang pakikilahok ng mga “*lay actor*” o mamamayan sa pamamahala at paghubog ng pamayanan para sa kaniláng pakinabang (1073). Kalahok sa kolaborasyong *coproduction* ang mga mamamayan at samaháng kaniláng nabuo na mas malay sa tunay niláng kalagayan (Miao, Schwarz at Schwarz 1). Binibigyang-tuon ng naturan ang pangangailangang magsáma-sáma sa paglutas ng krisis buhat ng mga pagkukulang sa pampublikong serbisyo at di-pagkakaangkop ng mga polisiya sa materyal na kondisyon ng mga komunidad.

Bago pa man ang pandemyang COVID-19, masigasig na ang pagtutulongan at pag-oorganisa ng maraming komunidad (Hu 1375-7; Jimenez-Tan 90). Ngunit naiiba ang kasalukuyang krisis sa iba pa dahil sa tagal at saklaw ng epekto nito sa búhay ng mga tao. Ang pangunahing hakbang tungo sa pagsugpo ng pagkalat ng sakit ay paghihiwalay at pagdidistansya ng mga tao (Placido, Sonido,

at Bawagan 118). Bagaman kinakailangan, hindi maikakaila ang pagkakawangis ng mga naturan sa bigwas ng awtoritaryanismo na unti-unting bumabángong muli sa iba't ibang dako ng daigdig bago pa man ang pandemya (Hu 1375; Kenny 701). Sa kabila ng limitasyon sa pagkilos sa parehong pisikal at politikal na antas, nagsumikap pa rin ang maraming progresibong organisasyon at komunidad mula sa mga batayang sektor sa *coproduction* sa gitna ng pandemya. Sa katunayan, masasabi pa ngang pinasidhi ng pisikal na pagkakahiwalay ang kamalayang kailangan nating magsáma-sáma at magtulongan (Placido, Sonido, at Taguiwalo 2021, 118). Sa maraming bansa, pinunan ng pagboboluntaryo ang malalaking patlang sa tugon ng kani-kanilang gobyerno (Hu 1376; Miao, Schwarz, at Schwarz 1-2). Sa Pilipinas naman, nanguna ang ilan sa pamamahagi ng batayang pangangailangan tulad ng pagkain at gamot, pagprodyus ng *personal protective equipment* (PPEs), at pagsilong sa mga nawalan ng tirahan (Jimenez-Tan 89). Anila Bawagan, Hernandez, at Vallejos, tunay na “hindi maisasantabi ang kontribusyon ng mga organisadong pamayanan sa kanilang pagbangon, na sinasabayan ng patuloy na pagpapataas ng antas [ng] kamalayan at kasanayan” (38).

Sa aming pagbabalangkas sa Bakunahan bílang anyo ng *coproduction* sa gitna ng pandemya, makatutulong ang iláng pamantayang isinusulong ni Manalili upang mapalitaw ang mga katangian ng proyekto bilang pag-oorganisang pampamayanan. Una, kinakailangan ng inoorganisang komunidad ng grupong kakatawan sa pag-oorganisa o isang grupong ubod (*core team*) (84). Isa sa mga tungkulin nilá ang paglikha ng mga estratehiya sa pagpaparami ng kasapi at pagtitiyak ng kaniláng komitment sa pag-oorganisa (87). Ikalawa, kinakailangang patatagin ang samahan sa pamamagitan ng patuloy na pagkatuto, pagtatasa, at pagpapaunlad ng kanilang gawain (90). Mangyayari lámang ito kung inaangkin ng samahán ang mismong organisasyon (88). Ikatlo, binibigyang-halaga ang pakikipagkapit-bisig sa iba pang mga organisasyon (94). Daluyan ito ng pagpapalitan-kuro hinggil sa mga istratehiya ng pagpapaunlad at pagtutulongan para sa kaunlaran ng mas nakararami.

Ginagabayan ng tatlong pamantayan (mula sa mangilan-ngilang inilalarawan ni Manalili) ang pagturing namin sa Bakunahan bílang

pag-oorganisang pampamayanan. Alinsunod sa balangkas ng “*people-oriented research*,” humahalaw kami sa mga dokumento, talâ, at maging repleksiyon ng mga naging kasapi ng proyekto. Kinikilala ng naturang oryentasyon ang kaalamang namumutawi sa praktika at tinig ng mga kalahok ng pag-oorganisa (Tungpalan at Bawagan 85). Binahagi ng mga boluntaryo ang kanilang repleksiyon sa pamamagitan ng pormularyong onlayn na pinasagot noong Disyembre 2021 sa pagsasara ng Bakunahan. Upang tiyakin ang seguridad ng mga nagbahagi ng repleksiyon, tatawagin sila batay sa kategoryang kinabilangan nila sa Bakunahan (Community Volunteer, IT [Information Technology] Volunteer, o Medical Volunteer). Hindi na winasto ang wika ng mga sumulat ng repleksiyon nang mapanatili ang kanilang tinig sa pagsipi.

Pinagtatambal din namin ang pananaw ng grupong ubod at mga boluntaryo ng Bakunahan sa aming sariling pagtingin sapagkat kami mismo’y naging bahagi nito. Nakikita namin ang “pagnanaroon” (“*being there*”) bflang oportunidad para sa tinawag na “*praxical reasoning*” kung saan nabibigyang-kahulugan ang sinasaliksik mula sa perspektiba ng pakikisangkot, pagdawit, at praktika (Shank 33). Maituturing ito bflang metodo ng aksiyon-repleksiyon-aksiyon na kumakatawan sa diwa ng pagsasama-samang nasa ubod ng kaunlarang pampamayanan (Tungpalan at Bawagan 85–6).

MILITARISTIKO AT MAKUPAD NA TUGON SA PANDEMYANG COVID-19

Sentro ng mga polisiya ng pambansang pamahalaan sa pagsugpo sa pandemyang ang persepsiyong isang hindi nakikitang “kaaway” ang COVID-19 at nararapat na maglunsad ng giyera laban dito. (Hapal 235). Pinoposisyon ng ganitong naratibo ang paglehitimisang paggamit ng kapangyarihang mapanupil (227) na makikita sa mga pahayag at mismong ginamit na pamamaraan ng administrasyong Duterte laban sa COVID-19. Makikita na ito sa unang bahagi pa lámang ng pagtugon ng administrasyon sa pandemya. Ang pangunahing nagpapatupad ng kuwarantenas na isang medikal na hakbang para pigilan ang pagkalat ng sakit ay ang kapulisan ng bansa. Nagkalat sila sa mga mayoryang mga lagusan at daan gayundin sa mga siyudad at iba pang lugar sa bansa upang ipatupad ang *lockdown*.

Maraming mamamayan ang hindi nakasusunod sa lockdown dulot ng iba’t ibang dahilan. Ilan sa mga ito ay dahil masikip ang kanilang mga bahay, mainit sa loob ng kanilang mga tahanan at ang iba naman ay kailangan na dumiskarte ng pagkain sa labas. Ayon mismo sa datos ng Philippine National Police, mayroong 188, 348 ang nahúli mula Marso hanggang Mayo 2020 dahil lamang sa paglabag sa kuwarantenas o tinatawag na mga “*lockdown violators*” o “pasaway” ayon sa pamahalaan (Buan).

Nagpasinaya naman ng higit na paggamit ng dahas ang pahayag ni Pangulong Duterte noong Abril 1, 2020 na “shoot them dead,” sa kaniyang impromptu *national address* (Tomacruz). Ang pahayag niyang ito ay naganap matapos hulihin ng mga pulis ang ilang mga residente ng Sitio San Roque sa Quezon City, isang lugar ng maralitang tagalungsod, na nagprotesta para ipanawagan ang ayuda matapos ang ilang linggong ng lockdown at gutom. Samantala, isa naman sa tampok na kaso matapos ng pahayag na ito ni Pangulong Duterte ay ang kaso ng pagkamatay ni Winston Ragos. Si Ragos ay napagkamalan ng isang pulis sa lockdown checkpoint na tila may huhuguting baril sa kanyang bag. Dalawang beses na pinaputukan ng pulis si Ragos na ikinamatay niya noong araw ring iyon. Si Winston Ragos ay isang dáting sundalo at mayroong sakit sa pag-iisip, hindi siya nakaiinom ng kaniyang medikasyon dahil hindi nakabibili ng gamot dahil sa lockdown (Talabong).

Marami pang mga karahasan at paglabag sa karapatang pantao ang ginawa ng administrasyon kung kayâ ayon mismo sa paglalarawan ng UN High Commissioner for Human Rights na si Michelle Bachelet ay napakamilitaristiko ng tugon sa pandemya sa Pilipinas (UN News). Pinanatili niyang militaristiko ang tugon kahit napatunayan namang hindi ito epektibo dahil patuloy pa rin ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa (IBON).

Kung susuriin, hindi na bago ang ganitong pamamaraan ng ating gobyerno. Mahigpit na nakaugnay ang militaristikong tugon ng pamahalaan sa pandemya sa tugon nito sa iba pa nitong mga proyektong pangkaunlaran tulad ng “giyera” kontra droga; kontra terorismo na kinatampukan ng kontrobersyal na Anti-Terror Law; kontra korupsiyon; kontra-oligarkiya na nagtulak na ipasara ang pinakamalawak na media network sa bansa (Hapal 16). Nangangahulugan ito na tatak na ng

administrasyong Duterte ang militaristikong tugon sa lahat ng suliranin ng bayan.

Isa lámang ang lockdown ng administrasyon Duterte sa mga pamamaraan ng pambansang pamahalaan na hindi dumaan sa tamang konsultasyon mula sa mga eksperto't mamamayan. Tulad ng gawi sa pagtugon sa pandemya sa iba pang dako ng daigdig, nagmumula sa "itaas" ang mga desisyon sa makro-estrategiya at polisiya at ipinapataw ang mga ito nang may katiting na partisipasyon ng mga komunidad na tuwirang humaharap sa epekto ng krisis, tulad ng kawalan ng kabuhayan at kakapusan ng serbisyong pangkalusugan (Kenny 699; Miao, Schwarz at Schwarz 4). Inilarawan naman ng mga eksperto sa medikal, organisador ng komunidad, at akademya ang pamamaraan ng pagtugon ng gobyerno bílang "hindi sistematiko", "patse-patse", "puro coercion" at "sowing of fear" (Maru). Kapansin-pansin din na walang mga grupo ng siyentista, eksperto sa medikal, mga organisador sa komunidad, at mga social scientist sa binuong grupo para manguna sa pagsugpo sa pandemya. Bunga ng ganitong ilohikal at hindi siyentipikong pagtugon (IBON) ng gobyerno, maraming mga pagsisikap ang ginawa ng mga mamamayan tulad ng Community Pantry at iba pang relief efforts upang punan ang puwang sa COVID-19 response ng gobyerno ngunit sa kasamaang palad ay sinusupil din ito ng gobyerno (Hu 1835).

Ani Lasco, tinatabingan ng naturang pang-aabuso ng kapangyarihan ang iba pang mahahalagang tugon sa pandemya tulad ng *contact tracing*, *mass testing*, at maging pagbabakuna (9). Kaya naman matapos ang isang taóng pagbabakuna, nitong Marso 2022 lámang naabot ng Pilipinas ang target nitong 70% populasyon na bakunado para sa COVID-19. Nasa 74% pa lámang ang bakunado mula sa katagoryang A2 o mga Senior Citizens at nasa 10% pa lámang ng populasyon ang mayroong booster shots sa bansa (DOH). Napakabagal nito kung ikokompara sa mga bansa sa Kanluran na pang-ilang booster shots na ang nakuha ng kanilang mamamayan at ng mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asia na umabot na sa 80-90% ang bakunado sa kanilang populasyon (Chua). Lumitaw rin ang mga matatawag nating micropolicies na kaugnay ng bakuna. Kasáma na rito ang "no vax, no ride" policy na naging pahirap sa mga manggagawang umaasa sa pampublikong

transportasyon. Sa halip na magbigay ng mga pag-aaral hinggil sa kahalagahan ng bakuna sa komunidad ay pinipili talaga ng gobyerno ang paggamit ng pananakot, pamimilit at dahas.

Ika nga ni Kenny, isang boluntaryo, mayroon táyong oportunidad na maningil ng isang kolaboratibo, demokratiko, at makatuwirang lipunan na tutunggali sa awtoritarianismo ng mga gobyerno sa daigdig. Kayâ naman hindi nagpalimita ang mamamayan sa kabila ng kapos, militaristiko, at hindi konsultatibong tugon ng pambansang pamahalaan. Maraming mga inisyatiba ang iba't ibang mga pribadong indibidwal at grupo para punan ang kakulangan ng pambansang pamahalaan. Ang ilan sa mga ito ay ang mga pagkilos para manawagan ng ayuda, mass testing, at "solusyong medikal sa halip na militar". Ang ibang tugon naman ay sa pamamagitan ng mga pag-oorganisa ng mga inisyatibang magkakatulong sa kagyat sa mamamayan tulad ng relief operations, Community Pantry, at ang Bakunahan sa Diliman. Nangangahulugan na ang tugon ng mamamayan sa pandemya at sa militaristang pamahalaan ay magsáma-sáma at magtulungan.

ANG BAKUNAHAN SA UP DILIMAN


Isa ang Bakunahan sa Diliman sa halimbawa ng matagumpay na tugon ng mamamayan katuwang ang suporta ng institusyon ng UP Diliman upang punan ang kakulangan ng tugon ng pambansang pamahalaan. Ipinamalas nito ang prinsipyo sa pampamayanang pag-oorganisang mula sa tao para sa tao mula sa pagtatayô hanggang sa pagpapagana nito.

Pinangunahan UP Diliman COVID-19 Task Force, ang grupong nagtitiyak ng mga polisiya at programa laban sa COVID-19 sa Diliman, ang pagbubuo ng Bakunan sa Diliman noong Abril 2021. Ito ay mayroong dalawang layunin:

- mabakunahan ang mga kawani at manggagawa sa loob ng UP Diliman at
- ikalawa ay makatulong sa Lungsod Quezon na mabakunahan ang mga residente sa mga barangay nito.

Nagsimula ang UP Diliman COVID-19 Task Force sa pagbubuo ng grupong ubod mula sa mga miyembro at indibidwal mula sa labas ng TF na siyang magdidisenyo ng pamamaraan at taktika sa pagpapagana ng Bakunahan.

Nagsimula ang serye ng pagpupulong mula Mayo hanggang Abril para ipirmi ang layunin ng Bakunahan, polisiya, mga health protocol sa loob at para isagawa ang koordinasyon sa lokal na pamahalaan ng Lungsod Quezon para sa suplay ng bakuna. Inihanda rin sa panahon na ito ang mga komite at susing tao para sa pagpapatupad ng mga gawain. Inihanda rin ang pisikal na lugar at lohistikal na pangangailangan para sa pagbubukás ng Bakunahan. Habang isinasagawa ang mga ito, sinimulan nang magpalista ng mga boluntaryo sa online (Pig 2).



CALL FOR VOLUNTEERS
BAKUNAHAN SA DILIMAN
 THE QUEZON CITY-UP DILIMAN COVID-19 VACCINATION SITE

The Quezon City government has enlisted the University of the Philippines Diliman Campus in the effort to vaccinate citizens against COVID-19.

Before the end of April 2021, the **UP-CHK Gym Vaccination Site** will open to serve the UP Diliman community and implement the national government's priority scheme. The QC-UP Diliman vaccination initiative needs to mobilize from 300 to as many as 500 volunteers in the next three months.

WE NEED:

A. MEDICAL AND HEALTH STAFF (URGENT!)

- Doctors
- Nurses
- Midwives
- Dentists
- Physical Therapists
- Pharmacists
- Veterinarians
- Emergency Medical Technicians
- Barangay Health Workers

B. UP COMMUNITY VOLUNTEERS

- Health educators
- IT personnel/encoders
- Help Desk staff
- Logistics staff
- Marshalls

✓ All volunteers will be vaccinated before rendering service.
 ✓ The vaccination site will observe strict COVID-19 health and safety protocols to ensure every volunteer's welfare and protection. Masks and face shields to be supplied.
 ✓ Organizations may also volunteer.

MINIMUM COMMITMENT

- For UP community volunteers, at least seven (7) days of service (consecutive or staggered)
- At least three (3) days of service for medical staff

For questions, please email covid19.taskforce@upd.edu.ph

Sign up: bit.ly/ivolunteer4up

UP Diliman
 COVID-19
 TASK FORCE

FIGURA 2: Poster para manghikayat ng mga boluntaryo sa Bakunahan

Matapos maipirmi ang mga polisiya at proseso sa Bakunahan, ipinatawag na ang kauna-unahang oryentasyon ng mga boluntaryo via zoom. Nilamán ng oryentasyon

ang mga layunin, proseso, protocols, at paglilinaw sa mga variant ng COVID-19 gayundin ang pagkakaiba ng mga bakuna laban sa COVID-19. Nakitang mahalaga ang mga diskusyon na ito upang maging armado ang mga boluntaryo ng batayang kaalaman lalo pa sa kontekstong maraming mga empleado at komunidad ang nag-aalangang magpabakuna. Sa mga oryentasyon din inuulit lagi na mahalaga ang kritikal na pananaw ng mga boluntaryo tungkol sa Bakunahan dahil dito umuunlad ang proseso ng Bakunahan (Natividad, 01:21:58).

Abril 26 nagbukás ang Bakunahan sa Diliman at ang unang binakunahan nito ay ang mga itinuturing nitong mga frontliner, ang higit 50 na boluntaryo nito. Nagkaroon ng briefing sa mga boluntaryo sa umpisa. Hinati ang mga boluntaryo sa kaniláng kategorya at nagkaroon muli ng maikling oryentasyon sa kanilá. Hinati sa dalawa ang grupo ng boluntaryo, ang unang grupo ang tumao sa Bakunahan samantalang ang ikalawang grupo naman ang babakunahan o vaccinee. Pagkatapos nito, nagkaroon agad ng feedbacking upang maibahagi ang karanasan sa pagbabakuna at pagpapabakuna. Ibinahagi ng mga boluntaryo ang kalakasan, at nagbigay ng suhestiyon para punan ang mga kahinaan sa proseso. Matapos nito ay nagpalit ang dalawang grupo, ang ikalawang grupo para tumao sa estasyon at ang unang grupo bílang babakunahan. Ang proseso na ito ay inulit hanggang sa susunod na mga batch ng boluntaryo sa Bakunahan. Naranasan muna niláng maging vaccinee bago maging boluntaryo.

Samantala, umabot sa mahigit isang libo ang nag-sign-up na boluntaryo para sa Bakunahan sa Diliman na binubuo ng mga empleado ng UP, estudyante, alumni, manininda at komunidad ng UP at hindi affiliated sa unibersidad na natin lámang tumulong sa Bakunahan (UPD COVID-19 Task Force 6). Tinataya na mayroong humigit-kumulang 500 boluntaryo ang aktibo sa Bakunahan sa Diliman na naghahalinhinan sa pagpapagana at paggampan ng gawain rito.

Nagsimula sa 100 hanggang 250 vaccinees ang kapasidad ng Bakunahan sa Diliman kada araw noong Abril. Tumaas ito ng 650 vaccinees kada araw noong buwan ng Hunyo. Pagpasok ng Hulyo, naitaas pa ito muli hanggang 1000 hanggang 1200 na vaccinees kada araw para mabigyang puwang ang isang bakuna na mayroong 1200 doses na kinakailangang maubos sa isang buong araw. Naisagawa

ang pagtaas na ito sa pamamagitan ng pag-streamline ng mga hakbang sa Bakunahan, pagdadagdag ng mga boluntaryo, pagpaparami ng vaccinees kada time slot at pagpapaikli ng transaksyon sa bawat estasyon sa Bakunahan (6). Sa panahon ding ito binago ang pisikal na disenyo ng Bakunahan para umayon sa pinaikling hakbang sa pagbabakuna. Ang pinakamataas na talâ na nabakunahan sa loob ng isang araw ay 1600 na vaccinees.

Nobyembre nagsimulang magbakuna para sa booster ang Bakunahan sa Diliman kasabay ng pagbabakuna sa 1st at 2nd dose sa mga hindi pa nababakunahan. At noong Disyembre 15 ay opisyal na nagsara ang Bakunahan sa Diliman dahil naabot na nito ang layunin nito na magbakuna ng kaniyang mga nasasakupan at makatulong sa lokal na pamahalaan ng QC na maabot ang herd immunity. Naabot na ng lungsod ang 70% ng populasyon nito.

Mula Abril hanggang Disyembre, nasa 37,072 ang nabakunahan sa Bakunahan sa Diliman. Nilampasan pa ng bakunahan ang tinakda nitong layunin dahil sa pagbabakuna ng mga bulnerableng sektor tulad ng homeless at biktima ng gender-based violence.

BAKUNANG MULA SA TAO, PARA SA TAO

Nang mailarawan ang Bakunahan bílang paraan at daluyan ng pag-oorganisang pampamayanan, sinasalanguhitan namin ang apat na tabas ng proyekto: ang (1) panghihikayat ng mga boluntaryo at ang estruktura ng kaniláng pagkilos; (2) paghuhugpungan ng iba’t ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng Bakunahan; (2) pagtitiyak ng sistema ng pagtatasa upang mapaunlad ang proyekto at panghawakan ang pamumunò ng mga kalahok dito; at (4) gawaing alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon. Batay sa mga dimensiyong ito, isinusulong namin ang Bakunahan bílang halimbawa ng pag-oorganisang “mula sa tao, para sa tao.” Sa kasong ito, hindi inoorganisa ang mga tao. Bagkus, tinutulungan silang mag-organisa (Manalili 65). Sa katunayan, nagsisimula ang pagtulong sa mga mamamayan na makapag-organisa sa *mismong bakuna*. Dahil sa pagbabakuna ng mga boluntaryo at *grupong ubod* ng proyekto, nabibigyan ang mga miyembro ng komunidad ng oportunidad na lumabas ng bahay at makipagtulungan sa iba pa.

Estruktura ng Bakunahan

Isa sa mahalagang salik sa tagumpay ng Bakunahan ang estrukturang nabuo sa loob nito. Ayon nga kay Manalili, ang estruktura sa organisasyon ang nagtitiyak na maging mahusay ang bahaginan ng gawain sa isang samahán. Nararapat na maging angkop ito sa masinop na pagsasakatuparan ng programa ng isang pagkilos (66, 92).

Mayroong core team o grupong ubod ang Bakunahan sa Diliman. Ang grupo na ito ay nagtitiyak ng iba’t ibang linya ng gawain sa Bakunahan. Kasapi nito ang mga susing tao na para sa usaping medikal; namamahala ng bakunahan at tagapag-ugnay sa lokal na unit ng pamahalaan; tagapag-ugnay sa mga boluntaryo; tagapamahala na datos at IT; namumunò sa lohistikal; at seguridad.

Gumamit ng iba’t ibang pamamaraan ang Bakunahan para makapanghikayat ng boluntaryo. Inisyal na nakipagtulungan ito sa mga grupong mayroong inisyatiba sa pagtulong sa pandemya tulad ng UP Diliman COVID-19 Response Volunteers at mga samahán tulad ng manininda. Nariyan din ang pamamaraang pagrerekomenda ng mga kakilala na puwedeng magboluntaryo sa Bakunahan. Ang isa pang pamamaraan na naging mabisa ay online sign up sheet na ipinaskil sa opisyal na FB Page ng Office of the Vice Chancellor for Community Affairs. Higit sanlibo ang nag-sign up sa Bakunahan sa Diliman kung kayâ kinailangan na i-phase ang pagboboluntaryo nila. Iniisa rin ng grupong ubod ang listahan ng boluntaryo nang sa ganoon ay mabalanse ang bílang ng bawat kategorya ng boluntaryo ganoon din ang sektor na pinanggalingan para magkaroon ng balanse sa loob ng Bakunahan.

Naghanda ang grupong ubod ng pangkalahatan at partikular na oryentasyon para sa mga boluntaryo noong Mayo 2021. Ang partikular na mga oryentasyon ng bawat estasyon ay nagbabago dahil sa nagbabágong kalagayan. Isang halimbawa ng pagbabago rito ay ang pagkawala ng espesyal na espasyo ng mga Health Educator. Noong unang bahagi ng Bakunahan, malaki ang pangangailangan dito lalo na’t maraming mga kawani at miyembro ng komunidad ang nagdadalawang-isip na pagpabakuna. Nakita ng Bakunahan ang pangangailangan para maglinaw kaugnay ng sakit na COVID-19 at ang bisa ng mga bakuna na mayroon sa bansa at sa Bakunahan. Pampataas ito ng kumpiyansa ng mga magpapabakuna at mga táong makasasalmuha

nila na ayaw pang magpabakuna. Noong kailangang i-streamline ang mga hakbang sa Bakunahan para ma-accommodate ang isang uri ng bakuna, kinailangan na ipaloob ang oryentasyon kaugnay ng COVID-19 at bakuna sa estasyon ng registration.

Ang lahat ng bagay sa Bakunahan ay mahalaga para makagana ito at makapagserbisyo nang maayos ngunit kinikilala ng kapuwa ng Unibersidad at ng grupong ubod nito na hindi tatakbo ang bakunahan kung wala ang mga boluntaryo (Bawagan, 2:22). Binubuo ang mga boluntaryo ng tatlong kategorya: ang Community Volunteer, IT Volunteer, at Medical Volunteer.

Sa Community Volunteer nanggagaling ang mga marsyal at mga edukador na nagbibigay ng oryentasyon at paglilinaw hinggil sa COVID-19, sa bakuna, at bisa ng bakuna base sa mga pag-aaral. Kinailangan ang bahagi na ito ng Bakunahan lalo na napansin ng Bakunahan sa Diliman na mayroong pag-aalangan ang mga empleado ng unibersidad at komunidad sa pagbabakuna. Ang IT Volunteer naman ang nangangalaga sa datos ng bakunahan. Sila rin ang nagpapaunlad ng sistemang IT; nagto-trouble shoot nito at nagtataya kung gaano kabilis dapat sa bawat estasyon sa bakunahan ang isang vaccinee. Ang ikatlo, ang Medical Volunteer naman ang nagtitiyak ng mga aspektong medikal. Binubuo ito ng mga doktor, nars, pharmacist, physical therapist, at iba pang may kinalaman sa propesyong medikal. Sila ang kumukuha ng vitals, nag-screen sa vaccinees at nagbibigay ng payong medikal kung kinakailangan sa loob ng Bakunahan.

Ang mga boluntaryo ay may kani-kaniyang estasyong pinapakatan. Hanggang maaari ay tinitiyak na sa isang estasyon lámang sila magboluntaryo nang sa ganoon ay nasusubaybayan nilá ang praktika sa estasyon at nakatutulong sa pag-unlad ng proseso sa estasyon na ito. Kaya naman nagkaroon ng antas ng masteri sa mga gawain ang mga regular na boluntaryo sa bawat estasyon.

Bagaman tinitiyak maigi ng Bakunahan ang mga health protocols para maprojektahan ang mga boluntaryo at vaccinees, hinihikayat pa ring pitóng araw lamang maaaring magboluntaryo sa Bakunahan nang sa ganoon ay mabawasan limitado eskposyur sa maraming tao. Ngunit marami sa mga boluntaryo ang lumampas sa pitong araw at naging regular na ngang boluntaryo sa Bakunahan. Ang mga regular na ito ang katuwang ng pagsasanay

sa tuwing mayroong bágong boluntaryo sa Bakunahan. Mas epektibo ito dahil ang mga regular na boluntaryo sa mga estasyon ay may mga proseso at pamamaraan nang naestablisa para patakbuhan nang mahusay ang kanilang mga estasyon na maibabahagi nilá sa mga bágong boluntaryo. Makikita rito ang “ang proseso ng pag-oorganisa ng pamayanan ay proseso ng pag-angkin ng mga tao sa samaháng kaniláng itinatatag” at “napakahalagang madama ng bawat nahihikayat na may tungkulin siyang makilahok sa proseso ng tuloy-tuloy na panghihikayat ng iba pang makakasapi sa samahán.” (Manalili 2013, 87)

Higit walumpu (80) ang bílang ng mga táong nagpapatakbo ng Bakunahan tuwing operasyon nito. Bukod sa tatlo hanggang limang (3-5) mula sa grupong ubod na nagto-trouble shoot sa mga sumusulpot na usapin sa paggana ng Bakunahan, pamalagiang mayroong labing-tatlong (13) SSB kasáma ang dalawang (2) pulis para sa seguridad/trapik sa labas ng Bakunahan. Samantalang lima hanggang anim (5-6) na katao naman ang kailangan para tugunan ang lohistikal na pangangailangan ng Bakunahan. Sa bawat estasyon, 4-6 ang kailangan sa Helpdesk. Nangangailangan naman ng sampung (10) IT boluntir at dalawang (2) marsyal para sa IT/Registration. Lima hanggang pitóng medical personnel at isang (1) marsyal ang kailangan para sa Screening. Anim hanggang pitóng vaccinators at apat na marsyal para sa estasyon ng vaccination. Pitó hanggang sampung (7-10) medical personnel, dalawang (2) IT/Discharge at limang (5) marsyal para sa Monitoring. Bukod sa mga ito, mayroong anim (6) na cleaners sa Bakunahan para magtiyak ng kalinisan at mag-disinfect sa Bakunahan. Kayâ naman ginigiit ng mga mananaliksik na ang Bakunahan sa Diliman ay pinatatakbo ng purong mga boluntaryo. Masasalamín ang pagtanggap na ito sa gawain sa tinuran ng isang boluntaryo, “*Sa aking pag volunteer, naramdaman kong may naitutulong ako, kahit kaunti, sa paglutas ng pandemic. Kahit may pangamba’t takot, inisip ko, kung di ako tutulong, sino pa? Kaya’t natutuwa akong nabigyan ako ng pagkakataong makapaglingkod. Kahit nakakapagod, di ko ito nararamdaman dahil masaya ako sa ginagawa ko.*”

Disenyo ng Bakunahan

Paliwanag ng isang IT Volunteer, “isang hindi malilimutan at kakaibang karanasan

ito ng bolunterismo kompara sa ordinaryong ‘normal setting’ na makatulong sa kapuwa, maging instrumentong mapatupad ang programa katuwang ang mga nagsáma sámang indibidwal.” Siyang tunay, tasado ang mga pagsasanay na maaaring ibigay sa mga nag-oorganisa dahil sa limitadong mobilidad. Kung dati’y maraming pagkakataon upang matuto at magsanay ang mga tao sa iba’t ibang gawain, hinihingi ng krisis ang pagpapamalas ng kakayahang nananalaytay na sa bawat isa. Kung gayon, nakabatay ang disenyo ng Bakunahan sa estruktura ng mga mamamayang nagtataguyod nito. Sa ibang salita, ang pisikal na kaayusan (*layout*) ng venyu ay nakalapit sa natatanging kakayahan ng mga boluntaryo.

Mayroong apat na hakbang sa loob ng Bakunahan sa UP Dilima (Fig. 3). Ang unang hakbang ay ang Registration. Dito matatagpuan ang mga estasyong Helpdesk, kung saan tinutulungan ng mga boluntaryo ang babakunáhan sa pagsasaayos ng mga dokumento; at Orientation, kung saan bibigyang-linaw ang mga epekto’t benepisyo ng bakuna sa kalusugan. Sa bahaging ito rin pinapasinungalingan ang ilang disimpormasyon kaugnay ng bakuna. Screening ang ikalawang hakbang sa Bakunahan. Dito kinukuha ng mga boluntaryong manggagawang pangkalusugan ang *vital signs* ng babakunáhan upang matiyak kung handa ba ang kanilang katawan para sa bakuna. Vaccination naman ang ikatlong hakbang. Nakasalansan ang mga bakuna sa malalapit na pridyder para sa mas kagyat na akses. Pagkatapos nito, dumaraan sa hakbang na Monitrong ang mga pasyente upang maláman kung may saliwang epekto ba ang bakuna.




Figura 3. Ang unang pisikal na kaayusan ng Bakunahan sa UP Diliman CHK. Mula sa UP Diliman COVID-19 Task Force.

Masasabing ang kaayusang ito ay bunga ng hugpungan ng samut-saring kaalaman at kasanayan. Mismong ang apat na hakbang sa pagbabakuna ay dinesenyo ng mga inhenyerong industriyal batay sa mga pag-aaral hinggil sa mahusay, mabilis, at ligtas na daloy ng tao sa gitna ng krisis pangkalusugan. Nakatulong naman ang mga siyentista sa kompyuter at IT sa paglikha ng isang natatanging *computer program* kung saan itinalâ ng mga Community Volunteer ang *biometrics* at *vital signs* ng bawat pasyente (Fig. 4). Tahasan nitong pinabilis ang koleksiyon ng datos kung ikokompara sa manwal na pagtatalâng ginagawa sa ibang *vaccination center*.

Nagtambal naman ang kakayahan ng mga propesyonal sa medisina at manunulat sa pagpapakinis ng iskríp na ginagamit sa estasyong Orientation. Nilayon ng kolaborasyong ito na mapanatag at mabigyan ng tamang impormasyon ang bawat pasyente. Sa partikular, batay na rin sa payo ng mga

boluntaryo mula sa larangan ng Araling Pilipino at Malikhaing Pagsulat, Nagdesisyon ang kawanihan ng Bakunahan na gamitin ang wikang Filipino bilang primaryang midyum ng komunikasyon sa pagitan ng mga boluntaryo at pasyente. Pinili ito sa halip na wikang Ingles (kung saan nakasulat ang orihinal na mga pormularyo mula sa DOH) sa paniniwalang ito ang pinakaaksesibleng wika para sa lahat ng maaaring maging pasyente ng Bakunahan, mula tsuper ng dyip hanggang fakulti. Alinsunod ito sa pagpapalagay na ang wikang Filipino ay “instrumental sa pagkakaisa at sa demokratisasyon” (Flores 26).

Naging malaki rin ang papel ng mga artista sa Sining Biswal. Gamit ang kanilang kaalaman sa pinakamabisang disenyo ng impormasyon at komunikasyong biswal, tiniyak nilang madaling makita at maunawaan ang mga karatulang gumagabay sa daloy ng tao sa Bakunahan. Ang mga boluntaryong may kasanayan sa paggamit ng mga aplikasyon sa kompyuter ay tumulong sa pagsasaayos ng iba pang datos para sa proyekto. Mayroon ding mga boluntaryong tumayong tsuper ng mga van kung sakaling mayroong kailangang dalhin sa ospital, at marsyal na umiikot-ikot upang tumutulong sa mga pasyenteng dumadaan sa Bakunahan.



Figura 4. Ginagamit ng mga IT Volunteer ang programang pinaunlad nila para sa Bakunahan upang matiyak ang pagtatala ng impormasyon ng mga pasyente.

Tulad ng sabi ni Manalili, sistematiko ang pag-oorganisa at hindi ito tanging nakasalalay sa grupong ubod (86). Bagkus, tulad ng sa kaso ng Bakunahan sa UP Diliman, susi ang kakayahan ng bawat miyembro ng komunidad. Ika nga ng isang medical volunteer, nakasalamuha niya “ang iba’t ibang táong may iba’t ibang dinadaan, may iba’t ibang pangangailangan, at may iba’t ibang paraan para makatulong sa kapuwa ngayong pandemya.” Namumutawi sa kaniyang repleksyon ang tinatawag nina Placido, Sonido, at Taguiwalo na “*multifold practice*” na tumatawid sa teknikal, intelektuwal, at maging akademikong gawain (119).

Sistema ng pagtatasa at paglalagom

Binibigyang-diin ni Manalili ang pagkakaroon ng sistema ng pagtatasa upang mapaunlad pa lalo ang mga hakbang na tinatahak ng mga nag-oorganisa (92). Sa kaso ng Bakunahan, mayroong dalawang pagkakataon—isa bago mag-umpisa ang pagbabakuna at isa pa pagkatapos—upang matiyak ang partisipasyon ng bawat boluntaryo sa pagpapaunlad ng operasyon ng proyekto. Sa mga sesyong ito, “nakakapagbigay ang volunteers ng mga mungkahi para mas mapabuti ang ating serbisyo” (UP COVID-19 Task Force 7).

Tuwing umaga, nagkakaroon ng *briefing session* ang mga boluntaryo na pinangangasiwaan ng grupong ubod (Fig. 5). Dito inaalam kung sino-sino ang magiging pasyente ng Bakunahan sa araw na iyon. Tinutukoy din ang mga patlang sa bawat estasyon at kung paano ito pupunan. Paminsan pa nga’y may mga boluntaryong sumasaklolo tuwing may kulang na kawani sa Bakunahan. Pagkilala ito na boluntaryo ang paglahok sa proyekto at hindi maiiwasan ang pag-*absent* ng ilang kalahok dahil sa pagod, trabaho, o iba pang komitment.



Figura 5. Pinangangasiwaan ni Dr. Dulce Natividad ang *briefing session* para sa kawanihan ng Bakunahan.

Tuwing hapon naman, nagkakaroon ng isang *debriefing session*. Dito isinasagawa ang pagtatasa ng mga nagawa sa buong araw ng operasyon. Pinagpupugayan ang pinakamahuhusay na praktika at tinutukoy ang mga kahinaanang maaari pang paunlarin sa mga sumusunod na araw. Nagpapalitang-kuro din ang mga nag-oorganisa upang makapagpanday ng mga bagong praktika para sa mas mahusay pang pagmomobilisa ng tao. Sa pamamagitan din ng mga *debriefing session*, napaunlad ang disenyo ng Bakunahan sa pamamagitan ng samut-saring maliliit na pagwawasto sa daloy at mga proseso ng kabuoang operasyon. Halimbawa, inilipat ang *entrance* ng Bakunahan mula sa kaliwang lagusan ng UP CHK Gymnasium patungong kanan upang masilungan ang mga pumipilang pasiyente tuwing umaga’t tanghali. Nakatutulong sa kabuoang pag-unlad ng proyekto ang tinig ng mga nagsasagawa ng praktika.

Namutawi sa repleksiyon ng isang Community Volunteer ang kanilang pag-angkin sa mga proseso ng Bakunahan: “Salamat din [...] sa laging pagko-konsulta at sa bukas na pagtanggap sa mga suhestyon at bagong ideya para mas lalo pang paunlarin ang pagpapatakbo ng bakunahan. Nakatataba ng puso na makita ang komunidad na sama-sama at nagtutulungan sa pagharap sa pandemya.” Binibigyang-halaga sa Bakunahan ang tinig ng bawat isang kalahok nito mula sa iba’t ibang sektor at kasanayan sa paniniwalang hindi maipapataw ng iisang eksperto ang pinakamahusay na pamantayan ng mga operasyon. Kinikilala ito mismo ng grupong ubod ng proyekto na nagsasabing maraming inobasyon sa kaayusan ng Bakunahan ang nagmula sa mga boluntaryo (UP COVID-19 Task Force 7).

Para kina Tungpalan at Bawagan, ang naturang pagkakataong makapagmungkahi't makapagdesisyon ay paraan din ng panghihikayat sa mga kalahok na maging aktibo (79). Bukod pa rito, nagsisimula sa ganitong gawi ang pag-angkin ng mga boluntaryo sa proyektong inoorganisa nilá. Lumilitaw rito ang pagpapalawak ng “kahulugan ng pamamahala bilang proseso at istrategiya ng pagpapaunlad ng pamayanan” (Awitan 8-9). Pahaláng ang pamumunò sa Bakunahan sapagkat nagmumula sa mga boluntaryo ang mga desisyon hinggil sa kaniláng pagkilos. Tungkulin naman ng grupong ubod ang pagtiyak sa implementasyon ng mga modipikasyong ito.

Gawaing Alyansa

Kritikal ang proseso ng aktibong pakikilahok ng mga lokal na samahán sa pagpapaunlad ng pamayanan (Awitan 17). Kayâ naman hindi lámang hugpungan ng samut-saring kaalaman at kasanayan ang naisagawa sa loob ng Bakunahan kundi nagkaroon din ng hugpungan ng iba't ibang perspektiba ng mga organisasyon at institusyon na naging bahagi nito. Nakatutulong ang hugpungang ito upang bumuo ng pangkalahatang pagtingin, pagbubuo ng desisyon sa gawain, mga pag-aaral upang higit na maunawaan ng mga tao ang sitwasyon at mga kinakailangang pang-indibidwal at pang-samaháng pagkilos (Bawagan, Hernandez, at Vallejos 51) na kinakailangan upang mas makapagsilbi sa malawak ang bakunahan. Ang mga ito ay makikita sa pagsisikap sa gawaing alyansa ng Bakunahan.

Naging katuwang ng Bakunahan ang UP Diliman COVID-19 Response Volunteers (UPD CRV) para sa pagpapakilos ng mga boluntaryo. Ang mga miyembro ng UPD CRV ay naging bahagi sa komite sa lohistikal at pagsasaayos ng pisikal na disenyo ng Bakunahan. Sila rin ang naging tulay upang maabot ang iba pang samahán sa UP Campus para magboluntaryo sa Bakunahan tulad ng Samahan ng Manininda sa UP Campus (SMUPC) at ang iláng miyembro ng Workers Alliance. Nakatulong ang mga samaháng ito hindi lámang para maging boluntaryo sa bakunahan kundi upang makapanghikayat rin na magpabakuna ang kaniláng mga kasamahán at kasektor laban sa COVID-19.

Mahalaga rin ang ugnayan at tulungán sa lokal na pamahalaan ng Quezon City na nagtiwala sa Bakunahan at nagbigay ng bakunang gagamitin. (Nemanzo 3:20).

Gayundin ang mga pribadong kompanyang nakipagtulungan sa Bakunahan para mabakunahan ang kaniláng mga empleado at bílang pasasalamat ay nagbigay ng bakuna sa bakunahan.

Samantala, naging tulay naman ang Bakunahan katuwang ang konsorsyum (Fig. 6) ng United Nations Population Fund (UNFPA), World Health Organization (WHO), Department of Health (DOH), Coalition Against Trafficking in Women – Asia Pacific (CATWAP), Kariton Coalition, ang Arnold Janssen Kalinga Foundation, Samaritana Transformation Ministries, at Commission on Human Rights upang mabakunahan ang mga walang tirahan o homeless at mga survivor ng gender-based violence na mga taga-Maynila. Iba-iba ang naging papel ng mga samaháng bahagi ng tulungáng ito. Ang mga bakuna ay nagmula sa donasyon sa CATWAP, Kariton, Kalinga at Samaritana. Sila rin ang gumawa ng paraan upang mabigyan ng ayuda ang mga benepisyaryo kasabay ng kanilang pagbabakuna. At ang Bakunahan at mga boluntaryo nito ang nagbakuna sa mga tao.

Maraming palitan ng kaalaman at praktika ang naganap bago, habang, at pagkatapos ng pagbabakuna sa benepisyaryo ng konsorsyum. Nagkaroon ng oryentasyon sa mga boluntaryo kaugnay ng sitwasyon ng mga benepisyaryo bago ang araw ng pagbabakuna. Natalakay ang batayang impormasyong kailangan ng mga boluntaryo, ang kaniláng mga tendensiya at pamamaraan paano ito mainam na pakitunguhan sa loob ng bakunahan. Pagkatapos ng pagbabakuna ay nagkaroon naman ng pagtatasa ang mga samahán upang matukoy ang magagandang praktika at ang mga praktikang kailangan pang paunlarin para sa pagbabalik ng mga benepisyaryo para sa kaniláng second dose.

Sa ganitong proseso, natututo at lumalawak ang pag-iisip ng mga boluntaryo kaugnay ng iba't ibang uri ng mga tao, ang kaniláng mga tendensiya na idinulot ng kaniláng mga praktikang sosyal at paano ito wastong pakikitunguhan. Ika nga ng isang boluntaryo, *“Naging isang malaking instrumento din po eto (Bakunahan) sa pagkakaroon ng bayanihan pagtutulungan mula sa ibat ibang sektor. Binigkis po nito ang buong kumunidad tungo sa pag unlad sama samang pagbangon mula sa Pandemyang eto.”* Maging ang grupong ubod at ang institusyon ng UP Diliman ay natuto rin nang malaki sa pagresponde sa pandemya na

hindi pa naranasan ng kahit na sino. Ayon kay Tsanselor Fidel Nemenzo, “*Ang gusto talaga namin ay isang multidisciplinary approach to Covid-19. And while responding to the situation, we were learning at the same time. Nakatulong kami pero marami kaming natutunan*” (2:14).



FIGURA 6: Retrato ng pagbabakuna sa mga benepisyaryo ng Konsorsyum kuha ni Jefferson Villacruz, UP DIO

PAGLALAGOM

Ipinapalagay ng deskriptibong pag-aaral na ito ang kapasidad ng komunidad na mag-organisa ng sarili bílang tugon sa krisis. Hindi tulad ng tugon ng pamahalaan kung saan nagmumula sa itaas ang mga desisyon, pinangungunahan ng tao ang pagpapatakbo ng Bakunahan sa UP Diliman. Pinahahalagahan ang mga kakayahan, kasanayan, inisyatiba, at mungkahi ng mga boluntaryo mula umpisa hanggang dulo, na siya ring nagiging tuntungan ng (1) pag-unlad ng proseso sa loob ng Bakunahan, at (2) kaniláng pag-angkin sa mga proseso at bunga ng proyekto. Salungat sa pamumulis at pagdidisiplina ng estado at pagbabalangkas sa marami bílang “pasaway,” (Hapal 1-2) pinalilitaw ng Bakunahan, bílang halimbawa ng marami pang inisiyatiba ng mamamayan sa gitna ng pandemya, ang pagnanais ng mga tao na paunlarin ang komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng lahat.

Idiniriin ng halimbawa ng Bakunahan ang halaga ng partisipasyon ng mga mamamayan sa mga programang pagpapaunlad. Iniigpawan nito ang pagyukod at pagiging pasibo ng tao sa harap ng mga polisiyang ipinapataw mula sa itaas (Tungpalan at Bawagan 79). Sabihin pa, hinahámon ng ganitong tipo ng pag-oorganisa sa gitna ng krisis ang sinasabi ni Della Porta na “*top down conception of charity or humanitarianism*” sa pamamagitan ng pagsasapraktika ng pagkakaisa sa kabila ng limitasyon sa mobilidad (356).

Bukod sa pagpapakita ng pagiging demokratiko nito sa pamamagitan ng paghihikayat ng partisipasyon ng lahat, bukás din ito sa lahat ng ideya at perspektiba na maaaring makatulong at mapagpaunlad ng proseso. Nakita ito sa pagbabago ng pamamaraan at pisikal na disenyo na bunga ng mga talakayan at pagtatasa ng Bakunahan. At huli, pinatunayan ng praktika ng Bakunahan ang pagiging people-led nito na makikita sa pangunguna ng mga boluntaryo sa pagpapatakbo nito. Ani nga ni Tsanselor Nemenzo, “It takes a community to vaccinate a community” (3:52). ♦

MGA SANGGUNIAN

Africa, Sonny. "The unbelievable indifference of the Duterte administration." Ibon Foundation, 16 July 2020. <https://www.ibon.org/the-unbelievable-indifference-of-the-duterte-administration/>

Awitan, Wilfredo. "Agribista: Pag-oorganisa at kolektibong pamamahala sa agrikultura ng Molinete Farmers Association ng Laurel, Batangas." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 10, blg. 1, 2018, mp. 5-19.

Bawagan, Aleli, Rose Angelie Hernandez, at Celeste F. Vallejos. "Sa Gitna ng Pandemya na COVID-19: Pagtugon ng mga Manininda, Tsuper, at Mamamayan ng Pook Malinis sa UP Diliman." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 30-58.

Chua, Yvonne. "IN NUMBERS: COVID-19 Vaccination in SouthEast Asia." Reporting Asean. <https://www.reportingasean.net/in-numbers-covid-19-vaccination-in-southeast-asia/>

Cinco, Maricar. "Vaccine delivery dry run goes well." *The Philippine Inquirer*, 10 Pebrero 2021, <https://newsinfo.inquirer.net/1394139/vaccine-delivery-dry-run-goes-well>.

Department of Health [DOH]. *National Covid-19 Vaccination Dashboard*. Department of Health, Marso 2022, <https://doh.gov.ph/covid19-vaccination-dashboard>

Della Porta, Donatella. "How progressive social movements can save democracy in pandemic times." *Interface: A Journal for and About Social Movements*, tomo 12, blg. 1, 2020. <https://www.interfacejournal.net/wp-content/uploads/2020/07/Interface-12-1-Della-Porta.pdf>.

Diliman Information Office. "Bakunahan Closing." Unpublished, 15 December 2021.

Guzman, Rosario at Maricar Piedad. "Mass vaccination PH: Throwing away our shots (Part One)." IBON Foundation, 15 Abril 2021. <https://www.ibon.org/mass-vaccination-ph-throwing-away-our-shots/>.

Hapal, Karl. "The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway." *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, 2021, mp. 1-21. <https://doi.org/10.1177/1868103421994261>.

Hu, Ming. "Making the State's Volunteers in Contemporary China." *Voluntas: International Journal of Voluntary and Nonprofit Organizations*, tomo 37, 2021, mp. 1375-88.

Kaur, Simran Preet at Vandana Gupta. "COVID-19 Vaccine: A comprehensive status report." *Virus Research* 288 (2020): 1-12. <https://doi.org/10.1016/j.virusres.2020.198114>.

Kenny, Sue. "COVID-19 and community development." *Community Development Journal*, tomo 55, blg. 4, 2020, mp. 699-703.

Flores, Melania Lagahit. "Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya ng Wikang Pambansa/Filipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, tomo 2, blg. 1, 2015, mp. 10-39.

Lasco, Gideon. "Medical populism and the COVID-19 pandemic." *Global Public Health* (2020): 1-13. <https://doi.org/10.1080/17441692.2020.1807581>.

Manalili, Angelito. "Ang Proseso ng Pag-oorganisa ng Pamayanan na Mula sa Tao Para sa Tao." *Daluyan*, tomo 19, blg. 1, 2013, mp. 64-97.

Maru, Davinci. "'F as in falfak': PH gov't gets failing marks in COVID-19 response from these experts." ABS-CBN News, 22 July 2020. <https://news.abs-cbn.com/news/07/22/20/f-as-in-falfak-ph-govt-gets-failing-marks-in-covid-19-response-from-these-experts>

Miao, Qing, Susan Schwarz, at Gary Schwarz. "Responding to COVID-19: Community volunteerism and coproduction in China." *World Development*, tomo 137, 2020, mp. 1-6. <https://doi.org/10.1016/j.worlddev.2020.105128>.

Moghimi, S. Moein. "Allergic Reactions and Anaphylaxis to LNP-Based COVID-19 Vaccines." *Molecular therapy: the journal of the American Society of Gene Therapy*, tomo 29, blg. 3, 2021, mp. 898-900. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7862013/>.

Ostrom, Elinor. "Crossing the great divide: Coproduction, synergy, and development." *World Development*, tomo 24, blg. 6, mp. 1073-87.

Pante, Michael. "Interdisciplinarity from Below." *Kritika Kultura*, tomo 33/34, blg. 1, 2019/2020, mp. 338-357.

Placido, Remvert Bryan, Louise Jashil Sonido, at Judy Taguiwalo. "Network Formation in the Time of the Pandemic: The Experience of the Citizen's Urgent Response to End COVID-19 (CURE COVID)." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 116-146.

Ranada, Pia. "Duterte allows emergency use authorization for COVID-19 vaccines." *Rappler*, 2 Disyembre 2020, <https://www.rappler.com/nation/duterte-allows-emergency-use-approval-for-covid-19-vaccines/>.

Regidor, Anna. "UP helps consortium vaccinate the homeless." *Diliman Information Office*, 26 October 2021. <https://upd.edu.ph/up-helps-consortium-vaccinate-the-homeless/>

Shank, Gary. "Praxical Reasoning and the Logic of Field Research." Sa *The SAGE Handbook of Fieldwork*, pinamatnugutan nina Dick Hobbs at Richard Wright, University of California Press, 2006, mp. 23-36.

Talabong, Rambo. "Who is Winston Ragos, the former military man killed by police?" *Rappler*, 23 April 2020. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/258845-things-to-know-winston-ragos-former-soldier-killed-by-police/>

Tomacruz, Sofia. "Doctors warn Duterte: PH 'nearing end of the line' in corona virus battle." *Rappler*, 2 August 2020. <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/doctors-warn-duterte-ph-nearing-end-of-the-line-coronavirus-battle/>

Tomacruz, Sofia. "'Shoot them dead': Duterte orders troops to kill quarantine violators." *Rappler*, 1 April 2020. <https://www.rappler.com/nation/256705-duterte-orders-troops-shoot-kill-coronavirus-quarantine-violators/>

Tungpalan, Ma. Theresa V. at Aleli B. Bawagan. "Community Development Research: Emerging Concepts, Methods and Practices." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 7, blg. 1, 2015, mp. 73-96.

UP Diliman COVID-19 Task Force. *Ulat sa Komunidad: Bakunahan sa Diliman*. Unibersidad ng Pilipinas Diliman COVID-19 Task Force, 2021.

World Health Organization [WHO]. *Coronavirus disease 2019 (COVID-19) Situation Report – 94*. World Health Organization, 2020, <https://apps.who.int/iris/handle/10665/331865>.



Si ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ ay Instruktor sa Departamento ng Aralin sa Sining sa Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL), Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ang tumayông Coordinator ng UP Diliman COVID-19 Response Volunteers na nagwagi ng Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad 2021. Siya ang naging Tagapag-ugnay ng mga boluntaryo sa Bakunahan sa UP Diliman. Miyembro ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy at All UP Academic Employees Union.

Si JOSE MONFRED C. SY ay katuwang na propesor ng Araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay tumanggap ng Master sa Arte (Araling Pilipino) at Batsilyer sa Arte (Comparative Literature), summa cum laude, mula sa parehong pamantasan. Kasalukuyan siyang Project Leader ng Program on Alternative Development ng UP Center for Integrative and Development Studies. Nailathala ang ilan sa kaniyang pag-aaral sa Ecologies in Southeast Asian Literatures: Histories, Myths and Societies (2019), Plants in Children's and Young Adult Literature (2021), Environment, Media, and Popular Culture in Southeast Asia (2022), at Authoritarian Disaster: The Duterte Regime and the Prospects for a Marcos Presidency (2023). Siya rin ay nagsusulat at nagsasalin ng mga aklat pambata. Kasapi siya ng Save Our Schools Network (SOS), Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND), at Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Ang Noumenal at ang Nominal sa Panulaan ni Allan Popa

The Noumenal and the Nominal in Allan Popa's Poems

EMMANUEL JAYSON V. BOLATA

evbolata@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Sinisikap ng sanaysay na ito na pag-isipan at pag-ugnayin ang “noumenal” at ang “nominal” gámit ang panulaan ni Allan Popa at ang interpretasyon ng kritikong si Romulo P. Baquiran, Jr. sa poetika ng makata. Ang diskursong inilatag ng makata at ng mga tula tungkol sa salita, panahon, at wala ay mababása bílang tangka na abangan at silipin ang “noumenal,” o ang mga bagay-sa-sarili-nito (*das Ding an sich*). Gayumpaman, sapagkat nagsasarili ang noumena lampas sa ating wika, karanasan, at kaalaman, maaari lámang natin itong lapitan sa pamamaraang penomenolohikal. Ang utos sa tulang *Sa Lukoy* ni Popa na “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaan sa panandaliang lugar” ay hindi nalalayo sa atas ng mga penomenologo na bumalik “sa mga bagay mismo” (*zu den Sachen selbst*), at sa tinutukoy ng kritikong si I.A. Richards na, “Mahalaga hindi ang *sinasabi* ng tula, kundi kung ano *ito*.” Kung ipauubaya ang kahulugan at talinghaga sa mga salita at bagay mismo, kinakailangan nito ng panibagong uri ng pagbabasá. Kinasangkapan ko rito ang sintaktikong lapit sa tula na bihirang gawin ng mga kritiko at mambabasá ng tula. Dito mapalilitaw ang halaga hindi lámang ng mga “nominal” (pangngalan) kundi maging ng mga di-nominal at mga pagpili ng salansan ng mga salita. Nagtatapos ang sanaysay sa pagmumuni sa gampanin ng makata at panulaan sa pagtutulay ng kaalaman at paniniwala, at sa pagsasalikop ng agham at panitikan para sa “pagtuklas ng kagandahan ng Sining.”

ABSTRACT

This essay attempts to think about and connect the “noumenal” and the “nominal” using the poems of Allan Popa and the interpretation of the critic Romulo P. Baquiran, Jr. on the poetics of the poet. The discourse on words, time, and the nothing provided by the poet and the poems can be read as an attempt to wait for and peek at the “noumenal,” or something that characterizes the thing-in-itself (*das Ding an sich*). However, because the noumena are independent from our own language, experience, and knowledge, we can only approach them through a phenomenological way. The command of the poem *Sa Lukoy* by Popa, “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./ Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaan sa panandaliang lugar” (Let the rhyme rhyme/ with the beat of the moment that can’t wait./ Let the language dance according/ to the beat./ Let [them be] in a fleeting place) is not too far from the cry of the phenomenologists to return “to the things themselves” (*zu den Sachen selbst*), and from what the critic I.A. Richards said, “It is never what a poem *says* that matters, but what it *is*.” If we will let meaning and metaphors to be in the words and things themselves, we need a new way of reading. I used here a syntactic approach to poems which is rarely used by critics and readers of poetry. With these we can emphasize the value not only of the “nominal” (noun) but also the non-nominals and the choice of word arrangement. The essay ends with musings on the role of the poet and poetry in bridging knowledge and belief, and in fusing science and literature to “discover the beauty of Art.”



Sa Lukoy

Allan Popa¹

Tapyasin ang ligoy ng *kasalukuyan*.
Ang lawig, mga laping lumalabis.

Sapagkat lumipas na ang patak
ng sandali bago ito mahuli sa mga labi.

Sa aklat, (*salukoy*) ang ugat
ng salita. Ngunit, may mababakas
na alinlangan sa bigay na kahulugan.

Waring pinahalalata ang pinsala
sa saping benda o saklay.
Ang sariwang sugat na pinagputulan.

Ngayon, pawalan sa pigil
ng panaklong ang mga purong kataga
na kay bilis malanta, mabilasa.

Ngayon, buksan ang kawalang-tiyak
ng sumasapong mga palad.

Ngayon, tumbukin ang tamang oras.

Ngayon, maitatakda ang ngayon
sa daloy ng panahon.
(bago)

Hayaang tumugma ang pantig
sa pintig ng di makahihintay na saglit.

Hayaang sumayaw ang wika alinsabay
sa kumpas.

Hayaan sa panandaliang lugar.

Habang sa dila, malalasap ang lundo
sa *lukoy*, ang bilugang patak,
ang dalisay na butil ng sandali sa leeg
ng orasang di masaid ang pagguho.

Habang lumalawak ang mga disyerto.

Palayo sa panahon ni *Kopong-kopong*.
Palayo sa bundok ng *Tralala*.

¹ Mababása ang tulang *Sa Lukoy* ni Allan Popa sa *Morpo: Mga Pagsasanaysay sa Tula* (Virac, Catanduanes: Aklat Ulagad, 2021), 7–8. Unang lumabas ang *Morpo* noong 2001. Kasáma rin ang tula sa apendise ng “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Bagong Tula ng mga Kabataang Makata sa Filipino” ni Romulo P. Baquiran, Jr., na naunang lumabas sa *Hulagwáy*, tomo 4, blg. 1 (Setyembre 2004), at muling nailathala nang may rebisyon—gamit ang pinaikling pamagat na “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Kabataang Makata”—sa koleksiyon ng mga sanaysay ni Baquiran, *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular* (2014). Walang binago si Popa sa tula nang lumabas ang panibagong bersiyon ng *Morpo* nitong 2021.

“PAWALAN SA PIGIL... ANG MGA PURONG KATAGA”

Sa sanaysay na *Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Kabataang Makata*, kinilala ni Romulo P. Baquiran Jr. ang makatang si Allan Popa bilang “kinatawan ng mga kabataang manunulat” na nagsusulong ng “pamamaraang ultra-retoriko sa pagsulat ng tula” (*Hiwatig* 82–83). Upang ipaliwanag kung ano nga bang pamamaraan ito ng pagtula, ginamit ng kritiko ang tulang *Sa Lukoy* mula sa kalipunang *Morpo* bilang halimbawa. Idiniin ni Baquiran na “isa itong pagpapahayag ng poetika ng makata”; na pinupuna nito ang pagpapaligoy-ligoy, pagpapalawig, at kalabisan sa pagtula, sa binanggit na “panukala ng tula na bigyang pansin ang buod ng termino at isantabi ang borlology”; na maiaangat ang ganitong “pahayag” sa praxis ng panulaan bilang “kritisismo sa kontemporaneong pagtula,” hindi lámang sa mas matandang henerasyon ng mga modernista, kundi maging sa mga kabataang makatang humahabi ng “liriko o tulang protesta/makalipunan”; na nasa “pagpapaubaya” sa kaligiran ang “esensiya ng tula,” at narito, kung hindi man ito mismo, ang “buod ng tula bilang isang post-estrukturalistang teksto” (*Hiwatig* 86–87).

Taliwas ang ginawang pagbasa ni Baquiran sa binabanggit sa blurb ni MesándeL Virtusio Arguelles sa *Hiwatig* (“magaang, dimaligoy, at walang maraming jargon”), at higit na mahalaga, sa mismong ibinababalâ ng tula ni Popa. Sa halip na iwasan ang mga ligoy, lawig, at labis, pinalibutan pa ito ng kritiko ng mga “borlology” tulad ng pagtawag sa tula bilang “post-estrukturalista,” “epitome ng eksperimental na paraan sa pagsulat,” at nagtataglay ng “ultra-sinekdoke.” (Dahil dito, mapapaisip táyo na baka nga karaniwan o araw-araw na ang ganitong mga salita para sa mga makata at kritiko.) Taglay din ng pagbasa ang mga panloob na kontradiksiyon (sa pagbanggit na ito, baka nga mas “post-estrukturalista” pa ang paliwanag sa tula kaysa sa tula mismo). Una, sa metodo ng pagbasa: kabaliktaran sa ipinapahiwatig ng tula na

“titigan ang” o “makipagtitigan sa” (hango kay Jerry B. Grácio)² “mga purong kataga” (sak. 5), kumbaga tingnan ang tula sa imanenteng paraan (“paloob,” kung hindi man “mula sa loob, paloob,” tulad ng gamit ni Baquiran hinggil sa mga tulang modernista³), ang ginawa ng kritiko ay ilabas, iugnay sa labas, o palabasin ang tula sa kabila ng pagtukoy at pagkilala nito ng mga hangganan. Kung pinagtatapyas na ang salita upang manatili lámang ang ugat, masisilayan sa “sariwang sugat ng pinagputulan” ang pagtatakda ng hangganan, ng loob at labas, na para sa pilosopong si Gaston Bachelard (218), masakit kapuwa sa pinutol (labas) at pinagputulan (loob): “Kung meron mang umiiral na larang ng hangganan (*borderline surface*) sa pagitan ng isang loob at labas, ang larang na ito ay masakit para sa parehong panig.” Mababanaag ang “sosyalisasyon” ni Baquiran sa kaniyang pagbabasâ ng tula sa pamamaraang palabas kaysa paloob: ito raw ay pananagisag sa mga moda ng pagtulang masyadong masalita, na maipupukol sa mga makatang tradisyonal, Balagtasista, o kahit pa modernista o lirisista. Dalâ ng ganitong paghawak sa tula, lalo itong magpupumiglas, gaya ng nasa *Sa Panig ng Katotohanan*: “Saglit na nagpumiglas ang buwan sa pagnanasang manatili sa lilim tulad/ng isang salitang nais mawalan ng kahulugan.” (Popa, *Kundi Akala* 9). May babala ang kritikong si I.A. Richards sa ganitong paghawak.

Kahit sa pagkakataong gumagamit ang tula ng pasalitang materyal, na sinasabing naganap sa kung anumang insidenteng mahalaga sa tunay na buhay, magiging padalos-dalos tayo kung ipapalagay natin nang may buong kumpiyansa na ang nasabing insidente, sa kung anumang malalim na paraan, ang nagdulot ng tula. Sinumang sopistikadong mambabasa ng kathang detektib ay mapapangiti sa ganoong payak na pag-iisip ng isang Lestrade. Maaaring ginagamit lamang ng tula para sa sarili nitong layon ang anumang nabibilang, sa tunay na buhay, sa ibang larangan. Ngunit bihirang magpakita ng ganoong pag-iingat ang mga biograpikong kritiko (Richards 113).

² Mula sa Facebook post ni Jerry B. Grácio noong 1 Agosto 2015 hinggil sa koleksiyong *Kami sa Lahat ng Masama* ni Allan Popa (Popa, “Jerry Gracio”).

³ Bagaman may paghahating espasyal sa dalawang pamamaraan ng pagtula (“palabas” para sa tradisyonal at Balagtasista vis-à-vis “paloob” para sa modernista) na hinango rin ni Baquiran sa kaniyang pagbabasâ ng *Balagtasismo versus Modernismo* ni Virgilio S. Almario, nilinaw ni Almario (73) sa “Palabas at Paloob: Tambalang Mukha ng Pagtula” na parehas na umiiral ang ganitong “malikhaing tunguhin” sa panulaan, sa tradisyonal na moda man o sa makabago. Ang naturang sanaysay ay muling babanggitin ni Almario sa bágong edisyon ng *Balagtasismo versus Modernismo* (viii–ix).

Pangalawa, ang pagtatabi ng “esensiya” at “post-estrukturalista,” na para bang pagtatabi ng taling pambuhol sa sundang na pantagpas: paano magiging post-estrukturalista ang teksto kung nasa pagiging sinekdoke ang esensiya o buod nito? Transedental ang pagtinging ang maliliit na piraso ng imahen ay may ipinahihiwatig na “mas malaking kabuoan”; pansinin ang binanggit ng kritiko na, “Sapat na halimbawa ang mahugisan ang guho (ruin) upang mawari ang kabuoan ng lungsod o katangian ng isang sibilisasyon” (Baquiran, *Hiwatig* 86). (Mas angkop pa yata ang paliwanag na ito sa sonetong *Ozymandias* ni Percy Bysshe Shelley kaysa sa *Sa Lukoy* ni Popa.) Kung hinahanapan pa rin ng kritiko ang tula ng kahulugan sa ilalim, sa labas, o lampas dito, hindi ito kailanman magiging post-estrukturalista, sapagkat ang pagkakabit-kabit ng mga piraso upang makabuo ng kabuoan ang siya mismong sinasalungat ng ganitong pag-iisip. Ang akto “[p]alayo sa panahon ni *Kopong-kopong*/ [p]alayo sa bundok ng *Tralala*”⁴ ay baka nga lalo pang paglapit o pagbalik dito, sapagkat sa ganitong pagbaluktot ng kalikasan ng mga bagay, posible na “ang lahat ng daan ay daan pauwi” (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 41–42). Walang tatag ng mga dakilang naratibo, kabuoan, estruktura, atbp., ang matututungan ng anumang pagsasa-post-estrukturalista. Ang prenasyong may organisadong kabuoan ang serye ng mga salita sa *Sa Lukoy* na ipinapalagay na mauunawaan lámang kung alam natin ang mga pagkakaugnay-ugnay ng mga bagay ay kontradiktoryo sa utos ng tula na “hayaan... hayaan... hayaan” (sak. 9–11).

Nagsisimula ang kalituhan sa premise na isang “pahayag” (*statement*) hinggil sa pagtula ang *Sa Lukoy*. Sa literal na pagbása, sa halip na “pahayag,” pagbabahagi ng metodo ang mayroon sa tula. Metodolohiya ang nangingibabaw sa tula sa halip na ontolohiya, bagaman mayroon pa rin itong tinututungan ng kalikasan ng kayarian. Ito ang napansin ng tagasaling si Jose Perez Beduya (Beduya & Popa 359) sa koleksiyong *Morpo*: “Napagtanto kong ang pagsasalin ay *transcoding* hindi lamang ng mga kahulugan ngunit, mas mahalaga, ng mga proseso—isang pantograpikong pagtatanghal ng manipulasyon ng may-akda sa mga salita bilang mga kongkretong materyales, na

malay sa mga katangian ng orihinal na wika.” Naglilista ang *Sa Lukoy* ng mga hakbang na iniuutos sa kausap ng persona. Hindi rin maituturing na “eksperimento” ang tula, sang-ayon sa pakahulugan ni Epoy Deyto (53): “Ang eksperimental ay prototype 1. Puwedeng basura. Puwedeng hindi. Wala pang anumang kumbensiyon ang prototype. Hindi dahil sa hindi ito sumusunod sa anumang kumbensiyon. Kundi ang produktong eksperimental ay palaging maaga pa kung huhusgahan...Ang akdang eksperimental ay palaging hindi pa handa para tingnan.” Sa katunayan, simple lámang ang sinasabi ng tula. Tungkol ito sa karera ng panahon at salita; laging lipas o hulí (“kay bilis malanta, mabilasa” sa sak. 5) ang salita (*speech*) at titik (*written word*), at gayundin ang akto ng pagsasalita at pagsusulat. Kung lipas na ang salita (oral o pasulát), tapos na itong harapin, husgahan, o tingnan. Kung gayon, hindi ito “eksperimento” na palaging nakatuntong sa posteridad.

Kung mayroon mang maituturing na “buod” ang tula, hindi ito ang unang saknong, ni ang hulíng dalawang saknong na pinagtuonan ni Baquiran, kundi ang ikalawa. At kung mayroon mang masasabing “pahayag” sa tula, ito na rin mismo iyon. Tinatawag naman ito ni Richards (112, 115) na “paksang pangungusap,” kung saan (maaaring) naroroon ang “paglikha ng tula ng suliraning lingguwistiko na ang taglay na solusyong pangwika ay ang nilalayong abutin sa katapusan.”

Sapagkat lumipas na ang patak ng sandali bago ito mahuli sa mga labi.

(Popa, *Morpo* 7)

Narito ang kalikasan ng kayarian na nagiging hilang-grabedad sa buong tula. Nagsisilbi itong rasyonal ng mga utos sa kausap ng persona sa mga susunod pang saknong. Ipinapalagay sa tula na mas mabilis ang usad ng panahon kaysa sa pagsasalita (“bago ito mahuli sa mga labi”). Ipinapalagay ding mas nauuna ang akto ng pagsasalita kaysa sa pagsusulat. Mahaharaya na ang tula, bilang serye ng utos, ay binigkas muna bago isulat, o sa isang alternatibong scenario, binigkas na utos sa isang nagsusulat, at sa wakas ng utos, ang resulta ng pagsasanay: ang pamagat na *sa lukoy*, mula sa *kasalukuyan*. Sa halip

⁴ Ang *kopong* sa Bahasa Indonesia ay nangangahulugang “walang laman; guwang; zero” (katumbas din ng *kosong* pareho sa Bahasa Indonesia at Malay), kung kayâ ang “nineteen kopong-kopong” ay nangangahulugang dantaon 19. Sadya man o hindi, isinatao ni Popa ang *kopong-kopong* sa pamamagitan ng panghalip paari na *ni* (“panahon ni Kopong-kopong”). Ang *tralala* ay maaaring onomatopoeia.

na pagbuo ng pahayag laban sa espesipikong uri ng pagtula na tinutukoy ni Baquiran (*Hiwatig* 86), ang “pagsasanaysay sa tula” ay nangangahulugan ng mga pagsasanay o ehersisyo (iba sa “eksperimento”), tulad na rin ng pagpapakahulugan sa *essay* o *essais* bilang pagtatangka o pagsubok. Gayundin, hindi pa rin mawawala ang “pagsasalaysay ng sanay” b’lang pakahulugan sa Pilipinong neolohismong *sanaysay*, sapagkat ang persona ng tula, sa kaniyang mga akto ng pag-uutos, ay maituturing na dalubhasang may awtoridad, kung hindi man simpleng nauna nang nakaranas o “dumaan na rin diyan” (cf. “Ang Walang Hanggan” sa Popa, *Autopsiya* 60).

Ang *Sa Lukoy* ay maituturing na sagisag o senyas (*sign*). Ang tradisyonal na pagkilates sa senyas ay kinasasangkutan ng paghimay sa sangkap nito, ang sumasagisag (*signifier*) at ang sinasagisag (*signified*).⁵ Ganito ang sinundang metodo ni Baquiran: habang kinikilala ang mga nakasulat b’lang signifier, hinahanapan naman niya ito ng signified mula sa labas ng tula. Dagdag sa tradisyonal na pagtingin sa senyas, signifier, at signified ang sumusunod na paliwanag ni Jacques Derrida sa “senyas” na magagamit natin sa pag-unawa sa *Sa Lukoy*.

Kinakatawan ng senyas ang nariyan [*present*] sa kawalan nito. Ito ang pumapalit sa lugar ng nariyan. Kapag hindi natin magagap o maipakita ang bagay, maipahayag ang nariyan, ang pagiging-nariyan, sinesenyasan natin, idinadaan natin sa senyas. Tumatanggap at nagbibigay tayo ng senyas. Sumesenyas tayo. Ang senyas, sa ganitong pakahulugan, ay naantalang presensiya. Nauukol man tayo sa pasalita o nakasulat na senyas, sa simbolo ng salapi, o sa delegasyong panghalalan o politikal na representasyon, ang paglibot ng mga senyas ay umaantala sa sandali kung kailan maaari sana nating makatagpo ang mismong bagay, sarilinin ito, gamitin o gastahin, hawakan, tingnan, pagmunihan ang presensiya nito... At ipinapalagay ng estrukturang ito na ang senyas, na umaantala sa presensiya, ay magagagap lamang sa *batayan* ng presensiyang inaantala nito at *patungo* sa

inantalang presensiya na nilalayan nitong muling angkinin (Derrida, “Différance” 61).⁶

Balikan natin ang tula. Sa likod ng ating isip, ituturing natin ito b’lang “senyas” sa pakahulugan sa itaas. Ang *Sa Lukoy* ay nakasulat na proseso (at kalaunan, produkto). Ngunit naunahan na ito ng dalawa pang proseso: ang pagdaan ng panahon at ang pagsasalita gamit ang labi. Mabilis ang pagdaan ng kasalukuyan, at ang pag-unawa natin sa pagdaan nito ay palaging lipas na, *nakalipas na*. Ito ang nais “húlihin” ng labi. Ang pagsasalita gamit ang labi ay isang paraan ng pagsesenyas; ang salita mula sa labi ay senyas. Ito ang pansamantalang pinanghahawakang “presensiya” ng matuling kasalukuyan habang hinahabol pa ito ng bibig. Wikang pasalita na muna ang mayroon sapagkat naantala pa ang “pagpapakita” ng aktuwal na panahon; umalis na ito nang táyo’y bumisita, wikang pasalita na muna ang tumanggap sa atin habang hinihintay pa natin ang “presensiya” ng gusto nating katagpuin. Nariyan ang wikang pasalita habang wala pa siya, ang kasalukuyan. Kapalit ito ng kasalukuyan; ibig sabihin, hindi ito ang kasalukuyan. Hindi natin maaangkin ang salitang gáling sa bibig, dahil ang hinahanap natin ay ang panahon. Salita ang midyum natin ng pag-aangkin, hindi ang object o layon ng pag-aangkin. Kayâ, sinasabi sa tulang *Simula*, “Umalpas sa aking bibig ang mga salitang kailanman/ Ay hindi naging akin” (Popa, *Kundi Akala* 2). (Matutukso rin tayo sa kung paano nagtatapat ang “akin” ni Popa at “angkin” ni Derrida.)

Ngunit ang wikang pasalita ay mayroon ding sariling pinagkakaabalahan. Hindi permanente ang pagiging-nariryan nito; mayroon din itong ibang aasikasuhin, gagawin, pupuntahan. Muli, sa *Simula*, “Lumisan ang mga salitang hindi ko mahawakan/ Sa pag-asang matutunton ang kahulugan” (Popa, *Kundi Akala* 2). Kung kayâ, sa paglisan ng wikang pasalita, papalitan ito ng wikang pasulát. May antala sa pagitan ng pagsasalita at pagsusulat. Nauuna ang salita, sumusunod

⁵ Maiugat ang mga konsepto ng sign (*signe*), signifier (*signifié*), at signified (*signifiant*) sa lingguwistang si Ferdinand de Saussure (65-70). May sari-sarili man itong kahulugan at gampanin na partikular sa disiplina ng linguistics, hiniram at inangkin na rin ito ng ibang larang, tulad ng panunuring pampanitikan at cultural studies. Sa ganitong appropriation, makikita natin ang reduksiyon (kung hindi man distorsiyon) ng “signifier-signified” patungong “salita-kahulugan”.

⁶ Nararapat ding tandaan na isang proyekto ni Derrida ang dekonstruksiyon ng mga konsepto hinggil sa signifier-signified at speech-written word na pinagtibay ni Saussure. Mababása ang pinakakomprehensibong pagwiwika ng kritika sa *Of Grammatology*.

ang sulat. Pansinin ang problema ng persona sa *Simula*: “Nasambit ko: maisusulat ko ito./ Ngunit hindi ko mabuhay ang aking mga kamay.” (Popa, *Kundi Akala* 1). Gaya ng pulis sa pelikula, ang sulat ay tulong na laging huli kung dumating. Sa *Mga Liham ni Elizabeth Bishop*: “Laging huli ang tulong kung dumating. [...] / Sundan mo ang tulak ng bibig at iparinig/ Ang tinig ng tulang nasa iyong isipan. [...] / Laging huli ang tulong kung dumating man.” (Popa, *Kundi Akala* 5). Ang pagsusulat, para sa makata, ay “ang huli sa mga huli,” itong “bawat pagtatangkang tumula” at “bawat pagharap sa blangkong papel” ay mga gawaing nagagawa lamang “pagkalipas,” “pagkaraan,” at “pagkatapos” (*Ang Huli sa mga Huli*, sa Popa, *Libot ng Durungawan* 14). Gayumpaman, may mga tula ring nagpapahayag ng pangunguna ng sulat kaysa salita, tulad ng *Walang Pagsidlan* (Popa, *Walang Pagsidlan* 32), kung saan inilimbag sa anyo ng tula ang “pag-ibig na gusto mong/ ipagsigawan sa mundo/ ngunit pipigilin/ sa bingit ng pagbigkas”.

Kung gayon, doble-antas na senyas bflang kinatawan ng lumisan, kung hindi man naantalang, pagkatawan ng senyas sa orihinal na nawawala, ang kasalukuyan. Sa pagtanggap sa mambabasá ng wikang pasalita, maaaring pinag-uusapan pa ang maaaring masabi: “kasalukuyan,” “sa lukoy,” “bundok ng Tralala,” “panahon ni Kopong-kopong,” atbp. Ngunit sa pagtanggap ng wikang pasulat, nauukol na ang usapan sa pagkakaltas ng nakatitik na panlapi at pagpapakawala ng mga panaklong. Kung aalisin ang anyo at bisang performatibo at gagawing ikatlong panauhan ang persona upang linawin ang mga kilos, hindi nalalayo ang *Sa Lukoy* sa *Letras y Figuras* (Popa, *Kami sa Lahat ng Masama* 19), na naglalarawan ng pag-eedit ng sulatin.

Letras y Figuras

Minamarkahan ng manunulat
Ang lunan ng pinsala sa papel.

Tulad ng dugo sa pinto
Na ipinipinta ng sugong anghel

Matalas ang daliri na gumigilit sa leeg.
Malinaw ang pagnanais makasugat.

May ligaya sa pagtarak ng panulat.
Sinasaksak nang sinasaksak.

Hindi mabilang ang nalalagas.
May nagwawalis ng mga salitang naagas.

Bahagi ng metodo ang pag-andar sa magkakasunod-sunod na hakbang o sitwasyon hanggang sa marating ang pinal na produkto. Kung babasahin ang *Sa Lukoy* bflang tulang metodolohikal, maituturing ito bflang senyas sa pakahulugang “pagkilos ng mediasyon” (Derrida, “Différance” 61). Tungkol ito sa pagpapagitna ng tula sa pagitan ng pinaguukulan at ng naantalang bagay na pinaguukulan nito ng panahon (sa salitang “pinaguukulan,” hindi na kailangang linawin pa ang audience, kung ito man ang mambabasá, ang makata mismo, o kapuwa tula). Mapanghámon ang tanong ni Richards, “Paano nalalaman ng tula na tapos na ito?” (103–121). Sa hulíng dalawang taludtod ng tula, ipinapahiwatig ang hindi pa rin mapipigilang pagkilos ng tula/salita, kung saan man patungo o kung kailan man iiral. Tila hindi pa tapos ang tula. Ngunit, kung susundan si Richards, buo na ang tula. Babalik sa pamagat: *Sa Lukoy*. Pagbalik sa pamagat, maaari nang burahin ang buong tula, para bagang *The Emperor’s New Sonnet* ni José García Villa (133),⁷ dahil alam na ng bumása ang prosesong pinagdaanan upang makamit ang pinal na produkto, ang pamagat (na tula na rin sa sarili nito).

Ngunit pinanatili ni Popa ang dapat sana’y binura na. Sa ibang tula, tahasang tinanggal ang wala: “Una sa lahat kailangan ko/ ng katahimikan [...] / Nawalan na ako ng tahanan/ Kasamang nawala ang tanawin at isang pananaw/ Ikatlo ibinulong ko” (*Walang Anuman*, sa Popa, *Libot ng Durungawan* 18). Ibinulong ang ano? Wala. Anong wala? Walang anuman. O baka “katahimikan” ang ibinulong, na sinasagisag ng blangkong espasyo pagkatapos ng hulíng taludtod. Ibang kaso ang *Sa Lukoy*: nagsilbi itong historikal na ebidensiya ng pinagdaanan ng matulaing proseso. Para saan? Sa maraming dahilan, nangingibabaw ang nostalgia. Pansinin ang panapos na mga linya ng *Sa Talaan ng Hindi Tunay na Pangalan* (Popa, *Basta* 30):

⁷ Paglilinau: maihahambing ang mungkahi ng “pagbura sa tula” sa *The Emperor’s New Sonnet* dahil lámang sa pagiging blanko ng tula. Hindi ko sinasabing pareho ang sinasandigang rasyonal ng *The Emperor’s New Sonnet* at ng mungkahi. Ang metapora ng *The Emperor’s New Sonnet* ay espesipikong nakatuntong sa kuwento ng *The Emperor’s New Clothes*, hindi sa konsepto o pamamaraan ng erasure poetry.

Iniibig mo ang hindi maaaring ariin,
ang hindi tatanggap sa maibibigay.

Sa ganitong paraan ka lumalaya:
ipinipiit ang wala na sa simula't simula.

Ipinapahiwatig ni Popa na salita ang teritoryo kung saan maaaring maari ang wala na. Operatibo sa parikalang ito ang pagpapalaya: ang pag-angkin hindi sa mayroon (dahil mauwi ito sa pananakop, na hindi mapagpalaya), kundi sa wala. Kumbaga, hindi rin nawalan ang persona, mayroon pa rin siya, mayroon siyang wala.

Sa tulang *Autopsiya*, ang wala ang pinakamakahulugan sapagkat ito ang kinauwian ng kilos: “upang makita sa kaibuturan ang wala” (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 21). Dalawa ang puwedeng pagbasa sa panapos na sakanong ng *Pagkaraan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 14): “Tapos, isang araw/ hindi mo na mabuhat/ ang kawalan/ sa iyong kamay.” Una, wala naman talagang laman ang kamay kayâ walang anumang mabubuhat. Ikalawa, may laman ang/sa wala, at ito ay mabigat, kung anuman ito. Madarama rin ang parehong bigat ng wala sa suicidal na persona sa *Ang Walang Hanggan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 60) na inilalarawan ang sariling karanasan bflang “walang hanggang hangganan.” Sa pagbuka naman ng kamay ng bata sa *Aralin* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 93), walang laman, pero akala mo lang wala, pero mayroon. Mayroon para sa bata: “ang mundong/ nilisan ng paruparo.”

Aralin
Anong nahuli mo?

Binuksan ng bata
ang kanyang palad.

“Nasa kamay ko
ang mundong
nilisan ng paruparo.”

NOUMENAL

Dalawang landas ang iminumungkahi ng pag-ari, pagsilay, at pagbuhat sa wala sa mga tula ni Popa.

Una, isa itong tangkang paglapit sa *noumenon*, isang konsepto ng maiuugat sa Alemang pilosopo na si Immanuel Kant (Russell 701–718; Abulad 64–65). Ang noumenon, o ang

bagay-sa-sarili-nito (*das Ding an sich*), ay hindi natin kailanman malalaman o mauunawaan. Nagsasarili ito labas sa ating pandama, wika, at karanasan. Sinasabi pa ng pilosopong si Romualdo E. Abulad na isang pagkakamali ang tangkang alamin ito.

Ang dahilan kung bakit nahihirapan tayong arukin ang kahulugan ng noumenon ay sapagkat wala tayong kakayahang unawain ito. Isang pagkakamali ang sikapin nating hagipin ang noumenon o ang bagay-sa-kaniyang-sarili nang para bagang ito ay may mga sungay na maaari nating bunuin. Ang noumenon ay walang mga sungay at ni hindi natin kayang mahagip. Ang sinisikap nating unawain ay isang bagay na lampas sa ating pang-unawa (Abulad 64).

Gayumpaman, hindi dahil hindi natin ito *malalaman* (dulot ng hangganan ng purong katwiran at agham) ay hindi na natin ito magagawang *isipin* (Palmquist 102, 70f). Hindi man natin malaman kung ano ba talaga ang wala, napapangalanan naman natin ito at napag-iisipan. Para kay Kant, may dalawang pakahulugan ang noumenon.

Kung para sa ‘noumenon,’ ang tinutukoy natin ay isang bagay na hindi pinagtutuhan ng ating *makatwirang pag-iisip* [*not an object of our sensible intuition*], at lubos na abstrakto para sa ating paraan ng pag-iisip para rito, ito ang noumenon sa *negatibong* pakahulugan ng salita. Ngunit kung unawain natin ito bilang isang tuon ng ating *di-makatwirang pag-iisip* [*an object of a non-sensible intuition*], may ipinapalagay tayo, kung gayon, na isang natatanging paraan ng pag-iisip, ang intelektuwal, iyon na hindi natin taglay, at iyon na hindi natin magagap kahit man lamang ang posibilidad nito. Ito ang ‘noumenon’ sa *positibong* pakahulugan ng salita (sinipi sa Oakes 33).

Ang pagkatiwalag ng wala (kung ituturing itong noumenon) sa gagap ng rasonable at siyentipikong pang-unawa ay siya ring nagpapalakas sa kapangyarihang metaporikal ng anumang tula. Pansinin, halimbawa, ang pagsasanib ng dalawang *noumena* sa tulang *Kawalaan* (15) ni Cirilo F. Bautista, ang Kawalaan at ang Diyos. Bubungaran ito ng pahayag tungkol sa halos pagsasalungat ng tao at ng Kawalaan: “Ang sagabal sa pagka-Diyos ay ang ating/ takot sa Kawalaan.” Magsasara

naman ang tula sa sumusunod na deklarasyon:

Tandaan: ang landas sa pagka-Diyos ay itong Kawalaan na pinsan ng katahimikan.

Tandaan: tumahimik, mawala, maging Diyos. Liban dito, lahat sa mundo ay kahangalan.

Ikalawa, para bahagyang maunawaan ang wala, sa halip na ituring itong noumenon, lalapitan natin ito sa paraang penomenolohikal. Ang wala ay hindi na puro, itinatibi ito sa mayroon, kayâ ang kauna-unawang wala para sa atin ay hindi ang *absolutong wala* kundi ang *mayroong-wala* o *walang-mayroon*. Para sa pilosopong si Roque J. Ferriols, S.J., hindi na kailangang pag-usapan ang wala, dahil wala namang pag-uusapan dito. “Kung ihahambing mo ang mayroon sa supot, ang hangganan ay wala. Walang supot. Mayroon ka bang baon? Mayroon. Saan? Kung wala ang isinagot mo, tapos ang kuwento. Hindi na tatanungin kung nasaan pa” (Ferriols 10). Gayumpaman, marami ring palaisip ang kumakagat sa Wala—kung ang walang ito ay maitatapat natin sa konsepto ng “absent-present.”⁸ (Kung kayâ, ginagamit sa sanaysay na ito ang salitang “noumenal,” upang katawanin ang mala-noumenon sa halip na purong noumenon.)

Kinakasangkapan ang mga makata ang penomenolohiya, o “ang agham ng penomenon” (Timbreza 55–62), upang ipaliwanag at panindigan ang kanilang sari-sariling poetika.⁹ Sa ganitong pagtingin, kinikilala ang gampanin ng makata bilang *noesis* (ang subject na malay na umaalam) at ng tula bilang *noema* (ang bagay na nagpapakita upang malaman). Minsan, ang tula ay nagsisilbing mediasyong pangwika lámang (tulad ng makikita sa mga metodolohikal na tula ni Popa) patungo o galing sa noema, na maaaring isang konsepto, larawan, kahulugan, o ano man na ipinaparaan ng makata sa wika (o ang akto ng pagtula). Kung masigasig ang makata, maaari niyang

maaninag ang *noumenon* mismo—sapagkat ang mga bagay-sa-sarili-nito ay “ang sanhi ng ating mga sensasyon” (Russell 707).

Ang makata, sa ganitong pakiwari, ay isang tagapagmasid ng pagpapakita ng mga bagay. Maihahambing siguro siya sa isang astronomo na may iba’t ibang instrumento upang matyagan ang mahiwagang latag ng panggabing langit. Hindi niya magagawang lumikha ng mga planeta, bituin, bulalakaw, at kometa; itinatalâ lámang niya ang mga malaláman sa uniberso. Ang utos sa *Sa Lukoy* na “Hayaang tumugma ang pantig/sa pintig ng di makahihintay na saglit./Hayaang sumayaw ang wika alinsabay/sa kumpas./Hayaan sa panandaliang lugar” ay maitatabi sa atas ng mga penomenologo na “hayaan ang realidad na ipakita nito ang sarili nito sa pamamagitan ng pagsasantabi ng lahat ng nabuo nang kaisipan o teorya ukol dito” (Timbreza 57–58). Kung ituturing ang tula bilang talâ, mahalaga rito ang presisyon at diksiyon. Ito ang ipinupunto ng mga pagbása sa mga tula ni Popa: na ito ay isang pag-iwas sa “malawak na elokuwensiya” (Baquiran, *Hiwatig* 87) at sa “andami-daming sinasabi, wala namang laman” (Gracio). At hindi lámang ito “pag-iwas,” kundi tahasang paglalalatag ng landas na hindi pa dinaraan. Ang landas na ito ay ang pagbalik “sa mga bagay mismo” (*zu den Sachen selbst*), mula sa pilosopong si Edmund Husserl (Timbreza 57; Engelland 16–17), na kaakibat ng pahayag ni I.A. Richards ukol sa kung ano ba ang mahalaga sa tula: “Mahalaga hindi ang *sinasabi* ng tula, kundi kung ano *ito*” (Eliot 18).

NOMINAL

Kapatid ng noumenal ang nominal—ang hangganang maaabot ng pag-unawa sa halos-di-maunawaan ay ang pagpapangalan. Napapangalanan natin ang “Diyos,” “kaluluwa,” “kamalayan,” at iba pang hindi natin lubos na maintindihan. Magkatali

⁸ Nariyan sina Michel de Certeau hinggil sa lunan at gunita (“the places people live in are like the presences of diverse absences,” 108), Jacques Derrida hinggil sa *bakás* (trace), *antala* (deference), *senyas* (sign), at iba pang kaisipan (Derrida, “Différance”), at Gayatri Chakravorty Spivak, na nagbansag ng “always already absent present” sa konsepto ng *trace* ni Derrida (*Of Grammatology* xvii).

⁹ Tingnan bilang halimbawa ang mga sanaysay ni Gémino H. Abad sa *Past Mountain Dreaming* (2015) na sumasalamin sa penomenolohikong lapit. Sa isang sanaysay, *Language and Imagination* (3–5), mababása ang sumusunod: “What we call ‘our reality’ or ‘our world’ is always and only our *translation*: what our senses and sensors transmit to our mind and imagination we then translate into our language, giving it that particular form by which we grasp and understand it *in our time and place*” (4–5).

¹⁰ Mas mabigat (at nararapat) ang ginamit ni Baquiran na pandiwa (“waksi” sa halip na “iwas”) sa naunang bersiyon ng sanaysay, na kaniyang binura sa bágong bersiyon—“Iwinawaksi ang elokuwensiya dahil hindi nito lubusan at makatotohanang mabibigyang hugis ang nais maipahayag at di-maipahayag ng makata” (Baquiran, “Lirisismo” 110).

ang “pagpapangalan” at “pagkokonsepto.”
Wika ni Padre Ferriols,

Binibigkas ko lamang ang pangalan ng mga ito, nang mabigkas ko na meron nga ang mga ito, ngunit nadarama ko, na sa pagbigay ng pangalan, ay humuhubog ako ng konsepto. Higit pa rito, ang nararanasan ko pa, ay na ang pangalan ay hindi maibibigay habang wala pang konseptong nahuhubog, at ang konsepto naman ay hindi mabuo habang hindi pa nagiging pangalan (Ferriols 23).

Nakuha rin natin sa Maylikha ang ganitong metodo ng pagpapangalan at pagbuo ng konsepto. Sa *Henesis* (Popa, *Morpo* 15–16), nagsimula ang lahat sa pagtawag ng liwanag.

At binigkas ang salita, *liwanag*.

Mula sa dilim, pumitak, sumilaw ang tinawag.

Panandaliang pagkabulag.

Pagkaraan, itinakda ang unang hanggan.
Ang unang pagitan, unang salungatan.
Ang di matutulay na walay.

Dilim ang *kawalan* ng liwanag, ang wala na humahanggan sa mayroon nang “magkaroon ng liwanag” (Genesis 1:3). Sa mga susunod na linya, makikita natin ang kapangyarihan ng wika—lalo na ng pagpapangalan—sa pag-iral ng mga bagay.

Sa dila, ang pagbibigay ng pangalan,
ang abala ng kaliwanagan, ang paliwanag.
Ang basbas ng laway.

Sa paligid, ang walang kapagurang laro:

habulan, agawan, araw-gabi.

Habang tikom ang mga labi ng dilim.

Mapapansin natin ang nominalisasyon sa mga nagaganap “sa dila”: “ang pagbibigay ng pangalan,” “ang abala ng kaliwanagan,” “ang paliwanag,” at “ang basbas ng laway.” Pinakamahalaga sa noun phrases na ito ay ang una, sapagkat dumaan ang pandiwang *bigay* sa nominalisasyon upang maging *pagbibigay*. Nagpapahiwatig ito ng tatag, kabuoan, at pag-iral (na katapat ng *Being*, sa pakahulugang “to do is to be”). Sa ibang salita, itinuturing ang noun phrases bílang “definite referring expression,” o mga pamamahayag na ginagamit sa pagpapangalan ng mga bagay (Santiago 7).¹¹ Kaiba naman ito sa naisantabing wala na kinakatawan ng dilim: sa halip na pangngalan, pang-uri (“tikom”) ang ginamit upang bigyang-hugis ito. Pinatitibay ng binaryang “pangngalan vs. pang-uri” ang hangganan sa pagitan ng “liwanag at dilim,” “dila at tikom na labi,” at “mayroon at wala.”

Balikan natin ang *Sa Lukoy*. Binanggit lámang ngunit hindi sinasaliksik ni Baquiran ang pagpuputol-putol ng “ka-sa-lukoy-an”. Ang parehong kawalan ng kahulugan ng *salukoy* ang mababása rin kay Grácio.¹² Sabagay, hindi rin naman ito ipinaliwanag sa UP Diksiyonaryong Filipino, ang posibleng tinutukoy na “aklat” ni Popa sa katagang, “Sa aklat, (*salukoy*) ang ugat/ ng salita. Ngunit, may mababakas/ na alinlangan sa bigay na kahulugan” (Popa, *Morpo* 7). Itinuro lang sa diksiyonaryo ang *salukoy* bilang ugat ng *kasalukuyan* (UPDF 431, 776). Sa *Vocabulario de la lengua tagala* nina Juan de Noceda, S.J., at Pedro de Sanlucar, S.J. (346), nangangahulugan ang *salukoy* na puwersa o diin ng panahon, o ‘di kayâ’y pagiging

¹¹ Hango ito kay Ernesto H. Cubar, sa kaniyang puna kay Ernesto A. Constantino na itinuturing ang mga parirala tulad ng “ang tumatakbo” (ang [x], kung saan di-pangngalan ang x) bilang *verb phrase* sa halip na *noun phrase*. “For Constantino, phrases with the case marker ang in Tagalog headed by non-nouns will follow the categories of their heads. Thus, the Tagalog example ang=t<um>a~takbo ‘the one who runs’ (p. 74) was interpreted by Constantino as a verb phrase. Cubar contended that these belong to ‘what linguistic philosophers call definite referring expressions—expressions which are used for naming objects’ and thus should still be treated as noun phrases (Cubar, [1975] 2019, p. 73) He also cited other studies which interpreted these phrases as ‘objectivized expressions’ (Bloomfield, 1917), ‘substantives’ (Lopez, 1940), and ‘nominalized forms’ or ‘nominalizations’ (Schachter & Otnes, 1972)... Cubar maintains this analysis that ang tumatakbo ‘the one who is running’ is a derived structure by labelling it a ‘derived nominal marked by ang [emphasis mine]’ in the book *Writing Filipino Grammar: Traditions & Trends* co-written with Nelly I. Cubar (1994)” (Santiago 7).

¹² Mula sa paskil ni Grácio (Popa, “Jerry Gracio”): “Kay Popa ko nalaman na meron palang salitang ‘salukoy’. Ginamit niya ito sa isang tula sa ikalawa niyang aklat, ang ‘Morpo’ (kundi ako nagkakamali). Ang ‘salukoy’ ang ugat ng ‘kasalukuyan’. Akala ko dati walang ugat ang kasalukuyan, ‘yun na ‘yun. Meron pala. At natutuhan ko ‘yun sa tula ni Popa. Sa kanyang mga tula,, pinipilit tayo ni Popa na titigan ang mga salita bilang salita, sa pinaka-payak nitong anyo; halimbawa, ‘yung salukoy na nakalimutan na natin ang ugat dahil nasanay na tayo sa mahabang kasalukuyan.”

matrabaho ng mga gawain tulad ng pagtatanim o paggigiik.¹⁵ Iba pa ito sa kinaltasang *lukoy*: tumutukoy ito sa pagluwag o pagkasira dulot ng kahinaan o katandaan, at sa hinahon at banayad sa pagtatanong, pagsasalita, o paglalakad (Noceda & Sanlucar 232).¹⁴ Dagdag sa pagbása kanina, sa pagkakatatanto ng etimolohiya ng *kasalukuyan*, makikita ang pagkakabit ng mga konsepto ng panahon, pagwiwika, paggawa (dahil matrabaho rin ang pagtula), at pagkasira o pagguho, na tila ba binibigkas lámang ulit ng tula sapagkat umiiral na ang mga ito sa salita noon pa man. Nagpapakita rin ng fractal na bisa ang ganitong distorsiyon ng salitang ugat: hindi pa pala salita-sa-sarili-nito ang nakasanayang *kasalukuyan*, mayroon pa itong laman sa loob. Nominalisasyon ng nominal na.

Gayumpaman, hindi na ito mailalapat sa iba pang pamagat ng tula gaya ng *Sa Lamisim*, *Sa Lamangka*, *Sa Ligway*, at *Sa Lamin*, sapagkat walang salitang “lamisim,” “lamangka,” “ligway,” at “lamin” sa Tagalog.¹⁵ Matatag ang mga morpemang *salamisim* (gunita, alaala, guniguni),¹⁶ *salamangka* (mahika), *saligway* (malayong tingin, panorama), at *salamín* (espeho, bubog, kristal) sa harap ng pagkakaltas ni Popa (Santos 546–547, UPDF 774). Masasabing paglalaro na lámang ito ni Popa sa gawi ng (de-)nominalisasyon, na may iba’t ibang paraan (Ceña 100–101, 204–217), bagaman ang pinili ni Popa sa mga naturang halimbawa ay ang nominalisasyon ng pangngalan. Kadalasang “pagka-” ang ginagamit na panlaping pangnominalisasyon (hal. “pagkasalamisim”) sa ganitong paraan.

Kung kayâ, dapat ding pansinin ang “sa” sa de-nominalisadong “sa [x]” (Santos 537–538, Ceña 15–16, Malicsi 103–113). Mahalaga ang “sa” sa pagtuturò at pagpopook ng bawat tula sa isang partikular na lunang nominal. Ipinapahiwatig nito na hindi ang nominal-sa-

sarili-nito ang tuon ng diskurso, kundi ang *iba pa* o *lampas* dito—iyong kung anumang naroroon sa o laman ng nominal. Dagdag pa rito, para sa lingguwistang si Resty Ceña (30), ang “sa” sa “sa [x]” ang nagbibigay-personalidad sa parirala sa halip na ang mga nominal [x]. Kung kayâ, itinuturing niyang ulo ng parirala ang “sa,” katulad ng iba pang pantakdang pantukoy na “ang” at “ng”. (Tanong: Ano kayâ ang dahilan ng pagpapalit ng pamagat na *Liwanag ng Ospital* mula sa *Sa Ospital* na nakalagay sa blurb ni Raymond de Borja sa *Narkotiko at Panganorin*?)

Gaya ng saknong sa *Henesis*, mulíng makikita sa *Sa Magkabilang Dulo* (Popa, *Walang Pagsidlan* 55) ang prominensiya ng pantakdang pantukoy na “ang”. Nariyan ang “ang natatanaw,” “ang mga mata mo,” “ang mga mata ko,” “ang ating mga labi,” at “ang pangakong walang hanggan.”¹⁷

Sa Magkabilang Dulo

Mula sa bingit ng napipintong
katapusan, bakasing muli
ang mga hakbang pabalik kung saan tayo
nagsimula, ano ang natatanaw mo?

Ang mga mata mo lang, sapat nang
sinasalamín ang mga mata ko
bago magtagpo ang ating mga labi
at sa ating pagitan, lumalagos

ang pangakong walang hanggan.

Makapangyarihan ang hulíng linya dalá ng bisa ng pagtagpas sa taludtod: parehong nagiging agent-simuno at nagsasariling linya-saknong ang “ang pangakong walang hanggan.” Muli, may dulot na personalidad ang “ang” na nagpapatibay ng imahen ng independensiya sa hiniwalayang saknong (kung kayâ, pareho na itong taludtod at saknong sa isang bagsak),

¹⁵ Noceda & Sanlucar (346): *Salocoy*. pp. Fuerza ó rigor de tiempo, ó de alguna obra, como sembrar, trillar, &c. No tiene mas juegos que el abstracto *Casalocoyan*, y se juega así: *Nagcacasalocoyan*, estar en la fuerza. *Casalocoyan nang pagtatanim*, *Casalocoyan nang paguiy*. Vide *Sagsag* su sinonimo.

¹⁴ Noceda & Sanlucar (232): “*Locoy*. pc. Flojedad ó descaecimiento por flaqueza ó vejez. *Naglolocoylocoyan*, andar así. *Locoy*. pc. Sosiego y blandura en el pedir, como hablar, andar, *Um*, 1. *Mag*. La causa, *Ipag*.”

¹⁵ Maliban na lámang kung ituturing na “ligway” ang “ligwayligway” (paghinto-hinto o pagtigil-tigil habang naglalakbay), at kung may ugnayang sabtekstuwal sa “lamin” ng “salamín” at “lamina” sa Español (UPDF 487, 507).
¹⁶ Matatandaan din ang isang tula ng pag-ibig ni Amado V. Hernandez, *Salamisim* (104), sa ganitong paggamit ng salita bílang pamagat.

¹⁷ Ang pagkasangkapan sa nominalisasyon sa pamamagitan ng “ang [x]” ay maitatapat natin, hindi lámang sa mga tulang Pilipino (tulad ng *Ako ang Daigdig* ni Alejandro G. Abadilla), kundi maging sa gamit ng “the [x]” ng mga makata sa Ingles. Isang halimbawa ang *Shirt* ni Robert Pinsky (na sinasabing isa sa mga paborito ni Popa, ayon sa isang pag-uusap). Narito ang panapos na mga linya ng tula: “The buttonholes, the sizing, the facing, the characters/ Printed in black on neckband and tail. The shape, / The label, the labor, the color, the shade. The shirt.” (Pinsky 84–85).

pero kinikilala pa rin ang kaugnayan sa pinagputulan dúlot ng pagiging agent ng pandiwang “lumalagos” at simuno ng buong pangungusap.

Tingnan pa natin ang unang linya sa *Bakit Hindi* (Popa, *Basta* 18), na may interesanteng pang-ukol.

Paisa-isa, paunti-unti, pinalalaya ang
ating katawan ng krisis.

Sa payak na linya, maaaring magkaroon ng tatlong punto na nakatutok sa hulíng bahagi. Una, maituturing na isang buong bagay ang “katawan ng krisis” na pinapalaya. Pangalawa, nagsisilbing experiencer o patient ang “ating katawan” na finofokusan ng pandiwang “pinalalaya” na ginaganapan ng agent na “krisis”. Pareho ito sa “Pinalalaya ng krisis ang ating katawan”. Pero, hindi ba’t kakaiba ito? Maitatanong natin kung kailan pa at paano nagiging mapagpalayà ang mga krisis. At dadalhin táyo nito sa ikatlong punto: hindi kayà “Pinalalaya ang ating katawan *sa* krisis”? Mas realistiko ito, sapagkat tinatanaw ang krisis bílang pumipiit sa halip na nagpapalaya, at tama lámang na malaya ang katawang wala sa krisis. Ngunit pinili ni Popa ang naturang linya. Partikular sa mahahaba’t walang patid na mga linya ng *Basta* ang pakiramdam ng pagtitiyaga at pagpupursige. Binanggit ni Mabi David sa kaniyang blurb ang *matagal nang* “pagkakaeksilyo ng tao mula sa kaniyang pagkatao” at “pagsailalim sa kawalang-dangal” na nagtulak sa tao pabalik sa mga pagnanasang labag sa loob ng iba man o sarili. Ambivalente ang “compulsion” (David): matagal nang nakaimbak sa kawalang-malay na bigla na lámang pupuslit upang igiit ang sarili. Makikita sa mga tula ang pagmamasid sa mga subjek na nagtitiis, tumataya, at nananatili sa harap ng “lagim” at “panganib” (David), kung saan hindi lámang makikita ang paggigiit ng pagiging-tao sa mga pagpuslit ng nasa (na siyang “nagpaparumi sa bawat akto ng redempsiyon”) ng persona, kundi maging sa pagwiwika ni Popa ng mga naturang pagpuslit. Ang pagtula ay pagpuslit kasabay ng pagtitiis. Masasalamain ito sa simpleng pagpili ni Popa ng pang-ukol: *ng*, at hindi kailanman *sa*. Krisis

ang nagpapalaya. Naroroon din ito sa pang-abay na pantukoy ng bagal at tiis: “paisa-isa,” “paunti-unti”. At sa tagpuang ito ng bilis, tagal, pagbubulay, pagpapakasakit, pagtakas, “pagpapalaya” at “kawalang-magawa” (“*Kuha*” sa Popa, *Basta* 31) makikita ang “nakasisindak” (David: “a vision that terrifies”).

Ang analisis sa antas ng sintaks ay isang mabungang paraan sa pagbabasa ng tula. Sapagkat kadalasang nakatutok ang mga kritiko at mambabasa sa indibidwal na salita na ipinapalagay na sisidlan ng kahulugan, metapora, imahen, at iba pang elemento, bibihira lámang ang nagsasagawa ng sintaktikong panunuri. Nakakulong lámang ang mga interpretasyon sa mga ponema (tunog at tugma) at morpema (yunit ng makahulugang “salita”). Kung meron mang pagkilates sa sintaks, makikita lámang natin ito sa mga alituntunin sa sukat ng palapantigan at pagpuputol ng taludtod. Sabihin man na ni Baquiran (“Lirisismo” 110) na, “Isang lingguwistikong pagtatanghal ang teksto at sa pagpili sa syntax at pagdahas ng makata sa gramatika, ipinapakita ang naiiba o bagong persepsiyon,” hindi naman niya binasa ang *Sa Lukoy* gamit ang sintaktikong lapit.¹⁸ Sa katunayan, nasa antas pa lámang ng morpema (sa paghahati-hati ng “ka-sa-lukoy-an”) ang interbensiyon ni Popa. Hindi niya pinilipit ang sintaks, ni dinahas ang gramatika, sa paraang bumuo ang makata ng iba o bágong kayarian ng mga pangungusap o parirala.

Tingnan natin bílang halimbawa ang modernistang tulang *Ako ang Daigdig* ni Alejandro G. Abadilla. Tulad ni Baquiran na gumamit ng biyograpikong lapit kina Popa, hindi gaanong nagtuon si Virgilio S. Almario (*Balagtasismo versus Modernismo* 168–170) sa formalistikong pagbása ng tula. Tiningnan niya ang mga indibidwal na salita na “kumakatawan” sa mga panlabas na kabuonan, tulad ng “ako” bílang makata at “daigdig” bílang lipunan.¹⁹ Nasa ganitong hugis din ang paliwanag sa teksbuk nina J. Villa Panganiban, C.T. Panganiban, at G.E. Matute (157–161): “[A]ng ako rito ay hindi si AGA. Ang *ako* ay kumakatawan sa Makata. Sa isang tunay na makata, ang daigdig, ang tula at siya ay iisa.” Mula rito, inugnay ni Almario ang búhay ni

¹⁸ Kinaltas ang pahayag na ito sa rebisadong bersiyon ng sanaysay sa *Hiwatig*.

¹⁹ Almario (*Balagtasismo versus Modernismo* 169–170): “Nakapaloob sa tula ni Abadilla ang tunggalian at pagkakaisa ng ‘makata’ at ‘lipunan’ na kinakatawan ng ‘ako’ at ng ‘daigdig.’ Napasidhi pa niya ang ganitong tunggalian sa pamamagitan ng pagsasalungatan ng mga sangkap na panandalian at pangmatagalan, makitid at masaklaw, o kayâ’y mahinà at matatag. Ang ‘ako’ at ‘sarili’ ay pauli-ulit na tinutumbasan ng ‘daigdig,’ ‘buhay,’ ‘walang-kamatayan,’ ‘walang-hanggan’ [...] Ang birtud ng tula ni A.G. Abadilla ay nakasalalay sa matapat subalit matalas na paglalahad sa tunggalian ng ‘kaakuan’ ng makata at ng hindi makaunawang lipunan.”

Abadilla sa kaniyang panulaan. Sa paglampas sa sana'y mabungang pagbása sa antas ng sintaks, iminumungkahi ang pagpapalagay na ordinaryo't araw-araw na pagwiwika lámang ang “ako ang [x]” (sabi nga ni Almario, “pamamarilalang payak at dahop sa mabulaklak na pananaludtod ng ordinaryong Balagtasista”), at kung gayo'y hindi na kinakailangan ng pagbusisi upang makita ang katingkaran ng pahayag. Ganito rin ang mahihinuha sa bása ni Bienvenido Lumbea: “In the context of the history of Tagalog poetry, Abadilla has something new to say. To utter it is to invent a new way of saying it” (sinipi sa Almario, *Balagtismo versus Modernismo* 170). “Bago” ito sapagkat malayo sa araw-araw na pagwiwika ang mga pagwiwika sa tradisyonal na tula. Pahiwatig pareho nina Almario at Lumbea ang pagkakanariyan na (*givenness*) ng mga araw-araw na pagwiwika kung kayâ hindi na kinakailangang hanapan ng paliwanag sa mismong sintaks nito. Kaya, ang paliwanag ay natagpuan nila sa labas ng tula, sa kaligiran ng panulaang Pilipino sa makasaysayang tagpo ng pag-entrada nito sa Modernismo.

Ngunit maraming puwedeng pag-usapan sa “payak” na linyang “Ako/ ang Daigdig”. Para sa lingguwistang si Jonathan C. Malicsi (4-7), nagsisilbing simuno rito ang “ang [x]” samantalang panaguring panghalip na panao naman ang “ako”. Pareho ito sa “Ako ‘yun,” kung saan parehong panghalip ang ginamit. Pantukoy ng identipikasyon ng nominal ang “ang” sa “Ako ang daigdig”. Kung gagawing “Daigdig ako,” simuno na ang “ako”. Nagpapatuloy ang estruktura sa “Ako ang [x]” sa baryasyong “Ang tao ang daigdig,” kung saan ang parehong “ang” ay muling nagsasaad ng identipikasyon ng nominal. Hindi man lihis sa gramatika, maituturing namang semantic aberration kung babaliktarin ang simuno at panaguri: “Ang daigdig ang tao.” Maaari itong maresolba kung papalitan ito ng mga panghalip: “Daigdig ako,” “Ito ang tao,” “Ito ako”. Dulot ng ganitong “substityusyon-test” (Paz, Hernandez & Peneyra 83), pinatutunayan ang pagiging “sintaktik-yunit” o “konstityuwent”

ng parehong nominal-panghalip “ako” at “daigdig”.

Mula sa ganitong pagbubulay sa sintaks, maaari na nating ituloy ang pagbása sa mga panlabas na pagpapakahulugan. Para sa lingguwistang si Ricardo Ma. Nolasco, espesyal na kaso ang “Ako ang Daigdig.”²⁰ Nakaangkla ang “Ako ang Daigdig” sa “presuposisyon” (tingnan ang Paz, Hernandez & Peneyra 140) na hindi makikita sa “Daigdig ako.” Kakaiba ang “Daigdig ako” dahil sa pagkadirekta at pagkaliteral ng pagwiwika. Taglay ng presuposisyong ito ang pagsasametapora ng daigdig, sa halip na literal na planetang tahanan ng mga tao. Dito pa lámang maikakabit ang tinutukoy na “daigdig” bilang “lipunan”. Mas nadidiin ang pagiging tula ng tula sapagkat nakatuntong sa talinghaga ang deklarasyon ng identipikasyon. Gayundin ang makikita sa isusunod pa ni Abadilla na mga “ang [x]”: Ako “ang tula,” “ang daigdig/ ng tula,” “ang tula/ ng daigdig”.

Matagal nang binabanggit ni Jose Mario C. Francisco, S.J., sa kaniyang sanaysay na “Wika: Lagusan ng Makata” (1971) ang ganitong pagtitig sa sintaks ng panulaan. (Marahil, siya ang kauna-unahan sa ganitong lapit.) Aniya,

[A]ng Lingguwistika ay mayroong maitutulong sa larangan ng panunuring pampanitikan. Bagamat hindi ito ang nangyari sa kasaysayan—at ito ay kahinahinayang—ang panitikan at ang agham ay dapat magkaagapay sa pagtuklas ng kagandahan ng Sining. Ngayon pa lamang ito nagaganap. Ang ganitong pagkakaugnay ay higit na kailangan sa larangan ng panulaan sapagkat sa tula ang paggamit sa wika ay higit na buo at matindi (Francisco 28).²¹

Balikan natin si Popa. Malapit-lapit na sana ang pagbása ni Raymond de Borja sa *Narkotiko at Panganorin* (panatilihin natin sa Ingles ang maganda niyang blurb): “It is Popa’s attention to the units (of syllable, of word, of line), to a ‘we,’ however harrowingly and unseemingly this ‘we’ becomes collective, that gives his poems perceptive and ethical weight, that allows his

²⁰ Mula sa personal na komunikasyon noong 26 Nobyembre 2021.

²¹ Sunod na tinalakay ni Padre Francisco ang iláng pagkakaiba sa “kaayusan ng pangungusap” sa Tagalog at Ingles. Idiniirin niyang higit na malawak ang balangkas sa Tagalog kaysa sa Ingles. Hango sa lingguwistang si Teodoro A. Llamzon, sinabi niyang “kapuwa tama” ang “Nagpatay ng manok ang tao sa kusina para sa bata” at “Ang tao ay nagpatay ng manok sa kusina para sa bata”. Sa ganitong lapit, binása niya ang salin ni Amado V. Hernandez ng *The Love Song of J. Alfred Prufrock* ni T.S. Eliot, *Agunyas-Lunsod sa Abril* at *Ang Sigarilyo ni Lolo* ni Rio Alma, *Sa Gubat ng Lungsod: Dilim at Liwanag* ni Lamberto E. Antonio, at *Kung Mamili ang Dalaga* ni Julian Cruz Balmaseda.

utterances to teeter on the edge of, but not succumb to, wit. Appealing prospects then, for the reader/translator who finds echoed in ‘magdamag’ (night/overnight) the root of ‘dama’ (feel/feeling) from ‘madarama’ (will feel/will be felt); who remembers the passions (‘sakit,’ which also translates to ‘pain’ or ‘disease’) in empathy and compassion (‘malasakit’).” Ngunit nagtuon pa rin siya sa mga indibidwal na salita sa halip na kayarian ng parirala o pangungusap. Narito ang pinagtuonan niyang panapos na saknong sa *Liwanag ng Ospital* (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 58–59).

- 1 Madarama sa magdamag
- 2 kung gaano kalayo
- 3 ang isang sandali
- 4 sa susunod na sandali.
- 5 Kung gaano tayo kalapit
- 6 upang mahawa
- 7 ng sakit at malasakit.

Sa linya 1, bakit kayâ kinaltas ang komplementong tumatanggap ng pokus ng pandiwa? Bakit hindi “Madarama [natin/mo] sa magdamag”? Iba ba ang “madarama” sa “dadamhin,” na ginamit sa ikaapat na saknong (“kung paano dadamhin/ ang diin ng kanyang paghinga/ sa mga dingding”)? Bakit lilitaw sa linya 5 ang komplementong nawawala sa linya 1, ang “tayo”? Nais lang ba ng makata na itugma ito sa “kalayo” (linya 2)? Bakit “mahawa” kaysa “mahawaan” o “magkahawaan” (linya 6)? Sinasabi ba nitong mayroon pang iba o *sila* na lampas sa “tayo” o atin?

Sa tulang *Ang Walang Hanggan* (Popa, *Autopsiya ng Aking Kamatayan* 60), kung saan mababasa ang “Dumaan din ako diyan”: pareho ba ito sa “Diyan din ako dumaan,” “Ako ay diyan din dumaan,” o “Ako ay dumaan din diyan”? Ano ang nagtutulak sa makata para piliin ang partikular na hilera ng mga salita? Bakit iyan sa lahat ng mga salansan? (*Bakit kami*, tanong siguro ng linya, *sa lahat ng masama*?)

Makikita sa “Dumaan din ako diyan” ang uri ng pokus ng pandiwa na tinatawag na “experiencer,” ang nakaranas ng kilos (Malicsi 49). Kaiba sa paglalakad, ang pandiwang “dumaan” sa tula ay tumutukoy rin sa pagdanas. Kung gayon, mas experiencer (o maaari ring “patient”) kaysa agent ang komplementong “ako” na pinopokusang ng “dumaan”. Ayon kay Malicsi (49), “mahina o walang kusa o kontrol ang experiencer sa tinutukoy ng pandiwa.” Lapat ito sa tula sapagkat tinutukoy rito ang lumbay,

dalamhati, pakiramdam ng kawalan (void), at ideation ng pagpapatiwakal. “Nakadiin ang mukha sa dingding./ Tiningnan ang pulsuhan./ May mga hiwa./ Nang salatin ng daliri, nawala./ Tinitigan ang kisame./ Tumulo ang mga lubid.” Idagdag pa rito ang “nalampasan” (“Ang walang hanggang hangganan/ na hindi ko alam kung paano/ nalampasan ngunit gumising/ ako kinabukasan”), na nagpapahayag nang kawalan ng kontrol sa sitwasyon.

Gayumpaman, maaaring hindi lang “ako” ang komplemento ng pandiwang nakatatanggap ng pokus ng pandiwa. Ipinapahiwatig ng varyant na “Diyan din ako dumaan” hindi lámang ang pagiging sintaktikong-yunit ng “diyan” dahil maaari itong ilipat sa ibang posisyon sa pangungusap (“movement test” sa Paz, Hernandez & Peneyra 83–84), kundi maging ang posibilidad ng pokus sa “diyan”. Bilang lokatibo, ang “diyan” ay isang panghalip na pamatlig na nagtuturo ng lugar. Ngunit sa tula, ang “diyan” ay puwedeng tumukoy sa isang estado o karanasan. Kung gayon, hindi ito “fokus sa lokasyon” kundi “fokus sa experiencer,” sapagkat ang “diyan” ay ang nakaranas ng “pagdaan” ng agent na “ako”. Ang simunong “ako” ay hindi na experiencer kundi agent ng pandiwa. Kung kayâ, maaaring tingnan ang “Dumaan din ako diyan” b’lang “Dumaan din ang persona sa karanasang iyan.” Maaari pang magsagawa ng mga varyant tulad ng makikita sa babâ kung saan nag-iiba-iba ang uri ng pokus sa mga komplementong “ako” at “diyan.” Pinapakita ng pagpili ni Popa sa naturang linya ang pagtukoy sa partikular na mga sintaktikong relasyon ng pandiwa at komplemento, at ang pagkansela sa ibang moda ng relasyon sa pamamagitan ng di-pagpili sa ibang baryasyon. Gaya ng nasabi na, tinatakdaan ng hangganan at pinatitibay ng pagpili at di-pagpili ng makata ang kahulugan ng kaniyang talutod.

- 1 Dumaan din ako diyan.
- 2 Dumaan din [ang persona] diyan. [*ako*: maaaring mas experiencer kaysa agent]
- 3 Dumaan din [ang persona] [sa karanasang iyan]. [*ako*: agent; *diyan*: experiencer]
- 4 Dinaan ko rin iyan. [*ko*: agent, *iyang*: experiencer]
- 5 Dinaan din ako niyan. [*ako*: experiencer; *niyan*: agent]

Tingnan naman natin ang “Ako pa rin ako/ at ang lahat ng daan/ ay daan pauwi” sa *Ang Lahat ng Daan ay Daan Pauwi* (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 41–42). Maaari naman itong wikain bílang “Daan pauwi ang lahat ng daan,” na siguro’y mas pipiliin ng mga konserbatibo na ayaw sa “di-karaniwang” ayos ng pangungusap. Ngunit wala itong agarang “suntok” na makikita sa “ay” bílang hangganan. Sa pagdiriin ng ganitong pagkamit sa “epektong pandiskurso at pangkomunikatibo,” ipinaliwanag ni Nolasco ang gamit at bisa ng “ay”.

Madalas na ilarawan ang pangungusap sa Tagalog na may katagang “ay” na nasa di-karaniwang ayos na para bang abnormal ito. Hindi ito tama. May mga dahilan kung bakit gumagamit ang ispiker ng Tagalog ng “ay” na konstruksiyon, at ito ay may kinalaman sa tinatawag na “daloy ng diskurso” (discourse continuity), alinsunod sa depinisyon ni Fox (1985). Ayon kay Fox, ang paggamit ng “ay” ay palatandaan na ang paksa o eksena ng diskurso ay napuputol at lumilipat sa iba. Gayundin, ang pag-iwas sa “ay” ay nagsasaad ng tuluy-tuloy na diskurso, eksena at paksa ng usapan (Nolasco, “Kung Bakit ang ‘Ay’ na Pangungusap ay Karaniwan ang Ayos”).

Doble-putol ang ginawa ni Popa: maliban sa putol ng taludtod bago ang “ay,” taglay rin ng “ay” ang putol ng daloy. Nagdudulot ito ng mas maigting na diin sa hulíng linyang “ay daan pabalik” na mabisang tumatapos sa tula. Ang hulíng linyang ito, bílang pagsasalihat, ang nagtatakda ng kahulugan ng “lahat ng daan”—lahat ay pauwi.

Idagdag pa rito ang isang saknong mula sa *Wikain Mo*: “Ang martilyo ay martilyo/ hangga’t hindi nahahawakan/ ang sarili sa sariling init” (Popa, *Narkotiko at Panganorin* 1). Bakit hindi “Martilyo ang martilyo”? Una, nagsasaad ng parikala ang linyang may “ay” sapagkat pinuputol ang sabjek upang bumalik lang din sa parehong sabjek. Ikalawa, kung napagtanto na ng mambabasa kung gaano kainteresado si Popa sa mga bagay/salita-sa-sarili-nito, mauunawaan niyang hindi ito

isang pinatingkad na parikala kundi payak na afirmasyon lang din ng mga pinatutungkulang bagay o salita, na makikita rin sa “Martilyo ang martilyo”. Hindi na kailangang gumasta ni Popa ng dagdag na salita para sa martilyo (hal. “Ang martilyo ay isang [x-na-hindi-martilyo]”) dahil martilyo na nga ito at wala nang iba pa. Parehas ang sirkumbenteng bisa ng naturang “ay-pangungusap” sa mga hulíng linya ng *May Liwanag na Hindi Napaparam* (Popa, *Walang Pagsidlan* 63).²²

Kung paano binabago
ng liwanag na ito
ang iyong pagtingin sa mundo
nang hindi namamalayan
ay liwanag ng buwan.

Tila magkabiláng mukha ng iisang barya ang *Narkotiko at Panganorin* at ang *Basta*. Litaw na litaw sa sintaktikong pagbása ang magkaibang matulaing pagwiwika sa dalawang koleksiyong ito. Kung sa *Narkotiko at Panganorin* ay gumagamit si Popa ng iba’t ibang estratehiya ng pagbabánat at pagpapabagal ng andar tulad ng mga “ay-pangungusap” at pagpuputol ng mga linya sa maiikling taludtod, nagmamadali naman ang mga mala-pangsanaysay na linya sa *Basta*. Kaiba sa “comma poems” ni José Garcia Villa (tingnan ang “A Note on the Commas” sa 81–82), kumakaripas ang mga tula sa koleksiyong *Basta*. Sa ilang linya, hindi na lang asyndeton ang makikita kundi tahasang pagtatanggal ng mga bantas.

Aso (Popa, *Basta* 10)
Hindi punyal hindi krusipiho ang hawak mo
nanggigigil na kinaskas sa ilalim ng kaldero
kahit [...]

Magkabilang Panig ng Iisang Punyal
(Popa, *Basta* 17)
Walang pangako walang pangalan walang
nakaraan
sinasariwa gabi-gabi ng pula na lumiligid sa
bibig ng puta [...]

Sa Talaan ng Hindi Tunay na Pangalan
(Popa, *Basta* 20–30)
Huwag kukurap huwag babaling

²² Sa parehong dahilan din maaaring basahin ang panapos na linya sa unang saknong ng *Isang Dipang Langit* ni Amado V. Hernandez (116–117): “Ako’y ipiniit ng linsil na puno/ hangad palibhasang diwa ko’y pilitin,/ katawang marupok, anyaya pagsuko/ damdami’y supil na’t mithiin ay supil.” Una, ang pagdoble ng “ay” ay kailangan sa anyong Balagtasista para matugunan ang kinakailangang labindalawang pantig ng linya at anim na pantig bago at matapos ang hati o caesura (6 – “damdami’y supil na’t”; 6 pantig – “mithiin ay supil”). Pangalawa, pinabibigat ng pag-uulit ng “supil” ang kahulugan nito sa konteksto ng pagkakapiit ng isang punóng obrero; hindi lámang damdamin kundi ang mithiin ang sinusupil ng “supil”. At lalong pinabibigat ang dobleng “supil” ng “ay” na gumaganap bílang marker ng talon o putol ng diskurso.

kung may makasalubong huwag iiwas

huwag yuyuko sa mahabang pasilyo
ng mga pintong magkakatulad

ngunit hindi nagkakatatap. [...]

Illuminado (Popa, *Basta* 34)

Huwag kukurap huwag babaling palayo huwag
iiwas ipako
ang tingin upang makita dahil hindi sapat na
madami itong

nagtutulak sa iyo upang kumurap bumaling
palayo umiwas.

Gaano kalalim na paghiwa sa balat laman buto
ang kaya mong
titigan gaano katagal na babalong tatagas
titilamsik ang dugo

mula sa kanilang likod bago mo makilalang
hindi iyo ang sugat.

Huwag tatahan huwag mahahalina sa kumpas
ng paghampas;
mas malalim kaysa kayang maghilom ang
salang inako mo

sa iyong katawan, ang pagnanasang makaahon
mula sa katawan.

Kung babalikan ang *Sa Lukoy*, maaaring sabihing sinasalamín ng *Basta* ang masikap at matiyagang pagtatangka ng paghúli sa panahon, wikang pasalita, o kaisipan, sapagkat tinatapatan sa paraang pasulát ang naturang bilis. Gayumpaman, sa magkaibang lapit na isinagawa ni Popa, lumilitaw pa rin ang pagmumuni na karakteristiko ng kaniyang panulaan. Sa bilis man o bagal, walang pagkakataon na hindi laan sa pagbubulay-bulay. Kung kayâ mang baliin ng bilis ang lugar at panahon, hindi nito káyang baliin ang kapasidad ng tao na mag-isip at magmuni. Sa panulaan ni Popa, patunay na mismo ang salita, ang salita sa sarili nito, ng pag-igpaw ng tao sa bilis na madalas, hindi niya kontrolado.

Tumatayâ ako sa hinuhang repleksiyon ng noumenal ang mga nominal ni Popa. Ang

pagtutuon sa pangngalan ay isang poetikong argumento para sa tula-sa-sarili-nito, sapagkat nakasanayan nang mga nominal ang pinapansin at inaakomodeyt sa angkop na pagsasalansan ng mga salita. Pakikilandas ang paggamit ni Popa sa mga nominal sa nakasanayang pagpapangngalan ng mga pagpapangngalan. Kung ang pagpapangngalan ay paggagap o paghawak sa kahulugang kadalasa'y madulas at nagpupumiglas, ang pagpapangngalan naman ang pagsosolido ng paghawak. Para sa mga iskolar ng panitikan, may kakayahan ang mga nominal na maging sisidlan ng mga konsepto at kaisipan.²³ Gayumpaman, maaari nang igpawan ang ganitong mata sa pangngalan, pareho ng mga iskolar ng agham panlipunan at mga kritiko ng sining at panitikan.²⁴ Ang pagbabasáng ito sa antas ng sintaks ay panimula lámang upang lalo pang maunawaan ang lampas dito: sa kabuoan ng tula, sa kabuoan ng kalipunan, sa kabuoan ng panulaan ng isang makata at ng kaniyang panahon at lipunan, sa kabuoan ng kamalayan at pang-unawa ng tao.

KONGKLUSYON

Kabalintunaan ang pagpapamagat ng sanaysay na ito, sapagkat hindi naman nito lubos at tahasang tinalakay ang noumenal at nominal. Una, sapagkat lampas sa ating pang-unawa ang noumenal at magkakasya na lámang táyo sa isang penomenolohikal na pamamaraan ng tangkang paggagap sa noumena. Ikalawa, ang kay Popa na yata ang pinakadenominalisadong tipo ng pagtula; kumbaga, ang pinakainteresanteng pag-aralan sa mga ito ay ang mga di-pangngalan at ang salansan ng mga salita. Umaasa táyo (at sa ganitong pagwiwika, nariyan ang “hayaan ang mga bagay sa kanilang sarili”) na sa tangential na posisyong ito ay magpapakita ang buod sa kaibuturan ng nais nating arukin.

Nais kong magtapos sa proyekto ng isang Pilipinong lingguwista. Ito ay ang pagtatangka ni Ernesto A. Constantino na alamin ang “deep structures” at “universal grammar” sa mga

²³ Mayroon ding “hilang-grabedad” ang mga pangngalan na mahalaga sa mga pagsipat sa penomena ng interkolokasyon, tulad ng makikita sa mga panunuri ni Ramon Guillermo na gumagamit ng computer-aided methods (Guillermo 110–114).

²⁴ Halimbawa, binigyang-pansin ni Noreen H. Sapalo sa kaniyang pag-aaral ang mga di-pangngalan para palitawin ang “diskurso ng karapatang pantao” ayon sa mga kamag-anak ng biktima ng Tokhang at mga Filipino netizen. Sinuri niya rito ang mga katagang “sana” at “dapat,” na mga pang-abay na panagano o “mga salitang nagdaragdag ng pananaw o sinasaloo ng nagsasalita sa ipinapahayag ng sumusunod na sugnay” (Ceña 119). Ipinapahayag ng “sana” ang kahilingan o pag-aasam, samantalang obligasyon o inaasahan naman ang nasa “dapat” (Ceña 119; Malicsi 86–87).

wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng kaniyang mga pananaliksik noong 1965 at 1970. Umuugat ang ganitong mga konsepto at lapit sa mga pag-aaral sa *transformational-generative grammar* ng Amerikanong lingguwista na si Noam Chomsky. Sa panunuring pampanitikan, kahanay nito ang pagbása ni Padre Francisco (na sumasalok naman mula sa linguistang si Teodoro Llamzon) na tumitingin sa magkakaibang artikulasyon sang-ayon sa sintaks (maipapalagay na *surface structure*) ngunit pareho ang pinanggagalingan o tinutuntungang pakahulugan (maipapalagay na *deep structure*).²⁵ Gayumpaman, may ginawang pagsasanib si Constantino ng luma at bágong tradisyon, sapagkat kinasangkapan pa rin niya ang pamamaraan ng American Descriptivist School (Santiago). Kalaunan, hindi na gaanong pinagtuonan ng pansin ni Constantino ang naturang framework. Nariyan din ang “Constantino-Cubar Dissensus” nang maglatag ng kritisismo ang kaniyang colleague na si Ernesto H. Cubar. Magkaiba ang kaniláng kinalulugarang pag-iisip—ayon kay Vincent Christopher Santiago (8), matatawag si Constantino na “fieldworker and data guy” at si Cubar na “library and history of linguistics guy.”

“Inabandona” man (o “naabandona”) ang proyektong pangwikang ito, mahaharaya natin na sa isang punto ng kasaysayan, naniwala ang mga mananaliksik katulad ni Constantino sa salalayan ng mga bagay at salita na magbibigay-paliwanag at dahilan sa mga ito. Masasabing magkakawing ang “deep structures” at “universal grammar” sa “human nature,” “innate organizing mechanisms,”

at “intrinsic mental schematism” (Chomsky & Foucault 7). At ang tangkang pagtuklas sa mga naturang bagay-sa-sarili-nito ay tila бага pagtuklas din sa disenyo, kundi man isip, ng Diyos.²⁶ Ang pagsapit kay Constantino ng “noumenal” (hindi noumenon) na “sanhi ng mga sensasyon” (Russell 707)—at kung gayon, ng wika at pagwiwika na rin—ay dulot ng kaniyang “pagbalik sa mga bagay mismo” bílang isang “fieldworker at data guy.” (At sana ay maaari kong masabi ang ganitong pagsasabi sa puntong ito ng kawalang-kaalaman, kundi man paghanggan sa di-alam at di-malaláman.)

Ang pagtalakay at pagsalakay ng mga postfoundationalist sa ganitong lapit at paksain ng pag-iisip, gayundin ang “pagkabigo” ng mga estrukturalista sa pag-alam ng “lagay ng mga bagay” (*order of things*) ay parehong nagpapabalik sa atin sa pagmumuni ni Kant hinggil sa noumenon. Sa isang bandá, nililinaw nito ang hangganan ng ating pag-iisip hinggil sa kalikasan ng kaalaman, wika, at agham. Sabi ni Abulad (64), “Ano ang kahahantungan kung tatanggapin natin ang kakulangan ng ating kakayahang maunawaan ang numenon o ang bagay-sa-kanyang-sarili? Una, magiging malinaw sa atin ang mga hanggahan ng ating isip, kasáma na ang mga hanggahan ng iba’t ibang agham.”

Gayumpaman, may siwang na iniwan si Kant para makalapit táyo sa noumenal, na para bang isa itong malayong planeta mahirap (ngunit di-imposibleng) marating,²⁷ sa halip na bubunuing mga sungay ng halimaw (Abulad 64). Kailangan natin ng ibang paraan ng pag-iisip upang maisip ang di-maunawaan. Hindi man *objectively sufficient* ang pag-iisip hinggil sa

²⁵ Ipagpaumanhin ang appropriation at reduction sa deep at surface structures bílang kahulugan at anyo ng artikulasyon (pasalita man o pasulat). Iba ang konsepto ng deep at surface structures na espesipiko para kay Chomsky at sa disiplina ng linguistics. Sa sipi ni Constantino (“Deep Structures” 65), “The syntactic component, according to him [Chomsky], ‘must specify for each sentence, a *deep structure* that determines its semantic interpretation and a *surface structure* that determines its phonetic interpretation.’”

²⁶ Para kay Isaac Newton, ang pag-aaral sa “likas na pilosopiya” (*natural philosophy*, na kasingkahulugan ng siyensiya o agham) ay pagtuklas sa disenyo ng Diyos. “Although the Enlightenment is synonymous with the rise of secularism and reason, Newton (1642–1727) did not approach science to replace religion. He was a religious man who believed that he was uncovering God’s design, a design that was mechanistic in a clockwork universe” (Holmes 57). Gagamitin din ng mga siyentista—lalo na ang mga physicist na pinagdedgebatehan ang mga usaping kosmolohikal—ang “Diyos,” hindi bílang isang aktuwal na manlilikha at layon ng pagsamba, kundi bílang isang noumenon na dahilan ng lahat ng mga umiiral. Ito, kung gayon, ang magsisilbing siyentipikong paliwanag para sa kalikasan at lagay ng mga bagay. Matatandaan dito ang pagsasabi ni Albert Einstein na “Hindi ako kumbinsidong naghahagis ng dice ang Diyos,” bílang puna sa teorya ng quantum mechanics (partikular sa Copenhagen interpretation), na sinagot naman ni Niels Bohr, “Einstein, huwag mong utusan ang Diyos kung anong gagawin.” Nariyan din ang paggamit nina Paul C.W. Davies (“The Mind of God”) at Michio Kaku (“The God Equation”).

²⁷ Natutukso akong ikabit dito ang pagtingin mismo ni Kant sa sarili niya kaugnay ng pagsulong ng agham, lalo na sa astronomiya, sa kaniyang panahon: “In the preface to the second edition [of the *Critique of Pure Reason*] he compares himself to Copernicus, and says that he has effected a Copernican revolution in philosophy” (Russell 707).

noumenal, ito naman ay maaaring *subjectively sufficient*.²⁸ Konsistent pa rin ito sa pahayag ni Abulad (64): “Pangalawa, magbibigay ito ng panibagong sigla sa lahat ng mga larangan, sapagkat mula ngayo’y walang larangan na mawawalan ng kabuluhan sa dahilang ang lahat ng ito ay pawang phenomenal lámang. Ang katwiran ng tao ay nagiging malaya. Hindi na dapat katakutan ang pagsasaliksik hanggang sa kahuli-hulihang kongklusyon, ano man ang kahahantungan nito.”

At ano pa nga bang larang ang nagpapakadalubhasa sa ganitong trabaho ng pagtutulay ng *kaalaman* at *paniniwala* kundi ang panulaan? Nasa kamay ng makabágong makata ang pagsasalikop ng agham at panitikan para sa “pagtuklas ng kagandahan ng Sining” (Francisco 28). Kung gayon, ang tungkulin ng pagtula ay mas nasa pag-iisip kaysa pag-alam. O ‘di kaya, pag-alam hinggil sa anyo at kalikasan ng ating pag-iisip. Ang paglalayag patungo sa walang hanggang hangganan ay pagbalik sa sarili, sapagkat ang lahat ng daan ay daan pauwi. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Abad, Gémino H. *Past Mountain Dreaming*. University of the Philippines Press, 2015.
- Abulad, Romualdo E. “Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas.” *Malay*, tomo 1, blg. 1, 1981, pp. 57-68.
- Almario, Virgilio S. “Palabas at Paloob: Tambalang Mukha ng Pagtula.” *Philippine Humanities Review*, tomo 16, blg. 1, 2014, pp. 69-91.
- Almario, Virgilio S. *Balagtasismo versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Komisyon sa Wikang Filipino at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2016.
- Bachelard, Gaston. *The Poetics of Space*. Beacon Press, 1969.
- Baquiran, Romulo P. Jr. “Lirisismo at Ultra-Retorikismo sa mga Bagong Tula ng mga Kabataang Makata sa Filipino.” *Hulagwáy*, tomo 4, blg. 1, 2004, pp. 97-123.
- Baquiran, Romulo P. Jr. *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular*. University of Santo Tomas Publishing House, 2014.
- Bautista, Cirilo F. *Tinik sa Dila: Isang Katipunan ng mga Tula*. University of the Philippines Press, 2003.
- Beduya, Jose Perez at Allan Popa. “Translations of Poems from Morpo.” *Kritika Kultura*, tomo 23, 2014, pp. 359-372.

²⁸ Mababasa sa mga sulatin nina Thomas Kuhn, Michel Foucault, Imre Lakatos, at Paul Feyerabend ang pag-atake sa ganitong mga categorya ng “subjectivity” at “objectivity” sa agham. Sinipi rin ni Abulad (60) sina Kuhn at Feyerabend bilang mga kontemporaneong halimbawa hinggil sa usapin ng “pilosopiya ng siyensiya” at “siyentipikong pilosopiya.” Gayumpaman, iginigiit ni Palmquist (102, 70f, may bahagyang tugon kay Oakes) na para kay Kant, parehong maaaring magpahayag ng “katotohanan” ang kaalaman at paniniwala. Moral ang katotohanang pampaniniwala. Dito rin maikakabit ang paghusgang estetiko (hinggil sa kagandahan), na mailalap sa panulaan.

Chomsky, Noam at Michel Foucault. *The Chomsky-Foucault Debate on Human Nature*. The New Press, 2006.

Certeau, Michel de. *The Practice of Everyday Life*. University of California Press, 1984.

Ceña, Resty M. *Sintaks ng Filipino*. National Commission for Culture and the Arts, 2012.

Constantino, Ernesto. "The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages." *Lingua*, tomo 15, 1965, pp. 71-124.

Constantino, Ernesto. "The Deep Structures of the Philippine Languages." *The Archive*, tomo 1, blg. 2, 1970, pp. 65-79.

Derrida, Jacques. *Of Grammatology*. Isinalin ni Gayatri Chakravorty Spivak, The Johns Hopkins University Press, 1974.

Derrida, Jacques. "Différance." *A Derrida Reader: Between the Blinds*, inedit ni Peggy Kamuf, Columbia University Press, 1991, pp. 59-79.

Deyto, Epoy. *The Years of Permanent Midnight and Other Essays*. tollidBilly, Shonenbat Collective, 2021.

Eliot, T.S. *The Use of Poetry and the Use of Criticism*. Faber and Faber Limited, 1935.

Engelland, Chad. *Phenomenology*. Massachusetts Institute of Technology, 2020.

Francisco, Jose Mario. "Wika: Lagusan ng Makata." *Katipunan*, tomo 1, blg. 1, 1971, pp. 25-39.

Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002.

Garcia Villa, José. *Selected Poems and New*. Bookmark, Inc, 1993.

Guillermo, Ramon. "Ang Kasaysayan ng 'Sariling Uica': (O Kun Sino ang Kumatha ng 'Sa Aking mga Kabata')." *Humanities Diliman*, tomo 18, blg. 2, 2021, pp. 93-119.

Hernandez, Amado V. *Isang Dipang Langit*. Ken, Inc., 1961.

Holmes, Barbara A. *Race and the Cosmos: An Invitation to View the World Differently*. Trinity Press International, 2002.

Malicsi, Jonathan C. *Grammar ng Filipino*. Sentrong Wikang Filipino – UP Diliman, 2013.

Noceda, Juan de at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la lengua tagala*. Valladolid: Imprenta de Higinio Roldan, 1832.

Nolasco, Ricardo Ma. Duran. "Kung Bakit ang 'Ay' na Pangungusap ay Karaniwan ang Ayos." *Facebook*, 28 Mayo 2021, <https://bit.ly/44Q2Pso>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.

Oakes, Robert A. "Noumena, Phenomena, and God." *International Journal for Philosophy of Religion*, tomo 4, blg. 1, 1973, pp. 30-38.

Palmquist, Stephen. "Kant's 'Appropriation' of Lampe's God." *The Harvard Theological Review*, tomo 85, blg. 1, 1992, pp. 85-108.

Panganiban, J. Villa, C.T. Panganiban, at G.E. Matute. *Panitikan ng Pilipinas*. Bede's Publishing House, 1987.

Paz, Consuelo J., Viveca V. Hernandez, at Irma U. Peneyra. *Ang Pag-aaral ng Wika*. University of the Philippines Press, 2003.

Pinsky, Robert. *The Figured Wheel*. Farrar, Straus and Giroux, 1996.

Popa, Allan. *Basta*. Ateneo de Manila University Press, 2009.

Popa, Allan. *Narkotiko at Panganorin*. Ateneo de Manila University Press, 2018.

Popa, Allan. *Autopsiya ng Aking Kamatayan*. Tala Antala, 2019.

Popa, Allan. *Kami sa Lahat ng Masama*. Aklat Ulagad, 2021.

Popa, Allan. *Kundi Akala*. Aklat Ulagad, 2021.

Popa, Allan. *Morpo*. Aklat Ulagad, 2021.

Popa, Allan. *Libot ng Durungawan*. Aklat Ulagad, 2021.

Popa, Allan. "Jerry Gracio hinggil sa KAMI SA LAHAT NG MASAMA." *Facebook*, 16 Setyembre 2021, <https://bit.ly/3QjX6XV>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.

Popa, Allan. *Walang Pagsidlan*. Aklat Ulagad, 2022.

Richards, I. A. *Poetries and Sciences*. W.W. Norton & Company, Inc, 1970.

Russell, Betrand. *A History of Western Philosophy*. Simon and Schuster, 1945.

Santiago, Vincent Christopher A. "The Constantino-Cubar Dissensus and Philippine Language Description." Ibinahaging papel sa 5th Linguistic Society of the Philippines International Conference, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, City of Iligan, Lanao del Norte, 29 Abril 2023.

Santos, Vito C. *Vicassan's Pilipino-English Dictionary*. Anvil Publishing, Inc., 2006.

Sapalo, Noreen H. "A Digital Ethnography of Human Rights Discourse: The Case of Tokhang Victims." Online na panayam sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) Center for Inclusion and Diversity, *Facebook*, 21 Setyembre 2021, <https://bit.ly/3ryqSh8>. Inakses noong 15 Hulyo 2023.

Saussure, Ferdinand de. *Course in General Linguistics*. Columbia University Press, 1959.

Timbreza, Florentino T. *Quest for Meaning: Philosophy Made Easy for Filipinos*. New Day Publishers, 2000.

UP Diksiyonaryong Filipino [UPDF]. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2001.



Si EMMANUEL JAYSON V. BOLATA ay kasalukuyang instruktur sa Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nitong 2020, inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman ang kaniyang aklat, *Hindi Lang Basta Bata: Mga Pananaliksik at Panunuri sa Kasaysayan at Panitikang Pambata*. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang tesis masterado hinggil sa Pilipinong resepsiyon ng modernong kaalamang astronomiko. Email address: evbolata@up.edu.ph

Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas

EB PEREZ-BELLEN

epbellen@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Sa tunguhin na isang agham konserbasyong Pilipinisado, kailangang sikapin ang pagbuo ng bokabularyo nito na mula sa lokal na kaalaman. Marami nang mga bansa ang nagkakatalogo ng mga lokal na pangalan ng ibon lalo na ang mga bansang mayayaman ang kultura at endemik na biyodibersidad, at maaaring punan ang puwang na ito sa konteksto ng Pilipinas sa pamamagitan ng formalisado at masigasig na pagtipon ng mga pangalan. Bílang panimula, isinagawa sa papel ang isang rebyu ng iba't ibang manwal at dihital na batis upang tipunin ang mga lokal na pangalan ng dalawampung ibon na may malalawak na saklaw (*range*) sa Pilipinas. Nagsagawa rin ng aktibong pagtatanong sa mga grupong may interes sa ibon. Matagumpay na nakapagtalâ ng 165 na pangalan sa panimulang katalogo; 107 dito ay natukoy ang etimolohiya. Pinakamalaking bahagdan ang mga pangalang nagmula sa huni ng ibon (55), sumunod ang mula sa Kilos/Ugali (27), Morpolohiya (14), at pinakakaunti ang Habitat (11). Iminumungkahing pagyamanin pa ang nasimulang katalogo at magsagawa ng mas targeted na mga sarbey sa mga komunidad kapag tapós na ang kuwarentenas upang matiyak ang kawastuan ng katalogo at makapagtalâ pa ng mahigit sa dalawampung species.

Susing salita: etno-ornitolohiya, etnobiylolohiya, ibon, agham konserbasyon

ABSTRACT

Towards a truly Philippinized conservation science, there needs to be an effort to form and collate a vocabulary borne from local knowledge. Several countries have already catalogued the local names for their avian population especially regions who have a rich and diverse culture and endemic biodiversity, and this gap may be addressed in the Philippine context through a formalized and intensive collection of names. As a preliminary step, the paper reviewed different manual and digital sources to collate various local names of twenty species of birds with wide ecological ranges in the Philippines. Active asking of questions was also done among groups interested in birds and birdwatching. There were 165 names successfully listed; the etymology was determined for 107 of these names. Names derived from birdcalls had the highest percentage (55), followed by Behavior (27), Morphology (14), and Habitat (11). It is recommended to enrich the preliminary list and initiate a more targeted style of surveying in local communities once the quarantine has been lifted to ensure correctness of the catalogue and list names of more than the twenty species considered.

Key words: ethno-ornithology, ethnobiology, birds, conservation



INTRODUKSIYON

Nananatiling kanluranin (Cannon) ang maraming aspekto ng agham konserbasyon, kung saan ang mga polisiya ay madalas na nakabalangkas ayon sa modelong *top-down* (i.e., ang mga polisiya't proyekto'y nanggagaling sa isang "eksperto" at ipapatupad sa "ibabâ"). Sa pagbuo ng listahan ng babasahin hinggil sa deskolonisasyon ng konserbasyon, marami pang natukoy si Cannon na mga isyu bukod sa nabanggit na *top-down* na modelo, gaya ng militarisasyon at karseral na konserbasyon, *displacement*, pagkamkam ng lupa at Lupaing Ninuno para sa mga proyektong pangkonserbasyon, modelong moog (*fortress*) na konserbasyon, pamamanaog ng mga dayuhang siyentista sa bansa upang magsagawa ng saliksik pangkonserbasyon para sa sariling propesyonal na kapakanan nang walang intensiyong bumalik o magsabalikat ng proyekto (*parachute science*), at marami pang iba. Ito ang kinakaharap ng maraming

neokolonyal na bansa. Ibig sabihin, malaki pang espasyo at puwang ang maaaring punan upang lumayo sa pagkakanluraning ito at sumabay sa Pilipinisasyong nagaganap sa kalakhang akademya. Isa sa mga espasyong ito ay ang pormal at masigasig na pagkalap ng mga lokal na ngalan ng iba't ibang organismo sa Pilipinas—partikular na papaksain ng papel na ito ang mga ibon. Ang etnobiyo-lohiya (ang larang na sumisiyasat ng ugnayan ng tao at kaniyang kapaligiran) ay isang medyo bagong larang na masigla ang saliksik sa iba't ibang bahagi ng mundong may mayamang tradisyonal na kaalaman gaya ng mga pangkat-etniko sa Africa (Deikumah et al. 1–13), sa Timog America (Ibarra et al. 89–100), mga Maori ng New Zealand (Wehi et al. 1–9) at mga katutubong Aborihen ng Australia (Abbott 213–278). Kung tutuosin, maihahambing sa mga nabanggit ang yaman ng Pilipinas, kapuwa sa bilang ng katutubò o endemik na biyodibersidad (saribúhay)¹ nito at sa bilang ng mga wika at kulturang

¹ Minarapat na panatilihin ang paggamit ng "biyodibersidad" (hiram mula sa Kastilang *biodiversidad*) sa halip na "saribúhay" mula sa Maignaying Salin. Ikinakatwirang bagaman hindi taal sa mambabasa ang parehong kataga, ay mas intuwitiba at naiintindihan ang saling "biyodibersidad" kaysa neolohismong "saribúhay". Nauunawaan ang merito sa paggamit ng "saribúhay" gayong mas banayad ito sa pandinig, kayâ binanggit na lámang ito sa loob ng panaklong sa unang banggit ng katagang biyodibersidad.

matatagpuan dito. Subalit wala pang gaanong formalisadong tangka na banghayin ang lokal na nomenklatura ng mga ibon sa bansa. Sa paghahanap ng mananaliksik, dalawa lámang ang seryoso at eksklusibong tinalakay ito (Ploeg & van Weerd 127-131; Gonzalez 149-160). Ang lokal na nomenklatura ng mga ibon sa Pilipinas ay yamang kaalamang kailangang aralin at maisateksto hindi lang para sa halagahin nito sa mga proyektong pangkonserbasyon bagkus sa mismong intrinsikong halaga ng sariling wika bago pa ito mawala sa leksikon ng madla.

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ang mabanghay ang bansag sa mga ibon sa iba't ibang wika at diyalekto ng Pilipinas. Lilimitahan ang paksang ito sa pagsiyasat ng mga pangalan ng yaon lámang dalampung (20) species na may pinakamalawak na saklaw (*range*). Tunghin din ng saliksik ang sumusunod na espesipikong layunin:

1. Matukoy ang wikang pinagmulan ng mga pangalan;
2. Matukoy at mapaghambing ang etimolohiya ng mga pangalan;
3. Mailarawan ang mga batis at táong pinagkunan ng datos at ang mga katangian nito/nila bílang mga repositoryo ng kaalaman; at
4. Magbigay ng iláng mungkahi kung paano pang mapagyayaman ang panimulang katalogo at paano pasimunuan ang iba pang pagsasabalikat sa ibang bahagi ng bansa.

TRADISYONAL NA KAALAMANG PANG-EKOLOHIYA AT PILIPINISASYON NG AGHAM KONSERBASYON

Hindi susubukin ng papel na bumuo ng tesis tungkol sa Pilipinisasyon ng Agham Konserbasyon sa akademya o sa kalakhang praktis nito. Bagkus, ang bahaging ito ay naglalayon lámang na bigyang simulain at rasyonal ang pagsasagawa ng ganitong uri ng pananaliksik.

Hindi na bago ang konsepto ng tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya sa literatura ng agham konserbasyon. Umusbong ang interes sa pag-aaral nito bago pa ang kilusang deskolonisasyon sa akademya sa nagdaang dalawang dekada (Tuck & Yang 63-73). Marami itong anyo sa larang ng ekolohiya, mula sa mga pag-aaral na tinatalakay ang pagbawi ng mga popular

na naratibo tungo sa katutubòng kamalayan (Grove 15; Rubis 813-827), pagsisiyasat sa sosyopolitikal na kapangyarihan ng mga institusyong nagsasagawa ng konserbasyon (Barber et al. 187-210; Arlyne et al. 3), at aktibong pananaliksik ng mga tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya at mga aplikasyon nito sa konserbasyon (Kimmerer 434-438; Drew 1286). Mayroon nang iláng katumbas nito sa konteksto ng Pilipinas. Halimbawa, tinalakay nina Gabriel (7-17) ang gampanin ng katutubòng kababaihang Dumagat at Ikalahan-Kalanguya sa pangangalaga ng kagubatan. Kinasangkapan naman nina Lavidés (238-243) ang tradisyonal na kaalamang ekolohikal sa pagtukoy ng bilis at dahilan ng pagkawala ng mga isda sa katubigan ng Bohol. Tinalakay rin nina Farley (44-50) ang halaga ng pag-igpaw sa limitasyon ng agham at ang kabutihang dulot ng kolaborasyon ng iba't ibang larang, gaya ng antropolohiya, tungo sa isang transdisiplinaring konserbasyon, habang inaaral ang mga sistemang bakawan ng Pilipinas.

Upang mapagtibay pa ang rasyonal na saligan ng papel, ginamit na batayang konsepto ang Pantáyong Pananaw (Salazar) at Sikolohiyang Pilipino (Enriquez) sa konteksto ng agham konserbasyon. Bagaman malayo ang epistemolohiyang pinanghuhugutan ng agham konserbasyon sa sikolohiya at historiograpiya, maaari pa ring iugnay ang mga ito. Una, sang-ayon sa pagsasakatutubòng tunguhin ng dalawang konsepto ang preperensiya sa tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya. Bagaman may mga isyu nang umiinog ukol sa mga patibong (*pitfalls*) na kinakaharap kung ikakahon ang mga katutubò bílang “tagapangalaga ng kalikasan” o *stewardship conservation* (i.e., na may mas malaking talastasang kailangang gawin hinggil mismo sa kakayahang mamuhay ng mga katutubò nang hindi hinihiwalay ang sarili sa kanilang kapaligiran at na hindi lang sila simpleng hiwalay na tagapangalaga nito) (Büscher & Fletcher 288), ang interes at pagpapasinaya sa ganitong uri ng pagtatanong at pananaliksik, isang uring sinusubok umalpas sa mga kanluraning konsepto (gaya ng eksklusyonaryong sistemang *protected areas* (Büscher & Fletcher 290) ay masasabing pasók sa dibuho ng Pantáyong Pananaw. Ang mga pagsisikap na ito ay inaasahang maging tulay tungo sa isang Pilipinisadong agham konserbasyon. Tungo ito, sa palagay ng

mananaliksik, sa isang agham konserbasyong may pagsasaalang-alang (o di kayâ'y pagkiling) sa karunungan at karanasan ng mga táong kagyat na naninirahan sa lupang inaalagaan.

KASALUKUYANG PAGPAPANGALAN NG MGA IBON

Sa kasalukuyan, ang bernakular na mga pangalan ng ibon ay buhat sa International Ornithological Community (IOC) World Bird Listisang listahan ng mga pangalang iminumungkahi ng IOC bilang estandard sa buong mundo, bagaman ang nilalaman nito ay mga suhestiyon lámang (Driver & Bond 1492). Di tulad ng mga siyentipikong pangalan na may mga estriktong tuntunin, ang mga bernakular na pangalan sa Ingles ay hango sa mga pangalang ibinigay ng mga naturalista at biyologong “unang” nagpangalan nito sa kasaysayan ng kanlurang iskolarsyip (Driver & Bond 1493). Ang mga pangalang ito’y madalas deskriptib mula sa pag-aaral ng mga hinúling espesimen, ngunit minsan ay idinaragdag ang pangalan ng iláng Europeong biyologong “nakatuklas” nito bilang karangalan. Sa pag-aaral nina Gillman at Wright (2), madalang ding bigyang prioridad ang mga pangalang taal at katutubò bagaman mas luma at “orihinal” ang mga pangalang ito. Datapuwa’t kung susubukin ngang ibalik ang mga katutubòng pangalan sa teknikal na usapin, iláng reserbasyon din ang lututang hinggil dito gaya ng (1) aling mga pangalan ang nararapat piliin at bigyan ng pansin (dahil sa dami ng iba’t ibang katutubòng pangalan), (2) maaari bang lumikha ng mga neolohismong mas “lokal” o indihenisado sa pandinig upang palitan ang mga banyagang pangalan, at (3) sino ang may karapatang magpapasya ng mga ito (McGlone et al. 1–2). Gayunman, marami nang pagkilos ang nailathala sa huling dekada tungo sa pagkilala sa mga katutubòng pangalan bilang bahagi ng talastasang akademiko (Gillman & Wright 1–3; Franco 1– 3).

PAG-AARAL NG MGA LOKAL NA PANGALAN NG IBON

Bahagi ng tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya ang mga lokal na pagpapangalan sa mga ibon. Masigla ang mga pag-aaral gaya nito sa iba’t ibang bahagi ng mundo.

Tinalakay nina Koopman, et al. (16–22) ang *folk taxonomy* o yaong lokal na pagkakategorya ng mga ibon sa Timog Africa. Dinalumat din nito kung paano nawawala ang paggamit ng mga lokal na pangalan dulot ng globalisasyon, at mga alitan sa pagitan ng mga grupong nais isabalikat ang estandardisasyong Ingles laban sa mga grupong nagsusulong ng pagpapanatili ng mga lokal na pangalan.

Ilinarawan ni Louwrens (98–105) ang sistematikong pag-uuri ng mga ibon ng pangkat-etnikong Sotho sa Africa--- na bagaman mas detalyado pa rin ang taxonomiyang Linnaean, may antas pa rin ng pagiging maingat at siyentipiko ang kanilang pagkakategorya na maaari pa ngang mas taal o intuwitiba para sa grupong ito, at hindi lang basta listahan ng mga salita sa isang bokubalaryo.

Sa Australia, nakalikha naman ng isang komprehensibong listahan ng higit tatlong libong pangalan ng ibon mula sa iba’t ibang wika at diyalekto ng mga katutubòng Aborihen (Abbott). Tinalakay rin ang iláng mungkahi para sa transisyon kung paano ito magagámit sa ornitohikal na saliksik at konserbasyon.

Sa New Zealand, tiningnan nina Wehi, et al. (1–9) kung ang paggamit ba ng mga lokal na pangalang Maori sa komunikasyong pang- agham at mga pahayagan ay nakatutulong sa pagtaas ng antas ng pagpapahalaga ng publiko sa biyodibersidad. Tinalakay rin nilá ang iláng espesipikong mga salik, gaya ng pagsasaalang-alang sa rehiyonal na mga varyant at konsultasyon sa mga nabubúhay na pangkat, upang matagumpay na maisapubliko ang mga kampanya para sa biyodibersidad nang may paggalang sa mga pinagkunang kultura.

Sa Timog America, sinikap nina Ibarra (89–100) na tipunin ang mga bansag sa ibon ng pangkat-etnikong Mapuche sa Chile at bigyang kategorya ito ayon sa etimolohiya ng bawat pangalan (e.g., ang ibang ngalan ay nagmumula sa pagsasahimig ng mga huni ng ibon, ang iba ay mula sa hitsura, atbp.). Interesante ring kabatiran halaw sa pagkakategoryang ito na primaryang pinagbabatayan ng mga katutubòng grupo ang mga tunog at huni upang tumuring sa mga ibon, di gaya ng Ingles na detalyadong hitsura ang pinagbabasehan. Ipinagpalagay pa nga ng mga mananaliksik ang teorya ng *sonic incarnation* o na, para sa mga Mapuche, ang mismong pag-iral o eksistens ng mga ibon ay ang mga tunog na kaniláng

naririnig, at sekundarya na lámang ang biswal na kumpirmasyon (di gaya ng nakagawiang ang eksistens ng ibon ay ang namamasdan nitong katawan, at ang mga tunog ay ginagawa lámang ng katawang ito).

Lahat ng ito ay mga ekolohikal na saliksik na nagtataguyod ng kalinangang bayan ng isang bansa.

MGA LOKAL NA PANGALAN NG IBON SA PILIPINAS

Sa pananaliksik, dalawang papel lámang ang nakítang seryosong tinalakay ang mga lokal na pangalan ng ibon sa Pilipinas.

Inilista nina van der Ploeg at van Weerd (127–131), kapuwa banyagang mananaliksik, ang mga lokal na pangalan ng ibon para sa mga katutubòng Agta ng Sierra Madre. Sila'y nagpakità ng mga retrato sa anim na katutubò at nagtanong ng akmang pangalan na ginagámit sa mga ibon na ito. Pagkatápos ay kinumpirma ang mga datos na ito sa pamamagitan ng aktibong obserbasyon sa kagubatan kasáma ang mga katutubò. Sa isang mababaw na sipat, masasabing isinulat ang saliksik sa pansilang pananaw, litaw lalo na sa paglalarawan ng mga mananaliksik sa pangkat-etnikong Agta, sa madaliang pagbuo ng kongklusyon sa iláng “pagkakamali” ng mga nakapanayam dahil lámang hindi ito naaayon sa literatura, gayundin ang hindi pagsáma sa mga nakapanayam (na silang batis ng kaalamang nailimbag) sa listahan ng mga awtor.

Sa *Enumerating the Ethno-ornithological Importance of Philippine Hornbills*, binanghay ni Gonzalez (149–160) ang mga kaugalian at halagahing umiikot sa ibong kalaw/tariktik sa iba't ibang bahagi at etnolinggwistikong grupo ng Pilipinas—bilang palamuti, bilang pagkain, sa paniniwala, sa sining at iba pang interaksyon. Natukoy niyang halos lahat, kung di man lahat, ng lokal na pangalan para sa *hornbill* ay nagmula sa mga huni nito. Kaniya ring ipinanukala sa papel ang iláng maaaring opisyal na pangalan ng mga kalaw sa wikang Filipino na sumusunod sa simpleng format na *lokal na pangalan* + <ng> + *rehiyon na saklaw ng teritoryo ng naturang species*; halimbawa ang *Kalaw ng Luzon* o *Tariktik ng Samar*.

Matatagpuan naman sa mga *field guide* ang iba pang pagsisikap na isáma ang mga

lokal na pangalan bagaman madalas ang mga ito ay kulang-kulang, o matagal nang hindi napaglinang (*outdated*). Madalas ding ang pagsáma nito sa publikasyon ay bilang pahabol lámang o ayon sa diwang *by-the-way* at hindi siyang tunay na pokus ng teksto. Halimbawa nito ay ang *Philippine Birds and Mammals* ni Dioscoro S. Rabor (1977) na may kalumaan na. Sinikap ni Rabor na tapatán ng mga lokal na pangalan ang mga ibong nakalista kaakibat ng wikang pinagmulan nito (Iluco, Tagalog, Bisaya, atbp.). Hinango naman nina Robert S. Kennedy (2000) ang lokal na mga pangalang nailista ni Rabor upang magámit sa pagpapalimbag ng *A Guide to the Birds of the Philippines*, isa sa pinakasikat na kontemporaryong *field guide* ng mga ibon sa Pilipinas. Sa pagsuyod ng mga pangalang ito ay walang nakítang dagdag mula Rabor tungong Kennedy.

Kalát naman sa iba't ibang sulok ng internet ang iba pang mga pangalan, mula sa mga pang-edukasyong paskil ng mga institusyon at organisasyong pangkalikasan (e.g., Haring Ibon, Birding Philippines, Wild Bird Club of the Philippines, mga brochure ng mga establisyemientong panturismo at mga *country club*) hanggang sa personal na entri ng mga *birdwatcher* sa kani-kanilang pagpapaskil.

METODO

Dahil sa pagsubok ng pandemya, hindi maaaring pumunta at magtanong-tanong ang mananaliksik sa mga komunidad hinggil sa kanilang lokal na kaalaman. Sa halip, gagamitin ng pananaliksik ang sumusunod na metodo:

- pananaliksik sa iba't ibang batis (literature) gaya ng mga iskolarling papel at mga libro
- panayam sa mga nagsasagawa ng sipat-ibon (*birdwatching*) bilang libangan o propesyon
- paggamit ng Facebook Groups at dihital na datos sa mga grupo o lathalaing may interes sa ibon
 - o pasibong pagmamasid sa mga koment at entri ng mga pagturing sa ibon sa sari-sariling wika
 - o aktibong pagtatanong sa pamamagitan ng pagpapaskil sa grupo

Dahil masyadong maraming species ng ibon ang matatagpuan sa Pilipinas na may iba't ibang lokal na pangalan, kakambal pa ng napakaraming wika at diyalekto, lilimitahan lámang sa dalawampung (20) species na may pinakamalawak na saklaw (*range*) (Kennedy et al. 12–13; Allen, 32–377) ang hahanapan ng datos. Sa gayon ay inaasahan ang pinakamaraming varayti ng mga pangalan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Hindi na rin muna isasáma ang mga ibong-tubig na maraming pinatutungkulan buhat sa isang pangalan gaya ng mga species sa ilalim ng «pato,» «tagak,» at «tikling.»

RESULTA AT TALAKAYAN

Sa preliminaryong paghahanap ng datos, madalas nakíta ang paggamit ng lokal na pangalan sa mga ilegal na espasyong dihital kayâ't minarapat na isáma sa lista ang sumusunod na species na madalas ikalakal: *Phapitreron leucotis*, *Tanygnathus lucionensis*, *Caprimulgus manillensis* at *Acridotheres cristatellus*; ang tatlong nauna ay mga endemik sa Pilipinas.

Matagumpay na nakapagtalâ ng 165 iba't ibang pangalan ng ibon. Ang mga ito ay masisipat sa Hanay 1 ng Apendiks.

May mga pangalang magkakakorte o kogneyt ng isa't isa. May kalayaang isinagawa ang pagpapasya kung ang dalawang pangalan ay bibilangin bílang isa lámang o dalawang magkaibang pangalan. Sa pangkalahatan, sinunod ang mga tuntunin sa ibabâ:

- Kung patinig na <e/i> o <o/u> lang ang pinagkaiba ng pangalan, bibilangin ito bílang isang entri lámang (hal. perok-perok, pirok-pirok)
- Kung magkahawig ang baybay ngunit nagkaiba sa isang katinig, ituturing pa rin itong dalawang magkaibang ngalan (hal. palago, parago)
- Kung ang isang pangalan ay pag-uulit ng isa pa, ituturing pa rin itong dalawang magkaibang ngalan (hal. sayaw, sayaw-sayaw)

Inangkop ang mga kategorya nina Ibarra, et al. (91) sa pag-uuri ng etimolohiya ng mga pangalan ng ibon ng grupong Mapuche upang isaayos ang mga etimolohiya ng pangalan sa saliksik. Sa kanilang pananaliksik, nakalikha sila ng limang kategorya: pagsasahimig


(*onomatopoeia*), hitsura/morpolohiya (*appearance*), ugali/kilos (*behavior*), dúlot na pakiramdam (*sensory perception*) at habitat. Piniling tanggalin ang kategoryang “dúlot na pakiramdam” (i.e., sa mga Mapuche, minsan ay iginagawad ang pangalan hango sa pakiramdam na dúlot ng ibon sa kung sino man ang makakità nito), dahil hindi ito lumabas sa alin mang resulta. Pinili ring isalin ang *onomatopoeia* tungong “pagsasahuni” sa halip na “pagsasahimig” dahil mas akma ito sa talakay. Ang pinal na apat na kategorya ay:

- Pagsasahuni- ang pangalan ay nagmula sa huni ng ibon
- Morpolohiya- ang pangalan ay nagmula sa hitsura ng ibon
- Kilos/ugali- ang pangalan ay nagmula sa kilos ng ibon tuwing ito ay makikíta, o mga araw-araw na kaugalian ng ibon
- Habitat- ang pangalan ay nagmula sa lugar kung saan madalas natatagpuan ang ibon

Ang mga pangalan ay ihinambing sa mga bokalisasyong isinateksto ni Allen (32–377) at pinakinggan din ang bawat isang huni sa xeno-canto.org, isang repositori ng mga huni at mga tuwit ng ibon, upang matukoy kung nagmula ba ito sa pagsasahuni. Tinanong din, kung maaari, ang mga sumagot sa paskil kung kaniláng mabibigyan ng idea kung bakit naging ganoon ang pangalan ng ibon. Paminsan ay nagtanong-tanong sa mga bihasa sa wikang pinagmulan upang mabigyan ng matalinong haka ang etimolohiya ng pangalan. Hindi inilista kung hindi gaanong tiyak ang atribusyon sa kategorya.

Sa 165 na pangalang ito, natukoy nang may kasiguruhan ang etimolohiya ng 107 pangalan. Sa nalalabíng 58, ipinagpapalagay na maaari pa rin itong hanapan ng etimolohiya, bagaman litaw sa ibang mga pangalan dito ang pagiging ganap na salita para sa isang buong klase o hugis ng ibon. Halimbawa, ang “maya”, bagaman hindi nahanapan ng etimolohiya ay mapapansing ugat ng iba pang uri nito gáya ng “mayang pula” at “mayang kosta”. Gayundin ang “tamsi” na marahil ay ganap na salitang Bisaya para sa mga ibong nása ilalim ng pamilya *Nectariniidae* dahil sa mga varyant nito gaya ng “tamsi nga pula”. Halimbawa pa ang “denas” bílang salitang Kapampangan para sa maliit na ibon at sinasari bílang “denas malutu” at “denas pale”. At panghulí

ay ang “bilit” at “langgam” na salin lámang ng salitang ibon sa Iluko at Bisaya, ngunit ginámit bílang pangturing sa “ibong simbahan”, “bilit balay” at “langgam pari”. Ipinagpapalagay na marahil itong pagiging ganap na salitang may malayong ugat at etimolohiyang hindi halata ay tunay rin sa iba pang ngalang hindi matukoy ang etimolohiya. Halimbawa’y siguro ang “galansiyang” ay maaari nang tawag sa iba-ibang uri ng ibong *starling* noon pa man.




Dayagram 1. Bahagdan ng mga pangalan sa bawat etimolohiya

Makikíta sa Dayagram 1 ang dami ng bawat pangalang natukoy ang etimolohiya sa bawat kategorya.

Halimbawa ng pagsasahuni ay ang pangalang “korokotok” ng *G. striata* na mula sa huni ng malakalapating “kru... kru...”. Halimbawa naman ng etimolohiyang morpolohiya ang katawagang “maria kapra” sa *R. nigritorquis* dahil sa malaabaniko nitong buntot. Ang parehong ibon ay tinatawag ding “pandanggera”, “paypago” o “bangkiyod” dahil naman sa kilos o ugali nitong pagpaypay ng buntot na parang sumasayaw o kumikiyod. Halimbawa naman ng habitat ang katawagan sa *L. atricapilla* na “denas pale” o mayang palay dahil madalas itong nakikíta sa mga sakahan at palayan (Kennedy et al.; Allen 32–377).

Nangunguna ang mga pangalang nagmula sa huni ng ibon na may bílang na 55. Sumunod ang mula sa Kilos/Ugali (27), Morpolohiya (14), at pinakakaunti ang Habitat (11). Sinusundan ng ganitong bahagdanan ang omnipresens ng etimolohiyang pagsasahimig sa pandaigdigang konteksto na ipinanutala nina Ibarra, et al. (2020) nang kaniláng gawan ng sintesis ang iba pang pag-aaral ng mga lokal na pangalang pang-ibon ng mga katutubóng grupo sa mundo. Maipapaliwanag anílá ito sa teoryang

umwelt-umgebung (Von Uexküll 19–29). Ang *umwelt* ay ang danas at paggilalas ng isang organismo sa mundong kaniyang ginagalawan; iba ang *umwelt* ng kuto, halimbawa, sa *umwelt* ng tao. Ang *umgebung* naman ay ang pag-iral ng isang organismo sa *umwelt* ng isa pa. Ibig sabihin, interesante sa ating maunawaan ang *umgebung* ng ibon sa *umwelt* ng tao, o yaong referens ng pag-iral nito sa mundo’t danas ng tao (maaaring balahibong bagwis, bakás ng paa, o, pinakamadalas, ang kanilang huni)—na ang pangunahing persepsiyong nawawari ng tao sa mga ibon (silang madalas na lumilipad o nakatago sa kakahuyan) ay ang kaniláng huni. Samakatwid, ang primaryang semiotikong pag-iral ng ibon sa *umwelt* ng tao (noong wala pang teknolohiya para sa malapitang pagsipat gámit ang mga baynokyular, o preserbasyon para sa malapitang eksaminasyon) ay hindi “*isang maliit na nilalang na may dalawang paa at may ganito o ganireng kulay*”, bagkus *isang ingay/tunog*. Subalit dahil ang ganitong pagpapaliwanag ng penomena ay nakaugat sa espesipikong mga karanasan ng iba’t ibang katutubóng grupo ng mundo, hindi pa panatag ang may-akdang lumikha ng kongklusyon para sa saliksik na ito na may kalawakan ang saklaw. Gayumpaman, solidong haypotesis o hinuha na ito para ipaliwanag ang pagkamayorya ng etimolohiyang pagsasahuni sa nakalap na datos.



Dayagram 2. Bahagdan ng mga pangalang nakatalá sa Kennedy

Ang *A Guide to the Birds of the Philippines* ni Kennedy ang isa sa mga pinakakomprehensibong indeks ng mga ibon sa Pilipinas na nailimbag. Di gaya ng iba pang *field guide*, tampok dito ang mga lokal na pangalan ng ibon halaw sa publikasyon ni Rabor. Makikíta sa Dayagram 2 na bagaman

marami na rin ang pangalang nailista sa librong ito, malayo pa ang maaaring pagpapayaman at paglinang ng mga pangalang naisateksto rito.

Bukod sa mga batis na libro at iskolarling papel, ginámit din ang kalat-kalat na datos na matatagpuan sa internet. Halimbawa’y ang mga paskil ng mga organisasyon sa konserbasyon at mga personal na *database* na ipinahiram para sa saliksik. Matatagpuan din sa mga diksiyonaryo ng mga rehiyonal na wika ang iláng mga pangalang naitalâ at ang mga ito ay nakumpirma sa aktibong pagtatanong-tanong sa mga grupong dihital.

Interasanteng banggitin na napansing masiglang ginagámit ang mga lokal na pangalan ng ibon sa mga ilegal na espasyo sa internet. Halimbawa ay mga grupong “Martines Buy and Sell” o di kayá’y “Alimukon Trading.” Bagaman hindi ibinilang at isinaestadistika ang mga ito, malinaw na kalitatibong obserbasyon na halos lahat ng mga paskil sa mga grupong ito ay gumagámit ng lokal na pangalan at hindi nakftang ginámit ang mga bernakular sa Ingles na *White-eared Brown Dove* o *Blue-naped Parrot*. Malaki ang ipinagkaiba nito sa mga grupong pang-*birdwatching* o *photography* na madalas Ingles ang pambungad na pangalan at pahahabulan ng lokal na pangalan kung mayroon man. Magandang aralin ang penomenang ito at kung may korelasyon ba sa pagkatuto ng Ingles na bernakular ang pagsunod sa batas pangkalikasan at kung may usapin ba ng uri o antas ng pamumuhay na kailangang tingnan at kung naipararating ba sa iba’t ibang demograpiko ang inisyatiba ng konserbasyon. Siyempre, mahalaga ring banggiting hindi aktibong nakilahok sa mga ilegal na grupo upang isagawa ang saliksik na ito, at kasunod ding iniulat ito sa sistema ng *Facebook*.

Panghulí, upang mabigyang karakterisasyon ang paggamit ng mga lokal na pangalan, nakipanayam sa dalawang propesyonal na *birdwatcher* ang mananaliksik. Natukoy na ang kaalamang ito ay mas konsentrada sa mga nakatatanda at ang kaalaman ng mga *birdwatcher* ay dulot lámang ng pasa-pasahang orál tuwing sila ay bumibisita sa mga pook-*birdwatching* na may karatig na komunidad. Sa ganitong paraan, impormál na nagsasagawa ang mga *birdwatcher* ng kaniáng sariling pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan kahit na walang pananaliksik na umiiral. Nabanggit

ding mas ginagámit ang mga lokal na pangalan ng mga katutubòng grupo at mga mangangaso na nakakasalamuha ng mga *birdwatcher*. Nabanggit din sa panayam ang bagabag ng mga *birdwatcher* na hindi na maging pamilyar ang bagong salinlahi sa mga lokal na pangalang ito. Panghulí, naungkat din ang paggamit ng iba’t ibang lokalidad ng mga endemik na hayop o halaman bílang *flagship species* nito at madalas na gamítin ang lokal na pangalan para rito tuwing magdiriwang sa ngalan nito.

KONGKLUSYON

Matagumpay na nakalikha ng panimulang katalogo na may 165 iba’t ibang pangalan ng ibon. Malaking bahagdan (55) nito ay mga pangalang ginaya o nagmula sa huni ng ibong pinatutungkulan at maaaring ang dahilan ay ang tunog bílang pangunahing pag-iral ng ibon sa mundo ng tao. Sumunod dito ang mga pangalang halaw sa kilos/ugali, sa morpolohiya, at sa habitat. Natuklasan ding maraming lokal na pangalan ang kalát na nakatalâ sa internet, sa mga pribadong lista ng mga *birdwatcher*, pati na ang mga ilegal na espasyo, at kailangan lámang masinsinang tipunin ang mga ito. Sa masigasig na pagpapayaman ng katalogo ay maibabalik sa dila ng publiko ang paggamit ng mga lokal na pangalan ng mga ibon at siyang maaaring gawing tulay sa epektibong komunikasyon ng mga inisyatiba sa konserbasyon nang may pananaw na tunay na pantáyo at kalikasang pang-atin.

MUNGKAHI

Iminumungkahing pagyamanin pang tuluyan ang nasimulang katalogo ng mga lokal na pangalan. Kung maaari nang bumisita sa mga komunidad mismo sa pagtatapós ng kuwarentenas, mainam na balangkasin ang saliksik sa mga maliliit na komunidad lámang sa halip na pangmalawakang paghahanap sa iba-ibang wika o pagsuyod sa internet. Sa gayon, mas marami pa sa dalawampung species ang maaaring bigyang pansin, at makalilikha rin ng mas malalim na naratibo ukol sa mga halagahin, pamahiin, at interaksiyon ng komunidad sa mga ibon. Magagawa ito ayon sa mga metodo ng Sikolohiyang Pilipino na pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan

na nabanggit na ng mga nakapanayam ng birdwatcher bilang epektibong paraan ng pagpapasang-dunong ng mga karunungan orál.

Kinikilala rin ang limitasyon ng may-akda sa wika, kayâ't inaasahan ang masigasig na pagpapasinaya at pangunguna ng iba't ibang iskolar sa pagkakatalogo ng mga pangalan sa sari-sariling rehiyon. Sa ganitong pagtingin, ang panimulang katalogo ay paglalatatag lámang ng maaari pang gawin, hindi ng may-akda, kundi ng mga antropologo at biyologo ng iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Maaari ring siyasatin ang paglitaw ng ibon sa mga pista ng mga lokalidad o sa kulturang popular. Maaari ring balikan ang naging mga pangalan at pagturing sa mga ibon sa mga lumang teksto at dokumento, mula pa noong panahon ng Español. Para naman sa pamahalaan at mga institusyong may kinalaman sa konserbasyon, iminumungkahing sikaping iangkla ang mga pabatid at publikasyon sa lokal na konteksto at punto-de-bista sa pamamagitan ng paggamit ng lokal na pangalan ng mga organismo. ♦

MGA SANGGUNIAN

Abbott, Ian. «Aboriginal names of bird species in south-west Western Australia, with suggestions for their adoption into common usage.» *Conservation Science Western Australia* 7.2 (2009).

Allen, D. (2020). *Birds of the Philippines*. Lynx and BirdLife International Field Guides. Lynx Edicions, Barcelona.

Johnson, Arlyne, et al. «More than an academic exercise: Structuring international partnerships to build research and professional capacity for conservation impact.» *Conservation Science and Practice* (2021): e539.

Azores, J. P. C. (w.p.). *Warayan Bird Vocabulary Database*. Di-nailimbag na database.

Barber, Paul H., et al. «Advancing biodiversity research in developing countries: the need for changing paradigms.» *Bulletin of Marine Science* 90.1 (2014): 187-210.

Büscher, Bram, and Robert Fletcher. «Towards convivial conservation.» *Conservation & Society* 17.3 (2019): 283-296.

Cannon, S. E. (2019). Decolonizing Conservation: A Reading List. *Zenodo*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.4429220>

Drew, Joshua A. «Use of traditional ecological knowledge in marine conservation.» *Conservation biology* 19.4 (2005): 1286-1293.

Deikumah, Justus P., Vida Asieduwaa Konadu, and Richard Kwafo. «Bird naming systems by Akan people in Ghana follow scientific nomenclature with potentials for conservation monitoring.» *Journal of ethnobiology and ethnomedicine* 11.1 (2015): 1-13.

Driver, Robert J., and Alexander L. Bond. «Towards redressing inaccurate, offensive and inappropriate common bird names.» *International Journal of Avian Science* (2021): 1492-1499.

- Enriquez, V. G. (1976). *Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon*. Inilathala sa Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino, Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. 221-243.
- Farley, Joshua, et al. «Conserving mangrove ecosystems in the Philippines: transcending disciplinary and institutional borders.» *Environmental Management* 45.1 (2010): 39-51.
- Franco, F. Merlin. «Intellectualist premise of folk names support their restoration in formal taxonomy.» *Ethnobotany Research and Applications* 21 (2021): 1-3.
- Gabriel, Arneil G., Marianne De Vera, and Marc Anthony B. Antonio. «Roles of indigenous women in forest conservation: A comparative analysis of two indigenous communities in the Philippines.» *Cogent Social Sciences* 6.1 (2020): 1720564.
- Gillman, Len Norman, and Shane Donald Wright. «Restoring indigenous names in taxonomy.» *Communications Biology* 3.1 (2020): 1-3.
- Gonzalez, Juan Carlos T. «Enumerating the ethno-ornithological importance of Philippine hornbills.» *Raffles Bull Zool* 24 (2011): 149-161.
- Grove, Richard H. «Colonial conservation, ecological hegemony and popular resistance: towards a global synthesis.» *Imperialism and the natural world*. Manchester University Press, 2017. 15-50.
- Ibarra, J. T., Caviedes, J., & Benavides, P. (2020). Winged voices: Mapuche ornithology from South American temperate forests. *Journal of Ethnobiology*, 40(1), 89-100.
- Kennedy, Robert S., Gonzales, P. C., Dickinson, E. C., Miranda, H. C. & Fisher T. H. (2000). *A Guide to the Birds of the Philippines*. Oxford University Press, New York.
- Kimmerer, Robin Wall. «Weaving traditional ecological knowledge into biological education: a call to action.» *BioScience* 52.5 (2002): 432-438.
- Koopman, Adrian, and Eckhart Buchmann. «Taha taha taha: South African bird names across time, language and usage.» *Ostrich* 91.1 (2020): 13-23.
- Lavides, Margarita N., et al. «Finfish disappearances around Bohol, Philippines inferred from traditional ecological knowledge.» *Environmental Conservation* 36.3 (2009): 235-244.
- Louwrens, L. J. «On the generic nature of common Northern Sotho bird names: a probe into the cognitive systematization of indigenous knowledge.» *South African Journal of African Languages* 24.2 (2004): 95-117.
- McGlone, Matt S., et al. «Proposal to ‘restore’ indigenous names misunderstands the complementary nature of botanical nomenclature and indigenous vernacular plant names.» *New Zealand Journal of Botany* (2021): 1-12.
- Ploeg, J., and M. van Weerd. «Agta bird names: an ethno-ornithological survey in the Northern Sierra Madre Natural Park, Philippines.» *Forktail* 26 (2010): 127-131.
- Rabor, Dioscoro S. (1977). *Philippine Birds and Mammals*. University of the Philippines Press, QC.
- Rubis, June Mary. «The orang utan is not an indigenous name: knowing and naming the maias as a decolonizing epistemology.» *Cultural Studies* 34.5 (2020): 811-830.
- Salazar, Z. (1991). *Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan*. Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik, 46-72. Manila: Kalikasan Press.

Tuck, Eve, and K. Wayne Yang. «Decolonization is not a metaphor.» *Tabula Rasa* 38 (2021): 61-111.

Wehi, Priscilla M., et al. «Enhancing awareness and adoption of cultural values through use of Māori bird names in science communication and environmental reporting.» *New Zealand Journal of Ecology* 43.3 (2019): 1-9.

Von Uexküll, Jakob. *A foray into the worlds of animals and humans: With a theory of meaning*. Vol. 12. U of Minnesota Press, 2013.



Si EB PEREZ-BELLEN ay isang mag-aaral sa antas batsilyer ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtapós siya sa Mataas na Paaralan ng Pilipinas sa Agham sa ilalim ng trak na Biyolohiya. Isa rin siyang birdwatcher at tagasalin na nangangarap pag-agpangin ang Agham at Araling Pilipino sa mga larang ng etnobiyolohiya at agham konserbasyon. Maaari siyang makontak sa eb.perez.bellen@gmail.com.

APENDIKS

Hanay 1. Komprehensibong talâ ng mga lokal na pangalan at kaakibat na etimolohiya. Lahat ng hindi hangô sa mga metodong pasibong pagmamasiid at aktibong pagtatanong ay mula sa mga batis nina Rabor (1977), Kennedy (2000), van der Ploeg at van Weerd (2010) at Azores (w.p.).

Siyentipikong Pangalan (Bernakular sa Ingles)	Saklaw	Mga Lokal na Pangalan					
		Mula sa	Etimolohiya				Ilang talâ
			Pagsasahumí	Morpolohiya	Kilos/Ugali	Habitat	
<i>Passer montanus</i> (Eurasian Tree Sparrow)	R	Il				Bilit balay, Bilit simba-an, Manabalay,	Di gaanong mahiyain sa tao kayâ't madalas makita sa bahay o sa simbahan = "pari", "simbahan", "balay".
		Kap					
		Ag					
		Tag				Mayang simbahan, Ibong simbahan, Pari-pari	Maaaring "bungol" (bingi) dahil maingay o bungol dahil sa itim na nakikitâ sa may tainga nito.
		Ceb				Langgam pari, Langgam sa pari	Langgam/bilit = ibon.
		Wa	Maya nga bungol				Kogneyt ng <i>Gorrion</i> na maliit na ibon sa Español.
		Es					
							Guryon

<i>Pycnonotus goiavier</i> (Yellow-vented Bulbul)	R						Ang humi ay paputol-putol na matinis na “trikutruk-trikutruk”
	Il	Pirruka, Perperroka ^{i/ua}					
	Ag					Pagegpak	
	Tag	Purak, Pirruka, Perperroka ^{i/ua} , Luklak, Kulkul, Burawraw				Malipago, Polangga ^a	
	Bik					Malipago	
	Ceb	Perok-perok ⁱ , Perok ⁱ				Palago, Papago, Parago, Pagopago, Tangolol	
	Bo	Parak-parak, Parak					
<i>Oriolus chinensis</i> (Black-naped Oriole)	Wa					Tagbaya, Pago, Palago, Parago	Ang humi ay malakas at bilugang sipol na “piii-yaaaaaouuw” o kiyaw. Matingkad na dilaw ang kulay.
	Il	Kiyaw					
	Ag		Pato dilaw				
	Tag	Kilyawan, Kulyawan, Kiyaw, Kikiyaw					
	Bik	Kikiyaw, Kilyawan					
	Pal	Tutulyaw					
	Ceb	Tuliyaw, Tulihaw, Antulihaw					
R	Bo	Antulihaw, Antulihawon					
	Wa	Bidiraw, Kukuyaw, Tulihaw, Tahihilaw					

<i>Lanius cristatus</i> (Brown Shrike)	M					Ang huni ay magaspang at mabilis na “chikichikichi”.
	Il					
	Ag	Rekrek (babae)				
	If/MP					
	Tag	Tarat, Pakiskis				
	Ceb	Arisgis				
<i>Lanius cristatus</i> (Brown Shrike)	Bo					Mayroong nasyon ang mga Agta na parchong <i>species</i> lang ang <i>L. cristatus</i> at <i>L. seach</i> at magkaiba lámang ito ng kasarian.
	Wa					
	Il					
	Ag	Rekrek (lalaki)				
	Tag	Tarat				
	Ceb					
<i>Lanius seach</i> (Long-tailed Shrike)	Bo					Ugali ng mga ibong ito ang kumain ng mga dagá at maliliit na hayop na minsan ay sinlaki nila. Madalas ang paraan ng pagpatay ay mabilis na pagpitik paikot ng tuka habang hawak nito ang leeg ng dagá/butiki. Pagkatapos, kaniyang itutuosok ang mga halaman at saká pipira-pirasuhin.
	Wa					
	Il					
	Ag	Rekrek (lalaki)				
	Tag	Tarat				
	Ceb					
<i>Lonchura atricapilla</i> (Chestnut Munia)	Bo					Ang ibong ito ay pula at matatagpuan sa palayan.
	Wa					
	Il					
	Ag					
	Kap					
	Tag					
<i>Lonchura atricapilla</i> (Chestnut Munia)	Bo					bilit, denas=ibon; tuleng=bingi; pale=palay dampol=katas ng punò na kulay pula
	Wa					
	Il					
	Ag					
	Kap					
	Tag					
<i>Lonchura oryzivora</i> (Java Sparrow)	Bo					Maaaring dahil sa pagiging kulay puti kaya binansagang banyaga
	Wa					
	Il					
	Ag					
	Kap					
	Tag					

<i>Cinnyris jugularis</i> (Olive-backed Sunbird)	R		Siwsiw-it, Siwit						Ang huni ay halo-halong matinis na paisa-isang twit, o sa ayos na "chip-chip-chiwit" at "sit-sit-siwit"
	Il								
	Ag								Tilad-tilad
	Tag		Siwit, Arumasit						
	Ceb		Tsiwit	Pipit puso	Tamsi nga dilaw				Tamsi
	Bo								Tamsi
	Hil		Tiwis						Tamsi
<i>Rhipidura nigritorquais</i> (Philippine Pied Fantail)	Wa		Siwit						Tamsi
	Il					Pandanggera			
	Ag								Mangatiklan
	Tag			Maria Kapra		Paypago			
	Ceb		Tarerekoy			Taliwadtiwad, Bangkiyod			Kalamantigon
	Bo					Tad-tad			
	Hil						Maragmak		
	Wa			Marya Kapra					Bakala
Nagtagtaglay ang ibon ng malaabanikong buntot na kaniyang pasayaw na "ipinapaypay" bilang simbolo ng pagkaterityal at pang-akit ng kapares. Kiyod, tiwad=ritmikong paggalaw ng baywang Ang huni ay magsapang na panaka-nakang "rekk..." Ang ngalang maragmak ay mula umano sa panamalagi ng ibon sa may dumi ng mga kalabaw (maragamak = pagsasahimig ng basang pagbagsak ng dumi) para kainin ang mga langaw rito. Marahil napaglito ito sa <i>Pied Bushchat</i> o <i>Pied Flycatcher</i> na mas malamang na nagtagtaglay ng ganitong ugali.									

<i>Loriculus philippensis</i> (Philippine Hanging Parrot)	E	Il							Kulasisi/ Colasisi	Ang huni ay paulit-ulit na 2-3 pantig ng “si-ga-kok” o “si-kok”
		Tag							Kulasisi/ Colasisi, Bulilising	
		Ceb							Kulasisi/ Colasisi	
		Wa							Kusí	
<i>Centropus bengalensis</i> (Lesser Coucal)	R	Il	Siguku, Kaku, Siakok							
		Tag	Sabokot ^u , Shabokot ^u ,							
		Ceb	Kokok ^u , Saguksok							
		Wa	Kokok ^u , Saguksok, Suksok, Sabuko							
<i>Aplonis panayensis</i> (Asian Glossy Starling)	R	Tag							Galansiyang, Darangsiyaw, Kuling	
		Pal							Mamadyang	
		Ceb							Galansiyang, Lansiyang	
		Bo							Lansiyang	
		Wa							Daragsiyang, Dansiyang, Galansiyang	

<i>Hirundo tahitica</i> (Pacific Swallow)	R		Il			Salsalapingaw				Hindi madalas narinig ang huni. Sa halip ay madalas makitang lumalayag sa himpapawid nang hindi pumapagaspas ng pakpak na parang sumasayaw.
			If/MP			Alimpangawan				
			Ag						Kalawen	
			Tag			Layang-layang, Sayaw, Balinsasayaw				
			Ceb			Langay-langay, Talimbabatang				
			Wa			Balinsasayaw, Sayaw-sayaw				
<i>Dendrocopos maculatus</i> (Philippine Pygmy Woodpecker)	E		Ag						Kamambitel	Gumagawa ng lungga sa pamamagitan ng pagbutas sa mga punò.
			Tag						Tatalilik	
			Ceb			Balatatok				
			Wa			Balatatok, Tariktik				
<i>Megalaima haemacephala</i> (Coppersmith Barbet)	R		Il							Hindi ugali, bagkus huni na parang “pok... pok... pok.”
			Ag							
			Tag							
			Ceb							
			Wa							
<i>Todiramphus chloris</i> (White-collared Kingfisher)	R		Il			Salaksak				Ang huni ay matinis at patorotot na irit. Minsan ay “tak-ray...” Marahil ang salaksak ay tumuturing sa pabulusok nitong teknik kapag manghuhuli ng isda mula sa tubig, o paglalarawan sa tuka nitong prominente.
			Ag			Salaksak				
			Tag			Salaksak			Kasay-kasay, Susulbot	
			Bik			Salaksak				
			Ceb			Tikarol, Tikaroy, Takray			Susulbot	
			Hil			Kikik				
			Wa			Tikarol, Takray, Saliksik, Manaliksik				

<i>Geopelia striata</i> (Zebra Dove)	R		Il	Korokotok ^u	Bato-bato ^u			Pagaw	Ang humi ay tulad ng kalapati na “kru... kru...” May ilang nagsasabing bató-bató ang naging ngalan dahil sa kakayahan nitong pumirme nang pangmatagalan na parang bató. May ilan namang nagsasabi na bató-bató ito dahil sa disenyo at kulay ng katawan nito.
			Tag	Korokotok ^u	Bato-bato ^u				
			Hil	Korokokokok ^u					
			Bo	Tukmo					
<i>Phapitreron leucotis</i> (White-eared Brown Dove)	E		Il					Alimukon	
			Ag					Laguiden	
			Tag			Bato-batong tulog	Bato-batong gubat	Limukon, Alimukon	
			Ceb					Limukon, Alimukon	
<i>Tanygnathus lucionensis</i> (Blue-naped Parrot)	E		Ag					Uret	Batutok marahil sa bughaw nitong patse sa may batok
			Tag					Pikoy	
			Bik		Batutok				
			Ceb					Pikoy, Periko	
			Wa					Pikoy, Periko	
<i>Acridotheres cristatellus</i> (Crested Myna)	R		Il					Martinez, Martines, Martin	
			Tag						
			Ceb						

<i>Caprimulgus manillensis</i> (Philippine Nightjar)	E					Madalas itong nagtatago (<i>camouflaged</i>) sa sahig ng kagubatan kayâ marahil tinaguriang kandarapa at daplak. Ito rin ay nokturnal. Ang huni ay paulit-ulit na “tuk-tooor-rr-rr”. Ang saksakulap ay karamiwang tawag sa <i>Frogmouth</i> na kapamilya ng Tukturn. Marahil dulot ito ng pagkalito o parehong katawagang tunay.
	Il					
	Ag					
	Tag			Kandarapa, Ibong Multo		
	Bik					
	Ceb				Daplak	
	Wa			Tagkaro	Tukturr, Tangkawo	Kaò kaò

Lejend:

- R- residente /lumsalagi
- E- endemic /katutubò
- M- migratoria/dayo
- Il- Iluko
- Ag- pangkat-etnikong Agta
- Kap- Kapampangan
- If/MP- Ifugao/Mt. Province
- Tag- Tagalog
- Bik- Bikol
- Pal- Palawan
- Ceb- Cebuano
- Bo- Boholano
- Hil- Hiligaynon
- Wa- Waray

- ^u- may varyant kung saan papalitan ang patinig na /o/ ng /u/ [hal. korokotok = kurukutok]
- ⁱ- may varyant kung saan papalitan ang patinig na /e/ ng /i/ [hal. perok-perok = pirok-pirok]

Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas at Pag-iimahen sa mga Tsino noong Dantaon 16-18¹

Looking Back at the Complicated Chinese-Spanish Relations in the Philippines and Perception to the Chinese during the 16-18th centuries.

LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA

lbranera@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Manila

ABSTRAK

Mas matagal nang namalagi ang mga Tsino sa kapuluan ng Pilipinas kaysa sa mga mananakop na Español. Kung kayâ, hindi maiiwasan ang pagtatagpo ng dalawang pangkat na ito sa agos ng tatlong dantaon ng kolonisasyon. Sa pagbabasâ ng mga naunang literatura hinggil sa lipunang Tsino sa Pilipinas noong panahon ng kolonisasyon, matatawag na masalimuot na duwalidad ang naging ugnayang Tsino-Español noong ika-16-18 na dantaon. Tumuon ang papel sa maraming hidwaan sa pagitan ng mga Tsino at Español sa loob ng tatlong kategorya na tinatawag na “suliraning Tsino”: (1) ang naganap at bantang pagsalakay ng mga banyagang Tsino; (2) ang rebelyon at malawakang pagpatay ng mga Tsino; at (3) ang polisiya sa pagkontrol ng populasyon ng mga Tsino sa kolonya. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw at pagtatasa ng mga ito, iminumungkahi at sinusupportahan ng papel ang panibagong pag-iimahen sa mga Tsino sa Pilipinas bílang impluwensiyal at pinangangambahang grupo kompara sa matagal nang itinatatak sa kaniláng “despised cultural minority” (Abinales & Amorsolo 65).

Mga susing salita: lipunang Tsino, araling Tsino, ugnayang Tsino-Español, kolonisasyon, Kasaysayan

¹ Nabuo ang preliminaryong bersiyon ng papel noong Disyembre 2019 bílang isa sa mga rekisito ng Kasaysayan 203: The Philippines during the 17th and 18th Centuries sa ilalim ni Prop. Vicente C. Villan, Ph.D, UP Departamento ng Kasaysayan.

ABSTRACT

Chinese presence in the Philippine Islands predates the arrival of its Spanish colonizers. Thus, contact between the two racial groups became inevitable during the entire span of three hundred years of colonization. In reading past literature on Chinese in the Philippines during the colonial period, the Chinese-Spanish relations can be described as a complicated duality during the 16th-18th centuries. Moreover, this paper mainly focuses on the numerous conflicts between Chinese and Spaniards under three categories, also termed in this paper as the “Chinese problem,” namely: (1) the threats and attempts of Philippine invasion by China; (2) the rebellions and massacres of the Chinese; and (3) the policies on Chinese population control in the colony. Through excavating and evaluating these phenomena, this paper proposes instead and supports the reimagined image of Chinese in the Philippines as a dominant, influential, and menacing group compared to its mainstream description of them being a “despised cultural minority” (Abinales & Amorsolo 65).

Keywords: Chinese society, Chinese studies, Chinese-Spanish relations, colonization, history



PANIMULA: KALIGIRAN NG UGNAYANG TSINO-ESPAÑOL


S*angle*y ang isa sa mga karaniwang pantawag ng Español sa mga Tsino na namamalagi sa kapuluang kolonya ng Pilipinas. Sa paghuhukay sa pinagmulan ng salitang ito, mayabong umano sa iba’t ibang paliwanag ito. Una, sinasabing nagmula ito sa *shang lu* (商旅) na nangangahulugang “manlalakbay na mangangalakal” (Chang 189). Ikalawa, galing ang salita mula sa *chang lai* (常來) na nangangahulugang “namamalaging bisita” (Boxer 261; Sande 4:50). Ayon sa isa pang paliwanag, mula ito sa *seng-li* (生意) na nangangahulugang “negosyo” (Chu 69). Kung papansinin ang iba’t ibang paliwanag (partikular na sa “namamalaging bisita”), marapat na mahihinuha ang napakatagal nang presensiya at pakikisalamuha ng mga Filipino sa mga Tsino gayunding sinusuportahan ito ng mga arkeyolohikal na ebidensya. Ang presensiya ng iba’t ibang palayokat porselana sa ating mga bansa na mula pa noong dinastiyang T’ang hanggang Ming ay tiyak na nagpapatunay sa maagang ugnayan sa pagitan ng dalawa (Fox 44-62). Kung mulíng babasahin nang malapitan at maigi ang maagang naratibong Kanluranin, malinaw na nakasaad na hindi lámang Filipino ang kanilang natagpuan sa kapuluan ng Pilipinas—gayundin ang Tsino.

Isa sa naunang salaysay patungkol sa pagtatagpo ng Español at Tsino ay naganap sa isla ng Mindoro noong 1570. Ulat ng hindi kilalang may-akda, nakatanaw sina Martin de Goiti, pinunò ng kampo ng mga Español, at Juan de Salcedo ng dalawang barko sakay ng mga Tsino at nilapitan ito. Sa kasamaang palad, nauwi sa bakbakan nang napansin nilang hawak ng mga Tsino ang kanilang armas habang papalapit sina Goiti. Ang kinahinatnan: dalawampung (20) Tsino ang namatay sa labanan. Kalaunan, humingi ng paumanhin si Goiti sa mga Tsino at pinangakuang papalayain sila, aayusin ang kanilang mga barko, at bibigyan ng mga bagay na kakailanganin nila sa paglalayag pabalik sa Tsina. Maluwag na tinanggap ng mga Tsino ang kanilang dispensa at mga pangako (“Relation of the Voyage to Luzon” 3: 74-77). Sino ang mag-aakala na ang salaysay ng maikling tunggaliang ito ay siyang magsisilbing premonisyon ng magiging *kompleks* na ugnayan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat na ito sa mga susunod na dantaon?

Tahasang *masalimuot* ang ugnayan sa pagitan ng dalawang pangkat sa historiograpiya ng mga historikal na akdang tumalakay sa lipunang Tsino sa Pilipinas noong panahon ng kolonisasyon. Sa simpleng pagsasalarawan, mayroong itong dalawang mukha. Nilalarawan ng *unang* mukha

ang mabuting ugnayan ng dalawa. Kung sa ekonomikong aspekto, may pagturing ng pagpapahalaga ang Español sa Tsino. Nariyan ang matatag at matagal na relasyon sa kalakalang galyon—ang palitan ng sutla’t porselana (mula sa Tsina) sa pilak (mula naman sa Mexico) na tumagal nang higit dalawang siglo. Naging masusi umano ang presensiya ng Tsino upang pagdugtungin ang Hilagang America at Asia kung saan Maynila, ang kabisera ng kolonya, ang nagsilbing sentrong pangkalakalan sa pagitan ng magkabilang mundo (Kueh 9). Bukod doon, katwiran ni Kueh (18) sa kaniyang disertasyon, nanatili ang Español sa kapuluan dahil sa presensiya ng Tsino. Isa pang kongkretong halimbawa: sa entradang yari sa kahoy ng simbahan ng San Agustin, kung saan nakaukit ang mag-inang San Agustin at Santa Monica, matatagpuang bantay sa gilid ang apat na *Chinese Fu Guardian Lions* (石獅). Kung pagninilayan, isang palaisipan paano nakapook ang isang kultural na eskultura ng mga Tsino sa isang mahalagang institusyon ng Kristiyanismo at ng kolonisasyon—ang simbahan—at higit pa sa lahat, matatagpuan sa loob ng kabisera ng kolonya (Intramuros Maynila). Sinasabing pinahalagaan at kinikilala ng mga Español ang kakayahang paggawa ng mga artisanong Tsino (Chan 54).

Sa kabiláng dako, ang *ikalawang* mukha ay tumutukoy sa hindi mabuting bahagi ng ugnayang Tsino-Español. Kahit sa kabila ng impluwensiya at halaga ng mga matagal nang mangangalakal o minoridad na residente ng Pilipinas, hindi naging matiwasay sa loob ng mahigit tatlong siglo ng kolonisasyon ang samahán ng dalawang lahing pangkat. Nababanggit sa mga dokumento ang iba’t ibang anyo ng gusot at salungatan sa pagitan ng dalawa. Ilan lámang sa mga halimbawa: ang pagsalakay ng isang piratang Tsino na si Limahong sa Maynila kung saan pinaslang si Goiti; ang pagpaslang ng Tsino sa mag-amang Gob. Hen. Dasmariñas;¹ ang paulit-ulit na rebelyon ng mga Tsinong humantong sa malawakang pagpatay sa kanilá; at ang paulit-ulit na mga polisiya tungkol sa pagkontrol ng bílang ng mga Tsino. Sa mga inilatag na hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, nakapagtataka pa rin kung paano pa



Retrato 1. Ang isang *Fu Guardian Lion* sa tapat ng San Agustin (kuha ng may-akda, 2022)

nangyari ang mga ito kahit sa kabila ng malalim na ekonomikong-kooperasyon ng dalawa. Tulad lang din ng maraming ordinaryong relasyon ng dalawang tao, likás na bahagi nito ang minsang maganda at hindi magandang pakikitungo sa isa’t isa.

Samakatwid, kinikilala ng mga akdang-pangkasaysayan ang duwalidad. Subalit, nais ng may-akda na ituan na lámang sa hindi magandang bahagi ng ugnayang Tsino-Español noong ika-16-18 na dantaon para sa mas malalim pang pag-unawa ng mismong ugnayan at pag-iimahen ng mananakop sa pangkat ng Tsino. Kinikilala ni Horsley (208-214) ang negatibong pagtingin sa Tsino, o tinatawag niyang “anti-Chinese feeling,” na tila hindi maiiwasan sapagkat tugma ito sa naging karanasan at pakikihalubilo ng Kristiyanong Español sa mga Moro at Hudyo sa kaharian ng España. Sa kaniláng karanasan, ang pakikihalubilo na ito ay nakapagdudulot ng maraming suliranin at panganib sa katatagan ng kanilang pamumunò sa kaharian.² Tungkol sa karakterisasyon ng Tsino, may pahayag dito

¹ Hiwalay na naganap ang pagpaslang ng Tsino sa mag-ama na sina Gob. Hen. Gómez Pérez Dasmariñas (nagsilbi noong 1590-1593) at Gob. Hen. Luís Pérez Dasmariñas (nagsilbi naman noong 1593-1596).

² Sa Kasaysayan ng España, matatandaan ding minsang nanaig ang Islam dito sa loob ng 700 taon sa pamamagitan ng Umayyad conquest kung saan naireklama naman ito ng mga Kristiyanong España sa pagbagsak ng Granada noong 1492.

si Wickberg (*Chinese in Philippine Life* 9) kung saan inilarawan niya rin na “despised cultural minority” ang Tsino na inalingawngaw na ng ilan-ilan—tulad nina Abinales at Amoroso (65) sa kaniláng akdang pangkasaysayan ng Pilipinas.³ Nabanggit naman ni Arcilla (30) ang “Spanish prejudice against the Chinese hardened” habang patuloy na pinagtatagpo ang dalawang pangkat. Bagaman totoo ito sa isang bahagi, mayroong panganib na maitatak sa kamalayan ng mga mambabasáng Filipino ang simplistikong karikatura ng mahinang uri at inaaliipustang Tsino sa pamamagitan ng mga nabanggit na pagsasalarawan.⁴ Nais tunguhin ng may-akda si Weightman (231) kung saan bagaman sinabi na kinaaayawan ang Tsino, may pagkilala rin sa kanilá bílang kinatatakutang pangkat. Tugma rin ito sa pahayag ni Arcilla (31) na “fear deepened prejudice.” Samakatwid, iminumungkahi ng papel na ang panibágong pagkikilala at pag-iimahen sa mga Tsino bílang isang *impluwensiyal* at *pinangangambahang* pangkat sa konteksto ng masalimuot na ugnayang Tsino-Español. Napili ang panahong ika-16-18 na dantaon sapagkat dito malimit na naganap ang mga naging tunggalian at hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat at pagkikilos na kontra-Tsino. Magsisimula ang papel sa taóng 1574, kung kailan sumalakay si Limahong sa Maynila, hanggang sa taóng 1778, sa ilalim ng rehimen ni Gob. Hen. Jose Vargas Basco kung kailan nagkaroon ng imbitasyon sa mga Tsino mula Tsina na manirahan sa Pilipinas. Layunin din ng papel na ito payabungin pa ang literatura hinggil sa lipunang Tsino sa Pilipinas partikular sa saklaw na panahong ito.

Nahahati sa tatlong bahagi ang papel na ito. Una, pagtatalâ ng iba’t ibang kaganapang na bumubuo sa masalimuot na salungatan sa loob ng tatlong temang maaari ring tawaging “suliraning Tsino”: (1) mga banta at naganap na pagsalakay sa Pilipinas ng banyagang Tsino; (2) ang mga rebelyon at malawakang pagpatay

sa Tsino; at (3) ang mga polisiya sa pagkontrol ng populasyon ng Tsino. Ikalawa, pagtatasa sa lahat ng mga nabanggit tungkol sa itaas. At sa hulf, pagtutuldok sa akda sa pamamagitan ng kongklusyon at posibleng tunguhin ng pag-aaral na ito.

ANG MGA BANTA AT NAGANAP NA PAGSALAKAY SA PILIPINAS NG MGA BANYAGANG TSINO

Sa maraming pagkakataon, nagtangka ang banyagang Tsino (mula Tsina) na sakupin ang Pilipinas sa unang dantaon ng kolonisasyon. Sa hulf, hindi man naging matagumpay ang pagkuha sa kapuluan mula sa Español, hindi maikakailang nakapagtatak ito ng pangamba sa mananakop dahil sa kanilang interes sa Pilipinas na tiyak nakaapekto naman sa pakikitungo ng Español sa kaniláng sinasakupang-residenteng Tsino ng bansa. Bukod dito, mahalagang isaalang-alang ang dalawang kontekto na: lumalakas na pamimirata ng mga banyagang Tsino sa panahong ito; at mariwasang oportunidad na posibleng matamasa sa Maynila (Borao 33).⁵

Marahil, ang pinakauna sa kamalayan ng Español ang pagsalakay ni Limahong, isang pirata mula sa Tsina, kasáma ang pitumpung (70) sakayang pandirigma sa Maynila noong Nobyembre 30, 1574. Malaki ang pinsalang naidulot sa Maynila na kung saan pinaslang din ang iláng mga Español kabílang si Martin de Goiti (Morga 15: 52-53). Ayon pa nga kay Gob. Hen. Francisco Sande, bágon pinunò ng pamahalaang kolonyal matapos ang pagsalakay, may pagdiin siya larawang “malaking bahagi ng Maynila ang nasunog at nasira (salin ng may-akda)” (Sande, 4:24). Napuksa na ang puwersa nina Limahong noong pinamunuan naman ni Juan Salcedo ang labanan matapos magpadalâ ng puwersa sa Maynila mula Vigan, Ilocos Sur (Morga 15: 52-53). Kahit na tagalabas ang puwersa nina

³ Kilaláng awtoridad si Edgar Wickberg pagdating sa lipunang Filipino-Tsino sa Kasaysayan ng Pilipinas. Sa katunayan, ang libro ni Wickberg ay nakatuon lámang sa ika-19 na siglo; subalit, matatagpuan ang nakasiping pagsasalarawan sa pinakaunang kabanata tumalakay sa buod ng lipunang Filipino-Tsino bago ang taóng 1850 (“*The Philippine Chinese before 1850*”). Ang libro naman nina Abinales at Amoroso ay isa sa mga kilalang akdang pangkasaysayan ng Pilipinas gamit sa kasalukuyan.

⁴ Bílang paglilinaw, hindi *lámang* ito ang tanging larawang ibinangsag sa Tsino sa panahong kolonisasyon na matatagpuan sa literatura o batis. Subalit, hindi maitatanggi na dominante ang ganitong karakterisasyon (“*despised cultural minority*”) sa pagtalakay ng lipunang Tsino noong panahon ng kolonisasyon. Sa personal na karanasan ng may-akda, hindi nakaliligtaang banggitin ng mga guro o tagapagsalita ng Kasaysayan ang hidwaang Tsino-Español tuwing tinatalakay ang panahon ng kolonisasyon.

⁵ Ani Borao (33), naaayon sa banyagang Tsino ay Maynila dahil dito ang bagsakan ng pilak na kung saan may mataas na pangangailangan dito ang Tsina. Para naman kay Sande (4: 65), wari niya na talagang gusto ng mga Tsino ang pakikipagkalakalan sa kanila dahil sa “pilak” at “ginto” mula Mexico.

Limahong, sinasabing tinulungan pa rin sila ng residenteng Tsino ng Maynila sa pagsalakay nito sa pamamagitan ng pagpaslang ng mga prayle, pagsira ng mga simbahan, at tirahan ng mga iláng mga Español (Abinales at Amoroso 64-65).



Retrato 2. Kalakip ang bansag na “Sangleyes” o “Chinos” matatagpuan ang isang pagsasalarawang biswal sa mga Tsino sa Pilipinas na pinakauna sa labingdalawang guhit ng magkabilang gilid ng mapang Velarde-Bagay-Suarez. Ang mapa na ito ay kolektibong likha ng isang Heswitang prayle na si Pedro Murillo Velarde at dalawang Filipino na sina Nicolas de la Cruz Bagay at Francisco Suarez noong 1734 (mula sa Biblioteca Nacional de España)

Paglipas ng panahon, mayroon pang dalawang banta ng pagsalakay sa Pilipinas na naganap. Sa unang bahagi ng taóng 1603,⁶ nagpunta ang tatlong Mandarin⁷ mula Tsina kasama ang iba pang mga Tsino sa Pilipinas upang kausapin si Gob. Hen. Pedro de Acuña at kumpirmahin ang presensiya ng maraming ginto sa Cavite. Sa mismong araw na ito, may walong barko pang dumaong sa Maynila at ayon sa mga sakay na Tsino, pawang kautusan lámang ng Hari ng Tsina na obserbahan ng tatlong Mandarin ang Pilipinas. Bukod doon, nais din ng Hari ng Tsina na itigil ang kalakalan

⁶ May kalituhan tungkol sa buwan ng pagdating ng tatlong Mandarin. Ayon sa liham ni Salazar at ng Royal Audiencia, naganap ito sa buwan ng “Mayo.” Ayon kay Morga at Argensola, naganap ito noong “Marso.” Posible nagkaroon ng mali sa pagsasalin o depekto sa paglalathala.

⁷ Ang terminong “Mandarin” ay tumutukoy sa mga opisyal at edukadong Tsino sa Tsina noong dinastiyang Ming, tingnan Coblin 537.

sa pagitan nilá at sakupin ang bansa gamit ang isang daang libong mga mandirigmang Tsino bago matapos ang taon (Argensola 211-212; Morga 15: 273-274; Salazar 12: 83-85). Sa kaganapang ito, kapansin-pansin ang pagiging maingat at mapagmatyag ng Español sa kanilá. Nariyan din ang matinding “paghihinala” ng Español (Borao 27-28). Hinigpitan ni Gob. Hen. Acuña ang seguridad ng Intramuros Maynila bílang paghahanda kasabay ng kumakalat noon na planong rebelyon ng mga Tsino (Argensola 212; Maldonado 136; Royal Audiencia 12: 142). Litaw na litaw sa isang liham ni Gob. Hen. Acuña kay Haring Felipe III ang pagiging segurista,

I told you how I was preparing, being in uncertainty, what appeared to me necessary, so that if anything should happen I should not be caught unprepared...

I likewise ordered that they should collect, bring together, and transport as many provisions as possible. I was not careless in regard to the walls, but rather with much diligence repaired what was necessary; and I continued the building of the fort which I wrote your Majesty was being made on the point, as it was so necessary a defense, and the supplies and other articles had to be gathered and guarded there.

Kalaunan, mas lalong kumalat sa Maynila sabi-sabi na rebelyon ng Tsino hanggang sa tuluyan nga itong umiral sa buwan ng Oktubre 1603 na nagresulta sa pinaka-unang naitaláng malawakang pagpatay sa kanilá.

Noong Mayo 1662, mulíng nagkaroon ng banta na sakupin ang bansa sa pamumunò ng isang Tsino na si Koxinga. Nagpadalá ng liham si Koxinga kay Gob. Hen. Sabiniano Manrique de Lara na nag-uutos mag-alay ng tributo at kilalanin ang kaniyang kapangyarihan; kung sakaling hindi, sasakupin niya ang kapuluan mula sa kanilá (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 218-219). Bílang paghahanda sa banta, agad niyang ipinatawag ang mga mandirigmang Español mula pa sa Mindanao at Moluccas upang higpitan pa lalo ang seguridad ng Maynila dalá ng kaniyang takot (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 221). Dagdag pa rito, ipinag-utos ng Gob. Hen. ang paggiba ng mga simbahan sa karatig-bayan ng Maynila upang

gamitin ang mga bató nito sa portipikasyon ng Maynila (“Events in Manila, 1662-1663” 36: 246). Dahil na rin sa pangamba, inilayag ng mga Español ang iilang Tsino palabas ng Pilipinas. Kalaunan nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan ang dalawang pangkat kayâ muling nauwi sa tunggalian at malawakang pagpatay sa mga Tsino (McCarthy, *On the Koxinga* 191-193). Natuldukan ang planong pagsalakay sa bansa nang bawian ng búhay dahil sa sakit si Koxinga noong Enero 1663 (McCarthy, *On the Koxinga* 194).

Kapansin-pansin sa mga bantang pagsalakay ng banyagang Tsino na marahil walang partisipasyon sa una ang residenteng Tsino ng bansa ngunit kalaunan ay nadadamay sila rito. Sa taóng 1603, mapapansin ang pagkakabit ng: bantang pagsalakay matapos dumating ang tatlong Mandarin sa Maynila (iláng buwan bago ang Oktubre 1603); at unang malawakang pagpatay sa Tsino (naganap Oktubre 1603). Nabanggit kanina na agad naging usap-usapan ang planong rebelyon sa Maynila matapos ang pagdating ng tatlong Mandarin. Mahalaga ring mabigyan-diin ang konteksto sa nakaraan: pagiging katuwang ng residenteng Tsino ng Maynila kina Limahong noong 1574; at ang naganap na pag-aalsa ng mga Tsino laban kay Gob. Hen Dasmariñas noong 1593. Nagbunga ito ng pagdududa at masamâng pagtingin laban sa kanila. Dahil sa hinala at pag-aalinlangan ng Español lalo na ng pamahalaang kolonyal noong 1603, nakaranas ng pagmamalupit ang pagdenteng Tsino ng Maynila at tinawag na mga “traydor” at “aso.”⁸ Pagpapalagay ni Morga, sapat na itong dahilan upang makapag-udyok ang rebelyon kontra Español kahit sabihing walang plano gawin ito noong umpisa (Morga 16:32).

May pagkakahalintulad ito noong 1662, ang takot at hinala sa mga Tsino ay nauwi sa kaguluhan sa pagitan ng Español at ng residenteng Tsino ng Maynila. Nagdesisyong tumungo sa Formosa, Taiwan ang ilan sa kanilá upang sumanib sa puwersa ni Koxinga (McCarthy, *On The Koxinga* 193). Kahit hindi pa man din tumutulong ang residenteng Tsino sa pinaplanong “pagsalakay” (dahil hindi

naman naganap sa kasong ito), hinatulan sila kaagad ng hindi pagiging tapat na mayroong kakayahang hamunin ang pamumunò ng mananakop. Paulit-ulit na bangugot ito para sa mga mananakop.

ANG MGA REBELYON AT MALAWAKANG PAGPATAY SA TSINO

Kung sinubukan ng Filipino lumaban sa Español sa maraming pagkakataon noong ika-16 hanggang ika-18 na siglo, gayundin ang residenteng Tsino sa bansa. Nagpasibol ng maraming pag-aalsa ang mga Tsino laban sa pamahalaang kolonyal sa loob ng saklaw na panahon. Ang mga rebelyon na ito ay nagdulot ng tunggalian o labanang nauwi sa malawakang pagpatay sa kanilá. Hindi lámang iisang beses nagkaroon ng malawakang pagpatay sa Tsino kundi apat na beses sa mga taóng 1603, 1639, 1662, at 1762.⁹

Dalawa ang masasabing pangunahing dahilang nagtulak sa pagkakaroon ng mga rebelyon at pag-aalsa ang mga Tsino laban sa mga Español. Bilang pagkakabit sa naunang bahagi, unang dahilan ang pagkakaroon ng pagsalakay o mga bantang pagsalakay sa Pilipinas. Sa taóng 1603, pagkalipas ng ilang buwan matapos bumisita ng tatlong Mandarin sa Maynila, naganap ang tunggalian at malawakang pagpatay sa mga Tsino sa buong buwan ng Oktubre (Argensola 215-226). Matagumpay na sinalakay at sinunog ng rebeldeng Tsino ang iilang mga distrito sa gilid ng Intramuros sa Maynila (Tondo, Quiapo, at iba pa) kasabay ng pagpaslang sa iláng mga matataas na Español kabílang ang dáting Gob. Hen. Luis Perez de Dasmariñas at ibang mga Kapitan na sina Juan Alcega, Tomas Bravo, at Cebrian de Madrid (Argensola 216-218; Morga 16: 38; Royal Audiencia 12: 143). Kahit marami at malubha din ang pinsalang nagawa sa bahagi ng Español, naging retribusyon ang maramihang pagpaslang sa Tsino sa katapusan ng Oktubre. Bagaman hindi matitiyak ang totoong bílang ng mga pinatay na Tsino, ngunit ayon sa mga talâ ng Español tinataya ang dami nito mula 15,000 hanggang 30,000

⁸ Masasabing madalas na insulto ng mga Español ang pagtawag sa mga Tsino na “aso” na posibleng nangangahulugang “masamâ.” Halimbawa sa taóng 1574, sinisigawan ng asawa ni Martin de Goiti ang mga Tsino na “aso” nang sinalakay ang kanilang tahanan, tingnan Sande 4:29.

⁹ Ayon kina Wickberg at Guerrero, nagkaroon ng apat na pangunahing rebelyon ang Tsino sa mga taóng 1603, 1639, 1662, at 1686. Si Santamaria naman ang nagbanggit sa rebelyon ng 1762. Subalit, hindi kinilala ni Kueh na rebelyon ang naganap noong 1686 bagkus isang malaking “krimen” lamang ito. Kung pagtatahiin ang mga nabanggit, nakapagdesisyon ang may-akda na bumase lámang sa taóng 1603, 1639, 1662, at 1762.

(Santamaria 78).¹⁰

Sa taóng 1662, sumibol na naman ang isang rebelyon nauwi sa malawakang pagpatay sa Tsino makalipas ang pagbabanta ni Koxinga sakupin ang Pilpinas. Sa pag-aaral ni McCarthy, nabanggit na ang iláng mga kautusan ni Gob. Hen. de Lara sa nakaraang seksyon; ngunit, isa pa sa mga naging kautusan niya ang pagtitipon ng Tsino sa Binondo at Parian (McCarthy, *On the Koxinga* 191-192). Nagkaroon lang ng maliit na pag-aalsa ang mga Tsino sa Parian; subalit, napagkamalang isang malaking rebelyon ito ng mga Español kayâ pinaputukan at sinalakay nilá ang Parian; maraming Tsino ang namatay. Dahil dito, namuo ang takot at galit ng Tsino kaya tumakas sila sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at labas ng kapuluan (hal., Taiwan) habang ang mga nanatili ay patuloy na lumaban sa Español o walang kinampihan. Hindi umimik ang iláng Tsino sa Parian habang kusang nagpakamatay ang ilan sa pamamagitan ng pagbigti o pagkalunod dalá ng matinding takot (McCarthy, *On the Koxinga* 192-193). Nagpatuloy ang hidwaan dahil sa kaguluhan at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat; mulí, maraming namatay sa kanilá.

Sa taóng 1762, nakuha ng Gran Britanya ang Maynila. Ang lokal na Tsino ay naging katuwang ng Britanya laban sa Español. Sa lalawigan ng Pampanga, nagsagawa ang residenteng Tsino ng planong pagsalakay sa isang simbahan sa bisperas ng Pasko, Disyembre 24, upang paslangin si Simon de Anda, pansamantalang pinunò noon ng Español, ngunit maagang nalaman ng Español ang binabalak. Pinaslang ng Español ang mga kalabang Tsino at binigti ang ilan sa kanila (Escoto, *Expulsion* 48-50).

Ang ikalawang dahilan na nagtulak sa tunggalian sa pagitan ng dalawa ay ang patuloy na pang-aabuso sa Tsino. Pinakaunang halimbawa na ang pangyayaring pag-aalsa ng Tsino laban kay Gob. Hen. Gomez Perez de Dasmariñas noong 1593. Sa pagsasalaysay ni Argensola (132), nais salakayin ni Gob. Hen. Dasmariñas ang Moluccas at depensahan ang

bansa mula naman sa mga mananakop na Hapón gámit ang apat na galyon. Ang lahat ng aliping Filipino ay sapilitang ipinatawag ng Gob. Hen. upang magzilbi sa mga galyon subalit kulang sila para naman sa pangunahing galyon. Dahil dito, sapilitang ipinatawag ng Gob. Hen. ang 250 mangangalakal na Tsino kahit binalaan siya na huwag magtiwala agad-agad sa Tsino. Hindi sang-ayon ang Tsino sa kautusang ito; nagpumilit ang Gob. Hen. at nangako na magiging malayà sila sa loob ng galyon na may mabuting pagtrato (Argensola 133-134). Noong Oktubre 19, umalis ang pangunahing galyon mula Maynila. Kinagabihan ng Oktubre 25, sapilitang inutusan ang mga Tsino na isagwan nang malakas ang galyon (Argensola 136-137). Iba't ibang abuso ang sinapit ng mga Tsino sa galyon. Sinigawan, pinarusahan, tinakot na puputalan ng buhok, at ikakadena sila ng mismong Gob. Hen. Dahil sa mga naganap, hindi ito ikinatuwa ng mga sakay na Tsino at nagresulta ito sa trahedya; matagumpay niláng pinatay ang maraming Español kabilang si Gob. Hen. Dasmariñas (Argensola 137-138).¹¹

Noong 1639, nagpasya ang pamahalaang kolonya ipadala ang ilang residenteng Tsino ng Maynila sa Calamba, Laguna upang sapilitang magtrabaho sa palayan dahil sa kakulangan ng tao. Ipinadalá rin kasi sa Cavite ang ibang Filipino upang tumulong sa paggawa ng sakayang pandirigma. Hindi naging maganda ang naging karanasan ng Tsino sa Calamba. Iláng buwan lang ang nakalipas at marami ang namatay dahil sa *malaria*.¹² Dagdag pa rito, hindi makatarungan ang singil at pambayad sa kanilá ng alkalde ng Calamba na si Dr. Luis Arias de Mora. Dahil sa mga naganap, nag-aklas ang mga Tsino noong Nobyembre 1639 bitbit ang iba't ibang armas, sinalakay ang tiráhan ng alkalde, at pinaslang siya. Kalaunan nagtungo sila sa Maynila at nang mabalitaan ito ni Gob. Hen. Sebastian de Corcuera, nagpadala siya ng hukbo upang supilin ang Tsino (McCarthy, *Slaughter* 659-660). Nagpatuloy ang tunggalian hanggang sa sumuko ang Tsino noong Pebrero 24, 1640 dulot ng pakikipagsunduan sa kanilá (McCarthy, *Slaughter* 663).

¹⁰ Interesante ang pagdududa ni Escoto tungkol sa mga iginigiit na bílang ng mga namatay sa mga naganap na malawakang pagpatay sa Tsino na paulit-ulit lumalabas sa teksto ng Español. Tingnan Escoto, *Expulsion* 78-79. Kung mayroong pagmamalabis sa numero, maaaring manipestasyon ito ng sadyang pagbibida ng mga may-akdang Español sa kaniláng “lakas” o “kakayahan.”

¹¹ Ang buhok sa ulo para sa mga Tsino noon ay isang mahalagang simbolo ng dangal kayâ hindi nila ito pinuputol o binabawasan.

¹² Isang uri ng malubhang sakit na bitbit ng mga lamok na *Anopheles*. Madalas isinisilang ang mga lamok sa basâng lugar tulad na lámang ng palayan.

Dalawa ang dapat alalahanin ukol dito. Una, ang iba't ibang malawakang pagpatay sa Tsino ay hindi nangangahulugan ng totoong kagustuhang burahin sila sa lipunang ng kolonya. Hindi nila magagawa ito kahit sa kabila ng mga suliraning Tsino. Maaaring pagpapakahulugan ang malawakang pagpatay bílang aksiyong pandepensa at pagtatanggol lámang sa kaniláng kontrol sa kolonya kontra sa mga rebeldeng Tsino sa oras ng kaguluhan. Ikalawa, malimit nabukás sa pakikipagsunduan ang Español sa Tsino sa bansa; minsan sila pa mismo ang nangunguna. Nangyari na ito noong 1603, noong sinubukang makipagsundo ng kapayapaan si Gob. Hen. Acuña sa mga rebeldeng Tsino sa pamamagitan ng kaniláng gobernador na si Juan Bautista de Vera (Argensola 216). Pagkatapos ng tunggalian sa taóng ito, bumalik din ang kalakaran sa Tsina (sentrong pangkalakal ang Pilipinas) kahit sariwa pa sa alaala ang trahedya (Argensola 226-227). Noong 1639, naghikayat naman ng kasunduan ng kapayapaan ang ilang Tsino na tinanggap ng Español kung saan si Francisco Vicente ang nagsilbing tagapamagitan ng dalawa (McCarthy, *Slaughter* 660). Noong 1662, ipinadala ni Gob. Hen. de Lara ang dalawang prayle na sina Vittorio Ricci at Jose de Madrid upang makipagsundo sa rebeldeng Tsino na wakasan ang labanán. Dagdag pa, ipinadala si Ricci sa Taiwan at nakipagsundo sa naiwang pangkat ni Koxinga (McCarthy, *On the Koxinga* 193-195).

ANG MGA PATAKARAN SA PAGKONTROL NG POPULASYON NG TSINO

Kung ihahambing sa dami ng rebelyon at malawakang pagpatay sa Tsino, higit na mas marami ang isinilang na patakaran ng Español tungkol sa pagbabawas at paglilimit ng populasyon ng Tsino sa bansa na nagsimula noong 1603 at lumabas din sa mga taóng 1605, 1620, 1662, 1686, 1744, 1747, 1754, at 1766 (Guerrero 29-36).¹⁵ Pansamantala lámang ang tagumpay ng pagkontrol sa bílang; hindi ito napapanatili sa mahabang panahon kayâ pangkaraniwan ang pag-akyat-babâ ng populasyon ng Tsino sa bansa. Bukod pa, sa paghahambing ng kaniláng populasyon, talagang nakababahala para sa Español ang higit na mas mataas pang bílang ng Tsino

kompara sa maliit niláng bílang (Borao 33; Weightman 220; Wickberg, *Chinese in Philippine Life* 5-6). Sino na ngayon ang tunay na “minoridad”?

Sa isang liham ni Gob. Hen. Acuña kay Haring Felipe III noong Disyembre 1603, nakasaad na hanggang 4,000 lang na Tsino ang maaaring manatili sa kapuluan; subalit, kapansin-pansin na labis pa rito ang mga nasawi sa malawakang pagpatay noong Oktubre (Acuña 12: 167-168). Noong 1605, naghigpit ang Royal Audiencia sa pagtanggap ng Tsino nang mabalitaan ang paparating na labingwalong (18) barko dalá ang 5,500 na Tsino papunta sa bansa (Madrid 14: 50-52). Sa sumunod na taon, nag-abiso si Haring Felipe III kay Gob. Hen. Acuña na huwag pahintulutan makapasok ang ibang Tsino (Haring Felipe III 14: 192). Noong 1620, nagkaroon ng isang decreto real na nag-uutos na hanggang 6,000 na Tsino (Chia 516). Sa huli, hindi ito naisatuparan at patuloy na lumobo ang populasyon ng mga Tsino sa bansa; mahigit 6,000 na Tsino ang sumapi sa rebelyon noong 1639. Matapos ang naganap na rebelyon noong 1662, mulíng binalik ang paglimit sa 6,000 na Tsino (Ricci 258-259). Matapos ang krimen ng isang Tsino nagngangalang Tingco noong 1686, naging hangad muli ng Español ang pagpapatalsik sa kanila alinsunod sa dekreto na paalisin ang mga hindi Kristiyanong Tsino (Chia 517). Tulad ng nakagawian, hindi rin nagtagal at umabot pa sa 20,000 ang populasyon ng Tsino sa bansa. Sa mga taóng 1744, 1747, at 1755, mulíng umiral ang decreto real ng pagpapatalsik ng Tsino ngunit hindi ito naging epektibo sa huli (Guerrero 35). Matapos maging kakampi ng Gran Britanya ang Tsino noong 1762-1764, naging sigaw ng ilang Español ang pagpapatalsik sa “lahat” ng Tsino sa bansa sa pangunguna nina Gob. Hen. Francisco Javier de la Torre, Royal Audiencia, at iba pang mga prayle (Escoto, *Expulsion* 52-53). Bílang tugon sa kahilingan, naglabas ng decreto real ang Hari ng Espanya noong 1766 na nag-uutos sa pagpapatalsik ng “lahat” ng Tsino sa bansa (Escoto, *Expulsion* 53). Naitaláng mahigit dalawang libo Tsino ang napaalis sa bansa mula 1767-1772 (Escoto, *Expulsion* 64). Lumipas ang panahon, umakyat mulí ang populasyon ng Tsino sa bansa na kung saan umabot sa 10,000 Tsino at

¹⁵ Si Guerrero ang nagbanggit na pinakauna ang taóng 1605. Ang mga sumunod na taon ay banggit din lahat ni Guerrero. Subalit, ipinunto ng may-akda na mayroong na ring ganoong uri ng patakaran simula pa noong 1603.

24,000 Mestisong Tsino noong 1842 (Guerrero 35).¹⁴

Samakatwid, hindi umubrang panatilihin ang maliit na bflang sa kabila ng kaliwa't kanang patakarang pagpapaalis sa kanilá. Mababawasan—pero lilipas din. Mapapansin na malimit binabalikan lámang ang patakaran tuwing may nagaganap na suliraning Tsino. Isang halimbawa nito ang paghigpit sa bflang ng Tsino sa bansa sa taong 1603, 1605, at 1606 bilang pagtugon sa naganap na rebelyon noong Oktubre 1603. Sa isang liham noong Nobyembre 4, 1606, bakás ang pag-aalinlangan ni Haring Felipe III kay Gob. Hen. Acuña tungkol sa presensiya ng Tsino sa kapuluan.

I have learned that there have entered and are living in the city of Manila three or four thousand Sangleys. It has seemed to me that although, for the convenience of supplying necessary things for the country, it is well that as many should remain as are needed, **still the most careful attention must be given to the evil results which have previously been perceived, and to the very great injuries which have followed** from the permission that so many should enter and remain in the country. I accordingly charge you that you pay heed to this matter, and that you permit to remain no more than are absolutely necessary, having respect to no other consideration; since nothing can be so profitable as to compensate **for the damage which may follow from the contrary course** (Haring Felipe III 14: 192).

Maraming posibleng katwiran kung bakit hindi naging pangmatagalan ang pagkontrol sa populasyon ng Tsino. Una, naidaraan ng mga Tsino ito sa palusot o taktika upang manatili sa bansa. Makikita ito sa taóng 1686 kung saan gumawa sila ng liham na kailangan niláng manatili sa bansa upang mangkolekta ng utang. Bukod pa roon, nagbanta sila na walang makapapalit sa kaniláng mga trabaho kung mawawala sila (Chia 517). Sa taong 1755 naman, dinaan nilá ito sa pagkukunwari ng pag-aaral ng doktrina ng simbahang Katoliko kayâ hindi sila maaaring paalisin ng bansa (Guerrero 35). Ikalawa, tumatanggap ng suhol ang iláng Español mula sa Tsino upang papasukin o panatilihin sila sa kolonya (Guerrero 26). Ikatlo, ang pinakamahahalagang kadahilanan sa lahat, iniugnay ang pagbabâ ng ekonomiya ng kolonya tuwing nababawasan ang Tsino kayâ ipinagpapaliban minsan ang

patakaran hinggil sa pagpapatalsik (Fast at Richardson 5). Sa akdang *Events in Manila, 1662-1663*, matatagpuan ang saloobin ni Fr. Vitorrio Ricci (264) tungkol dito na may halong pagkukumpara ng Tsino sa Filipino.

All recognized our need of that [Chinese] nation, in the lack and scarcity of all things to which we see ourselves now reduced—all because the number of the Sangleys has been diminished, since the natives have neither energy nor strength to support the burdens that the Chinese carry; and much more on account of our dependence upon their trade, for everything. For not only does everything necessary for life come to us from China:— as wheat, cloth, and earthenware—but it is the Sangleys who carry on all the crafts, and who with their traffic maintain the fortunes of the citizens.

Mahigit isang daang taon ang nakalipas, hindi ikinatuwa ng iláng Español ang pagpapatalsik ng Tsino sa bansa noong 1766. Ayon sa isang siyentistang Pranses na si Le Gentil:

All the Spaniards I met in Manila **expressed sincere regret** at the expulsion of the Chinese, and **admitted that they would be missed** in the Philippines, **because the natives were incapable of taking their place** (snp. ni Escoto, *Expulsion* 66).

Noong Nobyembre 1772, ito rin ang naging katwiran ni Pedro de Calderon, isang mahistrado ng Royal Audiencia, sa harap ng Consejo de las Indias nang itaguyod niya ang pagbabalik at pagpapanatili ng Tsino sa kapuluan (Escoto, *Expulsion* 66). Naging bánat ni Calderon ang matinding pakinabang ng kolonya sa mga Tsino tulad ng pagiging tagapagtustos ng mga pagkain, tagapag-ani ng mga sangkap, at mababàng bentahan. Ayon pa sa kaniya, ang mga lugar na walang Tsino ay nagiging “mahirap” at “miserable” (Escoto, *Supplement* 221). Hindi naging madali ang naging panukala ni Calderon sa ilalim ng pamumuno ni Gob. Hen. Anda. Nagsimulang huminahon ang sentimentong kontra-Tsino sa kaniyang pagkamatay noong Oktubre 30, 1776. Pinahintulutan ng kaniyang kasunod, Gob. Hen. Jose Vargas Basco, ang pagpasok ng Tsino sa bansa at hinimok ang ilan pang banyagang Tsino (mula Tsina) na mamalagi at maghanap-

¹⁴ Ang “Mestisong Tsino” ay tumutukoy sa mga táong Tsino at Filipino ang magulang.

búhay sa bansa noong 1778. Tinanggap ng kolonya ang pagpasok ng mga mangangalakal, artisano, at magkasakang Tsino (Escoto, *Expulsion* 67-69).

DISKUSYON

Matuod ang kasabihan: ang maliit na tuldok sa gitna ng isang malinis na papel ang una at palaging mapapansin kaysa kalinisan nito. Kapansin-pansin ang tuldok. Subalit, hindi masasabing kompleto ang buong larawan nito kung hindi rin papansinin ang lawak ng malinis na bahagi ng papel nakapalibot sa munting mantsa. May pagkakahalintulad ito sa anumang uri ng ugnayan ng tao o pangkat gayundin ang nakaraang ugnayang Tsino-Español noong dantaon 16-18.

Sa listahan ng mga tinaguriang “suliraning Tsino,” marahil ang pagsalakay ni Limahong sa Pilipinas ang nagmistulang unang sangkap sa namumuong hindi magandang pagkakakilanlan sa residenteng Tsino sa bansa bílang mga kasabwat ng mananakop na Tsino. Tumatak at nagbunga ito sa kamalayan ng sinaunang mananakop. Sa mga sumunod na taon, nagkaroon pa ng mga banta ang Tsina na sakupin ang Pilipinas mula sa Español na nagtulak sa kanilá upang maging alerto at maghigpit kahit na walang kasiguraduhan na may ugnayan ang residenteng Tsino ng Pilipinas at banyagang Tsino ng Tsina. Namumuo ang pagtingin sa kanilá bílang mga hindi tapat na mamamayan na may tendensiya kumampi sa kanilang ugat na bansa at hamúnin ang kapangyarihan ng España. Dahil sa mga pangyayaring ito, sa kabilang panig, hindi maikakaila ang namumuong pangamba ng Español sa Tsino. Kinikilala ni Borao (33) na isang banta (threat) ang Tsino para sa Español. Maaalalang mas hinigpitan ng Español ang seguridad ng Intramuros Maynila sa bantang pagsalakay noong 1603. Nangyari rin na lahat ng puwersa ng mga mandirigmang Español mula sa Mindanao at Moluccas ay ipinatawag papuntang Maynila upang pagtuunan si Koxinga—ipinagpaliban pa ang pasipikasyon ng Mindanao. Dumagdag pa rito ang mga naging utos ni Gob. Hen. de Lara katulad ng pagpapagiba ng mga simbahan sa Maynila upang magsilbing pundasyon sa portipikasyon kontra Koxinga.

¹⁵ Isang metapora ang “trojan horse” para sa pagtatago ng totoong layunin na kung saan hindi ito makikita sa “labas.” Nagmula ito sa naratibo ng digmaang Troy.

Dahil sa mga naganap na rebelyon, pag-aalsa, at tunggalian sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, mas lalong nabalisa ang Español. Mahihinuha na mayroong kakayahang ang residenteng Tsino ng Pilipinas na makipagsabayan sa puwersa ng Español. Tinatapatan ng matinding pag-iingat ang kumpidensiya sa Tsino. Sa Intramuros, nakahanda’t nakatutok ang mga kanyon sa Tsino sa oras ng panganib. Minsang nabanggit ni Fr. Muñoz, isang inhenyero prayle noong pagsakalay ni Koxinga, sa isang liham ang paglalagay niya ng dalawampung (20) malalaking artilerya sa entrada ng Intramuros kaharap ng Parian upang “direktang matamaan nito ang Tsino sa Parian, kinikilalang mga lokal na kaaway sa bansa (salin ng may-akda)” (Santamaria, 110). Hindi maiiwasang bigyang-diin sa mga batis at literatura ang tagumpay ng Español. Marami sa mga salaysay ay dumaan sa kamay at pananaw ng Español. Bagaman may katotohanan ang kaniláng tagumpay, makabuluhang alalahanin din ang pinsalang dulot ng Tsino sa Español at bansa bílang katibayan ng kaniláng kakayahang lakas noon. Maraming nasirang mga pamayanan, simbahan, at gusali. Pinaslang din ang iláng kapitan, prayle, at sundalo. Sa halip na tingnan bílang mga inabusong manggagawa, mas idiniin ng mga Español ang rasistang pagsasalihat sa kaso ng dalawang pinaslang na gobernador-heneral. Kung gayon, ang mga Tsino lámang, para sa kanila, ang katangitanging pangkating-etniko na pumatay sa dalawang opisyal na nagsisilbi sa pinakamataas na posisyon sa kolonya. Nakapupukaw pansin ang mga salita ni Weightman (230-231) ng paglalarawan bílang “mapanganib” ang Tsino kung saan tinawag niya silang “Red Trojan Horse.”¹⁵ Dagdag pa niya, “bagaman parang wala lamang kung titignan ang isa sa kanila, ang kabuuang pangkat nila ay patuloy namang kinakatakutan (salin ng may-akda).”

Sa kabila ng nagkakainitang pakikitungo, may iláng pagkakataon din namang nagkaroon ng mapayapang kasunduan sa pagitan ng dalawa. Hindi praktikal sa katatagan ng kolonya ang ganap na pagkabura ng Tsino sa bansa; masasabing hindi layunin ang pagkaubos tuwing may kaganapan ng malawakang pagpatay sa kanilá. Sa masinsinang pagsipat ng mga trahediya na ito, mahuhugot pa rin ang mahalagang gampanin ng Tsino para sa mga

mananakop at para sa kolonya.

Pagdatíng sa pagkontrol ng populasyon ng Tsino sa bansa, hindi naging pangmatagalan ang mga polisiya na ito at sa hulf, patuloy ang pagsigla ng populasyon ng residenteng Tsino sa bansa. Tuwing nababawasan ang bílang ng Tsino sa bansa, biglang sumusulpot naman ang iláng mga saloobin ukol sa kaniláng ekonomikong halaga sa kolonya. Sa pagtanto ng halaga ng kaniláng presensiya, nagiging hadlang ito sa pagpapatupad ng naturang patakaran. Bakás ito na ang Tsino bílang impluwensiyal na sektor ng lipunan.

Bagaman lampas na sa sinasaklawang panahon, mas magiging malinaw ang pagiging impluwensiyal ng mga Tsino sa ika-19 na siglo, gayundin ang hulíng dantaon ng kolonisasyon ng España sa Pilipinas. Sa panahong ito, hindi man kompletong nahinto, masasabing humupo naman ang tatlong nabanggit na suliraning-Tsino sa kolonya noong ika-16 hanggang ika-18 na siglo (i.e., bantang pagsalakay, rebelyon/malawakang pagpatay, at pagbabawas-populasyon). Talagang ibinibida ang mga Tsino sa kaniláng ekonomikong kakayahan sa kolonya. Naging mahalagang komersyal na distrito ang Binondo, isang Chinatown, sa loob ng ika-19 na siglo (Chu 59). Pagdatíng sa usapin ng Tsino-Mestiso, magsisimula maging tanyag ang rasistang klasipikasyon ito simula sa hulíng bahagi ng ika-18 na siglo (Wickberg, *Chinese Mestizo* 71)—bakás ng dahan-dahang asimilasyon ng mga Tsino sa pamamagitan ng pakikipagpares sa mga Filipino. Pagsapit ng kalagitnaan ng 1850, masasabing kontrolado na ng mga Tsino at Tsino-Mestizo ang “internal trade” (Fast at Richardson 24). Sa hulíng mga dekada ng ika-19 na siglo, mulíng magiging matinding alalahanin ng pamahalaang kolonyal ang mga Tsino sa usapin ng inmigrasyon kasabay ng kaniláng patuloy na malakas na impluwensiya sa ekonomiya (Galang 22).

KONGKLUSYON AT TUNGUHIN

Tunay na masalimuot ang ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas. Sa paglirip ng mga kaganapang hidwaan sa pagitan ng dalawang lahing pangkat, malinaw na mauunawaan ang pag-iimahan sa mga Tsino sa loob ng saklaw na panahon. Karapat-dapat silipin ang ika-16-18 na dantaon sapagkat nakapaloob dito ang karamihan ng manipestasyon ng masalimuot na ugnayan na magsisilbing daan sa pag-unawa at pagbuo ng báhong kaalaman tungkol

dito. Kung susumahin, mungkahi ng papel ang pagluklok din sa Tsino sa Pilipinas bílang isang impluwensiyal at pinangangambahang pangkat sa Pilipinas sa loob ng saklaw na panahong bílang pandagdag sa nakagawiang karakterisasyon ng isang lahing pangkat o minoridad na inaapi’t kinamumuhian ng mga mananakop. Sa madaling sabi, ang presensiya ng Tsino para sa Español ay matataguriang isang malaking biyaya gayundin isang mapanganib na sumpa.

Mahalaga ang pag-aaral na ito upang patunayan na maaari natin hamúnin o kalikutin ang mga itinatag na pagsasalarawan sa mga lahing pangkat bílang superyor o imperyor (o iba pa) sa historiograpiya ng Kasaysayang Filipino. Bukod pa rito, hindi rin naman maiiwasan na kailanganin ng isang pangkat ang iba pang pangkat para sa katatagan ng kaniláng ginagalawang lipunan. Layunin ng papel na itong basagin ang problematikong kaisipan na mayroong mas nakahihigit na lahi at marapat na isulong ang pagkakapantay-pantay at pagkakaisa kahit sa kabila ng ating pagkakaiba sa paglikha ng mas mabuting mundo. Sa pagbabalik-tanaw, maaaring maituwid at lumihis sa minsan naging masalimuot na ugnayan.

Para naman sa posibleng pagpapatuloy ng paksang ito, kumpisal ng may-akda ang limitasyon ng papel: ang pagtutuo lamang sa pananaw ng Español sa Tsino—eksklusibong “punto de vista ng Español.” Sa ngalan ng mas kompletong paglalarawan ng ugnayang Tsino-Español, mahalagang talakayin sa hinaharap bílang panibagong papel ang naging persepyon ng Tsino sa Español (punto de vista ng Tsino) na kung saan mapapahintulutan lámang ito kung mayroon o matatagpuan ang mga dokumentong salaysay na nagmula sa alaala ng Tsino. ♦

- Abinales, Patricio N. at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. Maryland: Rowman & Littlefield Publishers Inc, 2005.
- Acuña. Pedro. "Sangley Insurrection: Letters from Pedro de Acuna." 18-23 Disyembre 1603. Blair at Robertson 12: 153-168.
- Arcilla, Jose S. *An Introduction to Philippine History*. 4th ed. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2022.
- Argensola, Bartholomew Leonardo. *The Discovery and Conquest of the Molucco and Philippine Islands*. Sal. John Stevens. London: 1708.
- Blair, Emma Hellen at James Alexander Robertson, pat. *The Philippine Islands 1493-1898*. 55 tomo. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1904.
- Borao, Jose Eugenio. "The massacre of 1603: Chinese perception of the Spaniards in the Philippines." *Itinerario* 23.1 (1998): 22-39.
- Boxer, Charles Ralph. *South China in the Sixteenth Century (1550-1575): Being the Narratives of Galoete Pereira, Fr. Gaspar Da Cruz, OP, Fr. Martin de Rada, OESA, (1550-1575)*. London: The Hakluyt Society, 2017.
- Chan, Albert. "Chinese-Philippine Relations in the Late Sixteenth Century and to 1603." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 26.1-2 (1978): 51-82.
- Chang, Y. Z. "Sangley, the Merchant-Traveller." *Modern Language Notes* 52.3 (1937): 189-190.
- Chia, Lucille. "The Butcher, the baker, and the carpenter: Chinese sojourners in the Spanish Philippines and their impact on Southern Fujian (Sixteenth-Eighteenth Centuries)." *Journal of the Economic and Social History of the Orient* 49.4 (2006): 509-534.
- Chu, Richard T. *Chinese and Chinese Mestizos of Manila: Family, Identity, and Culture, 1860s-1930s*. Leiden: Koninklijke Brill NV, 2010.
- Coblin, Weldon South. "A Brief History of Mandarin." *Journal of American Oriental Society* 120.4 (2000): 537-552.
- Escoto, Salvador P. "A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 48.2 (2000): 209-234.
- _____. "Expulsion of the Chinese and Readmission to the Philippines: 1764-1779." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 47.1 (1999): 48-76.
- "Events in Manila, 1662-1663." Blair at Robertson 36: 218-260.
- Fast, Jonathan at Jim Richardson. *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1979.
- Felix, Alfonso Jr. *The Chinese in the Philippines, 1570-1770*. Bol. 1. Manila: Solidaridad Publishing House, 1966.
- Fox, Robert. "The Archeological Record of Chinese Influences in the Philippines." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 15.1 (1967): 41-62.
- Galang, Jely A. "Vagrants and Outcasts: Chinese Labouring Classes, Criminality, and the State in the Philippines, 1831-1898." Diss. Murdoch University, 2019.
- Guerrero, Milagros C. "The Chinese in the Philippines, 1570-1770." Felix 15-39.
- Haring Felipe III. "Felipe III to Pedro de Acuña." 4 Nobyembre 1606. Blair at Robertson 14: 191-192.

Horsley, Margaret Wyant. "The Formation of Anti-Chinese Feeling in the Philippines: A Cultural Study of the Stereotypes of Prejudice." Diss. Colombia University, 1950.

Kueh, Joshua Eng Sin. "Manila Chinese Community, Trade, and Empire, C. 1570-C. 1770." Diss. Georgetown University, 2014.

Madrid, Manuel. "Relations with Chinese: Chinese Immigration Restricted." 5 Hulyo 1605. Blair at Robertson 14: 50-52.

Maldonado, Miguel Rodriguez. "The Sangley Insurrection of 1603." 1606. Blair at Robertson 14: 119-139.

McCarthy, Charles J. "On The Koxinga Threat of 1662." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 18.1 (1970): 187-196.

_____. "Slaughter of Sangleys in 1639." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 18.3 (1970): 659-667.

Morga, Antonio. "Sucesos de las Islas Filipinas (to be concluded)." Blair at Robertson 15: 25-287.

_____. "Sucesos de las Islas Filipinas (concluded)." Blair at Robertson 16: 25-210.

"Relation of the Voyage to Luzon." *The Philippine Islands 1493-1898*. Blair at Robertson 3: 73-104.

Ricci, Vittorio. "Events in Manila, 1662-63." Blair at Robertson 36: 218-260.

Royal Audiencia. "Sangley Insurrection: Letter from the Audiencia." 12 Disyembre 1603. Blair at Robertson 12: 142-146.

Salazar, Geronimo. "Three Chinese mandarins at Manila." 5 Hulyo 1603. Blair at Robertson 12: 83-97.

Sande, Francisco. "Relation of the Filipinas Island." Blair at Robertson 4: 21-118.

Santamaria, Alberto. "The Chinese Parian (El Parian de los Sangleyes)." Felix 67-118.

Weightman, George H. "Anti-Sinicism in the Philippines." *Asian Studies* 5.1 (1967): 220-231.

Wickberg, Edgar. "The Chinese Mestizo in Philippine History." *Journal of Southeast Asian History* 5.1 (1964): 62-100.

_____. *The Chinese in Philippine Life, 1850-1898*. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2000.



Si LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA ay nagtapos ng MA Kasaysayan sa Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan din siyang Lecturer ng Departamento ng Agham Pisikal at Matematika, Kolehiyo ng Agham at Sining, UP Manila. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay kasaysayang legal ng Pilipinas at mga awtomatikong-pangkompyuter na pamamaraan sa pagsisiyasat o pagbabasá ng legal na teksto. Maaari siyang makontak sa lbranera@up.edu.ph.

Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Báhong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Wika ng mga SUC III

Readiness of Filipino Professors in Teaching Subjects in the New General Education Curriculum: Basis for Language Planning of the SUC'S III

RAFFY AGANON

raaffyaganon@gmail.com
Tarlac State University

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na maláman ang mga pagpaplanong wika ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III batay sa isinagawang pagsusuri ukol sa kahandaan ng mga propesor ng Filipino sa pagtuturò ng mga asignatura sa báhong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon. Gumamit ng kuwalitatibo at kuwantitatibong paraan ng pananaliksik kung saan ang mga datos na nakalap ang dumaan sa masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuoan. Sa pag-aaral na ito, napag-alaman ang mga planong pangwika ng bawat SUC ng Rehiyon III na makatutulong sa mga propesor ng Filipino na lubos na naapektuhan ng pagpapatupad sa isang memorandum mula sa CHED ukol sa pagbabâ ng mga asignaturang Filipino sa programang K to 12 ng DepEd. Ang pagpaplanong pangwika na nabuo mula sa ginawang pag-aaral ay nakasentro sa pitóng komponent gaya ng sumusunod: kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon at ko-kurikular na gawain. Gayunman, ang mga naturang plano ay nararapat lámang na maisakatuparan ng bawat SUC upang mapanatili at mapaunlad pang lalo ang wikang Filipino sa larangan ng akademya.

Mga susing salita: Pangkalahatang edukasyon, pagpaplanong wika, kahandaan, pananaliksik, ekstensiyon

ABSTRACT

The main purpose of this study is to identify the plans of the State Universities and Colleges in Region III on language planning based on the study conducted on the readiness of Filipino Professors in teaching subjects under the new General Education Curriculum. Qualitative and Quantitative methods of research were used, and the data gathered were analyzed towards the development of language plans. Through this study, it was then found out that language planning could help Filipino Professors in every SUC in Region III that were greatly affected by the CHED Memorandum that mandated Filipino subjects to be taught at K-12 programs of the Department of Education. The language planning that has made based on the study were centered on seven components: faculty, curriculum, instruction, research, extension, production and co-curricular activities. Therefore, these plans should be fulfilled in every SUC in Region III to maintain and further enrich the Filipino language in the academe.

Keywords: General education, language planning, readiness, research, extension



PANIMULA

Ang pagkakaroon ng isang wikang pambansa ay nagpapakita lámang ng yaman ng Pilipinas sa iba't ibang wika na siyang nagdidikta ng pangangailangan ng isang wikang magbubuklod sa mga mamamayang Pilipino. Nakasaad sa konstitusyon ng Pilipinas ang batas ukol sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon. Kaakibat nito ang halaga ng paggamit ng Filipino bilang epektibong salik ng pagkatuto. Mapapansin na sa artikulo XIV, seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon, tiniyak ang wikang panturò:

“Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilininang, ito ay payabungin at pagyamanin pa sa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang wika. Alinsunod sa mga tadhana at sang-ayon sa ararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magasagawa ng hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspasang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturò sa sistemang pang-edukasyon (Art. XIV, Sek.6 ng Saligang Batas 1987)

Subalit sa inilabas ng Commission on Higher Education (CHED) na Memorandum No 20 Series of 2013 noong Hunyo 28, 2013 na may titulong “General Education Curriculum: Holistic Understanding, Intellectual and Civic Competencies,” tumataliwas ito sa isinasaad ng naturang Saligang Batas. Ang nasabing CHED Memo ay nagsasaad ng pagtanggali

ng asignaturang Filipino sa kurikulum na ipinapatupad sa kolehiyo at ang di paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturò sa kolehiyo. Sa madaling salita, hindi na ituturo ang asignaturang Filipino sa kolehiyo, at idadagdag na lámang ito sa kurikulum ng programang K to 12 ng DepED. Kapansin-pansing binura sa kolehiyo ang asignaturang Filipino sa pamamagitan ng CMO No 20 S. 2013 gaya ng nasa pigurang ito na nagpapakita ng mga asignatura sa bágong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon. Matutunghayan ding wala na ni isang asignatura ang ituturò sa Filipino gaya ng isinasaad sa nasabing batas na “*puspang itaguyod ang paggamit ng Filipino ay wikang pagtuturò sa sistemang pang-edukasyon.*”. Paano mapauunlad, mapalalaganap, at mapananatili ang wikang pambansang Filipino kung hindi na ito magagamit na wikang panturò sa kolehiyo?

Uri	Kurso
Core 8 courses 3 units each 24 units total	1. Understanding the Self 2. Readings in Philippine History 3. The Contemporary World 4. Mathematics in the Modern World 5. Purposive Communication 6. Art Appreciation 7. Science, Technology and Society 8. Ethics
Electives 3 courses 9 units total	Choices on: 1. Arts and Humanities 2. Social Sciences & Philosophy 3. Mathematics Science and Technology
Mandated	Life & Works of Rizal (3 units)

Figura 1: Mga Báhong Asignatura Batay sa CHED Memo № 20 S. 2013

Nabanggit man sa *CMO № 20, Series of 2013* na “*The general education courses maybe taught in English or Filipino*”, ang probisyon sa opsiyonal na paggamit ng Filipino bílang wikang panturò ay lalong lumalabnaw at nawawalang saysay. Ang walong (8) core courses ay maaari daw iturò sa Filipino gaya ng paliwanag ng CHED kayâ naman tinumbasan ito ng titulo sa Filipino: (1) *Understanding the Self*/Pag-unawa sa sarili; (2) *Readings in Philippines History*/ Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas; (3) *The Contemporary World*/ Ang Kasalukuyang Daigdig; (4) *Mathematics in the Modern World*/ Matematika sa Makabagong Daigdig; (5) *Purposive Communication*/ Malayuning Komunikasyon; (6) *Art Appreciation*/ Pagpapahalaga sa Sining; (7) *Science, Technology and Society*/ Agham, Teknolohiya at Lipunan; at (8) *Ethics*/ Etika. Ngunit ang malaking tanong ay kung sapat ba ang paliwanag na ito upang ang mga propesor ng Filipino ay bigla na lang lumihis sa dati niláng itinuturò? At ano ang magiging kalagayan ng mga guro ng Filipino kapag tuluyan na itong maipatupad?

May mga pag-aaral at pagsasaliksik ukol sa kalagayan ng Filipino sa iba’t ibang institusyon, mga suliraning pangwikang kinakaharap ng mga paaralan, at maging mga pagpaplanong wika (Almario, Ganotice 2015; Manzano 2012; Bulan, Baquiran, Constantino, Liwanag, Luis, Montera, Tarun 2010) upang makabuo ng mga solusyon at

makagawa ng mga iba’t ibang pamamaraan para matugunan ang mga suliraning ito. Kung kayâ ninais ng mananaliksik na ituan ang pansin sa mga planong pangwika ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III sa magiging lagay ng Filipino at ng mga kaguruan ng Filipino na apektado sa implementasyon ng CHED Memorandum №20 S 2013. Kasáma rin dito ang (1) pag-alam sa personal na kakanyahan ng mga kalahok; (2) ang kaniláng kahandaan sa pagtuturò ng mga asignatura sa báhong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon; at (3) ang mga hámong kaniláng kahaharapin sa pagtuturò ng mga báhong asignatura.

PAGPAPLANONG WIKA

Patuloy na itutulak ng CHED ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong sapagkat babawasan nito ang oportunidad para sa intelektuwalisasyon ng wika. Kung seryoso ang gobyerno sa pagtataguyod sa paggamit ng Filipino bílang wikang panturò, kinakailangang pataasin pa ang kasanayan ng mga estudyante sa intelektuwal na paggamit nito, kayâ kailangan talagang magkaroon pa rin ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang pagpapatupad ng CHED Memorandum na ito ay naging isang napakalaking isyu sa ating bansa partikular sa mga kaguruan

ng Filipino sa mga unibersidad at kolehiyo na kinakailangang mabigyan ng kalutasan. At sa pamamagitan ng magandang planong pangwika ay mabibigyan ito nang maayos at mabisang solusyon. Ang **pagpaplanong pangwika** (Almario, 74) ay dapat nakasandig sa malinaw at organisadong saliksik at sinusubaybayan ang implementasyon ng isang pangmatagalan at mapanuring saliksik. Ibig sabihin, bago magplano ay kailangan ng kaalaman ang magpaplano mula sa mga saliksik at talakayang naganap ukol sa wika at kultura. Ibatay ang plano mula sa mga totoong impormasyon at pagsusuri, at hindi sa mga haka-haka lámang. Kailangan din ang mahusay na konsultasyon at malayang talakayan. Pagkatapos mabuo ang plano, bawat hakbang na gagawin ay batay sa wastong saliksik upang makapagsagawa agad ng pagbabago at higit pang mapatatag ang mga proyekto tungo sa pagtatagumpay ng planong pangwika.

Ang pagpaplanong pangwika ay isang pagtatangkang maimpluwensiyahan ang gamit ng wika nang mas mabilis, mas sistematiko, at mas malawak. Tumutukoy sa *decision-making* tungkol sa wika at ito ay nangangahulugan ng tuwirang pagbabago ng wika o *deliberate language change*. Kinabibilangan ito ng pagbuo ng patakaran, kodipikasyon, elaborasyon, at implementasyon (Fishman, 80)

Sa aklat ni Zafra (24), ayon sa mga sosyolingguwistikang sina Fishman, Alisjahbana, Rubin at Jernudd, at Haugen, ang pagpaplanong wika ay isang organisadong pagdedesisyon tungkol sa wika. Maaaring solusyon ito sa problema o kaya'y pagbabago sa estruktura at elemento nito upang magabayan ang development nito sa konteksto ng pagbabagong panlipunan, pangkultura, at panteknolohiya. Karaniwang ginagawa ito ng mga akademisyan at komiteng pangwika. Dahil dito, ang mga gawaing kaugnay ng intelektwalisasyon, modernisasyon, estandardisasyon, seleksiyon, elaborasyon, at kultibasyon na mga dimensyon at sub-dimensyon ng pagpaplanong pangwika na pinag-uusapan sa mga forum, seminar, at kumperensiya ay mahalaga sa larangang ito.

Malaking tulong ang pag-aaral ni Cooper (65) ukol sa pagpaplanong pangwika at estandardisasyon. Tinukoy niya na may tatlong pangunahing uri sa pagpaplano ng wika; (1) ang *status planning*, ito ang pagkilala ng pamahalaan sa kahalagahan o posisyon ng isang wika sa iba pang wikang ginagamit,

gayundin sa alokasyon ng wika at ang itinakdang silbi nito; (2) ang *corpus planning* na tumutukoy sa pormulasyon ng mga reporma sa ispeleng, paglikha ng mga salita at pagbuo ng makabagong uri ng pagsulat; at (3) ang *acquisition planning* na nakapokus sa pagtuturò at pagkatuto ng iba't ibang wika. Dagdag pa rito ang artikulo ni Earl (2010) na nailathala sa isang jurnal na naglalahad na maraming guro ang bumubuo ng mga imahen o senaryo sa proseso ng kaniláng kabuoang plano sa pagtuturò at ito ay nasa isipan nila. Gumagawa sila ng paglalarawan sa kaniláng isip o diwa kung ano ang maaaring anyo ng leksiyon at paano ito epektibong mailalahad sa klase. Samakatwid, higit na nagaganap ang pagpaplanong pampagtuturò sa isipan kaysa sa papel para sa maraming guro. Ang epektibong guro ay iyong nagagawang maihatid sa mga mag-aaral ang mga inaasahang bunga ng pagkatuto.

Layunin ng pagpaplanong wikang lutasin ang mga problemang pangwika mula sa mga mungkahing solusyon at manipulasyon. Nakapokus lámang ang pagpaplanong pangwika sa mga gawain ng mga SUC (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*) kung saan mula sa mga gawaing ito ay bubuo ng mga programa at mula sa mga programang ito ay bubuo naman ng mga proyekto. Maituturing na malaking tulong ang kalalabasan ng pag-aaral na ito upang matukoy ang mga pagpaplanong wika, programa, at proyekto ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III sa kalagayan ng Filipino hindi lámang bílang isang asignatura kundi bílang wika ng edukasyon, sa kabila ng banta ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Kasabay sa layunin na maláman ang pagpaplanong wika ng mga SUC III sa wikang Filipino, matutukoy rin ang mga epektong dulot nito sa mga propesor na apektado ng implementasyon nito sa antas tersiyaryo. Makabuluhan ang pananaliksik na ito at malaking tulong hindi lámang sa mananaliksik kundi sa lahat ng mga propesor na nagtataguyod sa halaga ng wikang Filipino hindi lámang bílang wikang pambansa ng Pilipinas, kundi bílang wika ng pagtuturò at pagkatuto.

DISENYO AT METODOLOHIYA

Ang deskriptibong paraan ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito. Isa itong paglalahad ng katotohanan na siyang magiging basehan ng pagpapasiya (Calmorin, 1994). Isa ring paraan ng paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap kung saan tutukuyin ang kalagayan at kaugnayan ng mga pangyayari at maging ang kahinaan o kalakasan ng isang programa. Ito ay kombinasyon ng kuwalitatibo o kuwantitatibong pag-aaral na dumaan sa masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuoan. Binigyang katuturan ang lahat ng datos na natipon mula sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) sa Rehiyon III, mula sa hámong kinakaharap ng mga propesor hanggang sa mga planong pangwika ng kani-kanilang administrador.

MGA KALAHOK

Mula sa labindalawang (12) pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III ang pinanggalingan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito. *Purposive sampling* ang ginamit sa pagkuha ng kalahok. Lahat ng mga propesor ng Filipino na kasalukuyang nagtuturo, mga may *plantilla item*, mga *contractual*, at *part-timer* ay kabilang sa mga naging kalahok.

Talahanayan 1
Bilang ng mga Kalahok at ang kanilang Ranggong Pang-akademiko mula sa mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III

Unibersidad/Kolehiyo	Bílang ng mga Kalahok	May Plantilla item	Contractual	Part-timer
Aurora State College of Technology (ASCOT)	6	2	4	
Bulacan Agricultural State College (BASC)	8	4	3	1
Bataan Peninsula State University (BPSU)	9	6	2	1
Bulacan State University (BulSU)	14	7	3	4
Central Luzon State University (CLSU)	11	6	3	2
Don Honorio Ventura Technological State University (DHVTSU)	8	4	3	1
Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST)	12	7	2	3
Philippine Merchant Marine Academy (PMMA)	4	2	2	
Pampanga State Agricultural University (PSAU)	10	7	1	2
Ramon Magsaysay Technological University (RMTU)	11	6	3	2
Tarlac College of Agriculture (TCA)	9	5	2	2
Tarlac State University (TSU)	13	6	3	4
		62	31	22
Kabuoan	115		115	

MGA INSTRUMENTO

Gumamit ng dalawang paraan sa pangangalap ng datos ang mananaliksik, talatanungan, at panayam. Dalawang magkaibang talatanungan ang ginamit, isa para sa mga guro sa Filipino na binubuo ng tatlong na bahagi: (1) ang personal na kakanyahan ng mga kalahok, (2) ang kahandaan ng mga propesor sa pagtuturo, (3) ang mga hámong kakaharapin ng mga propesor at isa para sa mga pangulo ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo na naglalaman ng mga tanong

ukol sa mga pagpaplanong wika upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Filipino na isinagawa sa pamamagitan ng panayam. Matutunghayan sa ibabâ ang dalawang talatanungang ginamit sa pag-aaral na ito.

1. Talatanungan para sa mga Propesor ng Filipino

I. Personal na Datos

Pangalan: _____ Kasarian: _____

Katayuang Sibil: _____ Edad: _____

Tirahan: _____

Edukasyon:

Antas	Paaralan	Kurso	Taon ng Pagtatapos
Gradwado			
Kolehiyo			
Sekondarya			
Elementarya			

Katayuan sa pagtuturò: _____ Permanente _____ Temporaryo _____ Substitute
 _____ Kontraktual _____ Part-timer

Ranggong Pang-akademiko: _____

Taon/tagal na sa pagtuturò: _____

Mga Asignaturang Itinuturo: _____

II. Kahandaan ng mga Propesor

Panuto: Lagyan ng tsek ang kolum na nagpapakita ng inyong kahandaan sa pagtuturò ng mga bagong asignatura sa pangkalahatang edukasyon na siyang nilalaman ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Gamitin ang panukatan na nasa ibaba sa pagmamarka.

Iskor	Deskripsyong Berbal
5	Handang-handa
4	Handa
3	Bahagyang handa
2	Di-handa
1	Di lubos na handa

Mga Bagong Asignatura sa GEC	5	4	3	2	1
1. Pagtuturò ng <i>Pag-unawa sa Sarili /Understanding the Self</i>					
2. Pagtuturò ng <i>Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas / Readings in Philippine History</i>					

3. Pagtuturò ng <i>Ang Kasalukuyang Daigdig/ The Contemporary World</i>					
4. Pagtuturò ng <i>Mathematics in the Modern World/ Matematika sa Makabagong Daigdig</i>					
5. Pagtuturò ng <i>Purposive Communication/ Malayuning Komunikasyon</i>					
6. Pagtuturò ng <i>Art Appreciation/ Pagpapahalaga sa Sining</i>					
7. Pagtuturò ng <i>Science, Technology and Society/ Agham, Teknolohiya at Lipunan</i>					
8. Pagtuturò ng <i>Ethics/ Etika</i>					

III. Suliraning Kakaharapin ng mga Propesor

Panuto: Lagyan ng tsek ang mga aytem ng mga suliraning kakaharapin sa pagtuturò ng mga asignatura sa bagong pangkalahatang edukasyon. Gamitin ang panukatan na nasa ibaba sa pagmamarka.

Iskor	Deskripsyong Berbal
5	Lubos na sumasang-ayon
4	Sumasang-ayon
3	Bahagyang sumasang-ayon
2	Hindi sumasang-ayon
1	Lubos na di-sumasang-ayon

Mga Suliranin	5	4	3	2	1
1. Pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura					
2. Kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
3. Panibagong pag-aaral ang kakailanganin sapagkat di angkop ang natapos na espesyalisasyon.					
4. Panibagong pakikisama sa mga guro sa departamentong lilipatan.					
5. Maaaring mawalan ng gana sa pagtuturò bunga ng panibagong paghahanda.					
6. Mahihirapang ituro ang mga bagong asignatura dahil sa walang kahandaan.					
7. Hindi na papayagan na dumalo sa mga pambansang seminar-workshop ukol sa Filipino.					
8. Kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
9. Kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturò na magagamit sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
10. May kahirapan sa pagsulat ng mga riserts na may kinalaman sa mga bagong asignatura.					

2. Panayam para sa Pangulo ng Pamantasan

Kaguruan

1. Ano po ang inyong plano sa mga guro na lubos na apektado sa implementasyon ng CHED Memorandum 20, s. 2013

a. Permanente

b. Kontraktwal/ part-timer

2. Papayagan n'yo po ba ang mga propesor na dumalo sa mga seminar-workshop, lokal, rehiyonal, nasyonal o internasyonal, ukol sa Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

Kurikulum

3. Ano po ang inyong saloobin sa kautusan ng CHED sa pagtanggali ng asignaturang Filipino sa kolehiyo?

4. Mayroon po bang kurso sa pamantasan na BSE Filipino o kaya'y AB Filipino?

_____ Oo _____ Wala

5. Kung wala, may balak po ba ang inyong pamantasan na magbukas ng kursong BSE Filipino o kaya'y AB Filipino? _____ Oo _____ Wala Bakit?

6. Ano po ang inyong opinyon sa panukala ng CHED na maaaring ituro sa Filipino at Ingles ang mga asignatura sa bagong pangkalahatang edukasyon?

7. Ipag-uutos n'yo po ba ang paggawa ng silabus na nasusulat sa Filipino para sa mga bagong asignatura ng GEC? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

Instruksyon

8. Pabor po ba kayo na ituro sa Filipino ang mga core courses sa bagong GEC?

_____ Oo _____ Hindi Bakit?

9. Sang-ayon po ba kayo na magturo ng core courses (*bagong asignatura*) ang mga propesor ng Filipino na apektado ng nasabing CHED Memorandum? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

10. Bilang pangulo po ng pamantasan, sa pagitan po ng Ingles at Filipino, ano po sa palagay ninyo ang dapat na maging wikang panturo sa mga core courses sa bagong GEC? _____ Ingles

_____ Filipino Bakit?

Riserts

11. Ngayon po na nalalapit nang ipatupad ang naturang CHED Memorandum, papayagan n'yo pa rin po ba na magsagawa ng mga riserts ang mga propesor gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagsulat? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

12. An-ano pong paksa ang inyong mas bibigyan prayoridad sa mga pananaliksik na maaaring isagawa?

13. Ano po ang inyong mga plano upang lalong mapataas ang kalidad ng pananaliksik sa larangan ng Filipino?

Ekstensyon

14. Papayagan pa rin po ba ninyo ang paggamit ng Filipino sa pagsasagawa ng programang pang-ekstensyon ang inyong mga propesor? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
15. Mayroon po bang insentib na pinagkakaloob para sa mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik at ekstensyon kahit na sa wikang Filipino nasusulat at isinasagawa ang mga ito?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
16. Ano pong mga programa ang inyong ipapatupad para sa mga isinasagawang ekstensyon ng mga propesor ng inyong pamantasan?
17. Para po sa inyo, sino po ang mga kinakailangang makatanggap ng mg programang ito?

Produksyon

18. Pabor po ba kayo sa pagsusulat ng mga propesor ng mga aklat para sa mga core courses gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
19. Ipag-uutos n'yo po ba ang paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo gaya ng mga aklat, mga lathalain, mga akdang pampanitikan at iba pa gamit ang wikang Filipino?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
20. Ano po ang kailangan ninyong gawin upang karamihan sa inyong mga guro ay mahikayat na gumawa ng mga kagamitan dagdag sa mga produksyon ng inyong pamantasan?

Ko-Kurikular

21. Ipagpapatuloy pa rin po ba ng pamantasan ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
22. Papayagan n'yo po ba ang pagsusulat ng mga anunsyo, paalala, at iba pang impormasyon sa buong pamantasan gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
23. Papayagan rin po ba ninyo ang pagsusulat ng publikasyong pangkampus ng mga estudyante gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
24. Ipagpapatuloy pa rin po ba ang pagdaraos ng mga paligsahang pangwika gaya ng pagsulat ng sanaysay, talumpati, tula, pagkukuwento, deklamasyon at iba pa?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
25. Papayagan rin po ba na gamitin ang wikang Filipino sa pagdiriwang ng iba't ibang programa ng pamantasan gaya ng Foundation Day, Intramurals at Graduation Day?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
26. Bilang pangulo po ng pamantasan, ano-ano po ang inyong mga plano upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Filipino?

BALANGKAS NG PAG-AARAL

Sa panahong isinagawa ang pag-aaral na ito, sa pagtungo sa labindalawang (12) pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III, ang mananaliksik ay nagkaroon ng mga suliranin sa pangangalap ng mga datos. May mga SUC na binubuo ng iba't ibang mga kampus na nagdulot ng pagkaantala ng mga sagot kayâ kinailangan pang balikan ang mga talatanungang ipinamahagi.

Gayumpaman, naging makabuluhan pa rin ito sapagkat malaking tulong ang naging impormal na panayam habang sinasagutan ng mga guro ang talatanungan at nagsilbing oportunidad sa mananaliksik na makaharap ang mga pangulo ng mga SUC ng Rehiyon III.

Isang balangkas ang nabuo na siyang naging salalayan sa pagpapaliwanag ng mga plano ng mga administrador ng mga SUC ng Rehiyon III. Nakatuon ang nabuong balangkas sa tatlong tunguhin: **plano, programa, at proyekto** na nakapokus naman sa pitóng gawain ng mga SUC gaya ng *kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon*, at *ko-kurikular*. At mula rito, bibigyang pansin ang **konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon** ng mga programa at proyektong nabuo mula sa pitóng gawain ng mga SUC ng Rehiyon III.




Figura 2 Balangkas ng Planong Pangwika ng mga SU

PAGSUSURI NG MGA DATOS

Sa pamamagitan ng masikhay na pag-aaral, mabusising pagsusuri at paglalarawan sa mga nakuhang datos, isang planong pangwika ang nabuo na tumugon sa mga suliraning kinakaharap ng mga kaguruan ng Filipino mula sa iba’t ibang pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC)

ng Rehiyon III. Ang lahat ng nakalap na datos ay inilarawang mabuti na naging batayan sa pagbuo ng mga tuntunin, gawain, implementasyon, at inaasahang resulta sa mga planong pangwika na siyang nararapat na maipatupad upang maipagpatuloy ng mga guro ang pagpapanatili at pagpapalaganap ng wikang Filipino hindi lamang bilang wikang pambansa kundi wika ng karunungan.

KINALABASAN NG PAG-AARAL
Paglalarawan sa mga Kalahok

Talahanayan 2
Personal na Kakanyahan ng mga Kalahok

	Bílang	Bahagdan (%)
Kasarian		
Babae	79	68.69
Lalaki	36	31.30
Edad		
20–29	38	33.04
30–39	35	30.43
40–49	17	14.78
50– 59	15	13.04
60 pataas	10	8.69
Pinakamataas na Natamong Edukasyon		
Kolehiyo	26	22.603
Kasaluyang Nagma-masteral	32	27.82
Tapos ng Masteral	26	22.60
Kasalukuyang Nagdo-doctorate	19	16.52
Tapós ng Docrorate	12	10.43
Katayuan sa Pagtuturò		
Walang aytem	53	46.08
May aytem	62	53.91
Ranggong Pang-akademiko		
Walang ranggo	53	46.08
Instructor	12	10.43
Asst. Professor	37	32.17
Asso. Professor	10	8.69
Professor	3	2.61
Taon sa Pagtuturò		
0–2	31	26.69
3–10	30	26.08
11–20	23	20
21–30	13	11.30
Mahigit 30 taon	16	13.91

A. Batay sa kasarian. Batay sa datos na inilahad, mas malaki ang bilang ng mga babaeng naging kalahok sa pag-aaral na ito. Ito ay isang realidad at patunay lámang na talagang mas maraming kababaihan ang kumukuha ng kurso sa pagtuturò at nagpapakadalubhasa sa larangan ng komunikasyon at wika kung ikokompara sa mga kalalakihan.

B. Batay sa edad. Pinakamaraming kalahok ang nasa edad 20–29, nangangahulugang karamihan sa kanilá ay bago o di naman kayâ ay iláng taon pa lámang sa larangan ng pagtuturò. Patunay ito kung bakit karamihan sa kanilá ay kontraktuwal pa lámang o wala pang aytem. Pinakakaunti naman ang bilang ng mga kalahok na nasa edad 60–pataas sapagkat sa edad na ito ay maaari nang magretiro sa serbisyo at makatanggap ng iba’t ibang benepisyo bunga ng paglilingkod sa gobyerno.

C. Batay sa edukasyong natamo. Lumalabas na karamihan sa mga kalahok ay kasalukuyang kumukuha ng masteral na digri sapagkat ito ay pangangailangan upang makakuha ng aytem. Pangangailangan rin ito upang ang mga kalahok na may istatus na temporaryo ay maging permanente. At pagkatapos ng masteral digri, maaaring ipagpatuloy na rin ang pag-aaral ng doctoral na digri upang lalong mapataas ang kalipikasyon.

D. Batay sa katayuan sa pagtuturò. Lumalabas na mas malaki ang bilang ng mga kalahok na may aytem kompara sa walang aytem. Ngunit marami pa rin ang bilang ng mga propesor na nagtuturo ng Filipino ang apektado sa napipintong pagkakaltas ng mga empleado sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo dalâ ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Kapag tuluyan o kailangan nang ipatupad ang pagtuturò sa mga bágong asignatura sa wikang Filipino, maraming propesor ng Filipino ang kinakailangang magsagawa ng pag-aaral sa bágong asignatura (*re-tooling*) para maiturò ang mga ito.

F. Batay sa ranggong pang-akademiko. Pinakamataas ang bilang ng mga assistant professor sapagkat kapag mayroon nang

mga yunit o tapós na sa masteradong digri, siguradong pasók na sa aytem na assistant professor. Pinakakaunti naman ang bilang ng mga professor sapagkat masyado nang mataas ang kalipikasyong hinihingi, tulad ng dapat tapos sa doktoradong digri, mayroon ding serbisyong ekstensiyon, sangkot sa mga pananaliksik, may ginagawang proyekto bilang bahagi ng produksiyon at iba pa.

G. Batay sa taon sa pagtuturò. Marami sa mga kalahok na nasa 0–2 taon pa lámang sa pagtuturò. Itinuturing silang bago pa lamang sa serbisyo at halos nagsisimula pa lang ng kursong masteral. Kayâ, nararapat lámang na bigyan sila ng pagkakataon upang makadaló sa mga seminar-workshop upang makakuha ng sapat na kaalaman at kasanayan na magagamit sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong pangkalahatang edukasyon.

KAHANDAAN NG MGA PROPOSOR NG FILIPINO SA PAGTUTURÒ NG MGA ASIGNATURA SA BÁGONG PANGKALAHATANG EDUKASYON

Sa implementasyon ng CHED Memorandum 20, s. 2013, lubos na naapektuhan ang mga kaguruan sa departamento ng Filipino. Naging malaking usapin kung ano ang kahihinatnan ng mga guro bunga ng nasabing kautusan. Nakasaad sa nasabing kautusan na maaaring iturò sa Filipino o Ingles ang walong (8) bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon. Ang mga gurong apektado ng nasabing kautusan ay maaaring magturò sa mga bagong asignatura, at ang mga propesor ng Filipino ay kabílang sa mga maaaring magturo nito. Isang mahalagang tanong ang bibigyang kasagutan sa bahaging ito, *“kung sakaling handa o hindi handa ang mga propesor ng Filipino, may mga hámon bang kahaharapin ang mga propesor sa pagtuturò ng mga asignaturang ito?”*

Matutunghayan sa talahanayan kung ang mga propesor ng Filipino ay may kahandaan sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong pangkalahatang edukasyon kung sakali ito ay ituturò nga sa wikang Filipino.

Talahanayan 3
Kalagayan ng mga Propesor ng Filipino sa Pagtuturò ng mga Bagong Asignatura

Mga Báhong Asignatura	Kahandaan*					Weighted Mean	Deskripsiyon
	HH	H	BH	DH	DLH		
Pang-unawa sa Sarili	36	53	22	4	0	4.05	Handa
Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas	38	49	22	5	1	4.03	Handa
Ang Kasalukuyang Daigdig	24	56	29	4	2	3.83	Handa
Matematika sa Makabagong Daigdig	2	25	43	24	21	2.68	Bahagyang handa
Malayuning Komunikasyon	48	49	15	3	0	4.23	Handa
Pagpapahalaga sa Sining	31	56	19	8	1	3.94	Handa
Agham, Teknolohiya, at Lipunan	14	38	34	22	7	3.26	Bahagyang handa
Etika	34	45	23	11	2	3.85	Handa

*HH – Handang-handa; H – Handa; BH – Bahagyang Handa; DH – Di handa; DLH – Di lubos na handa

Handa ang mga propesor na iturò ang anim na asignatura (*Pang-unawa sa Sarili, Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas, Ang Kasalukuyang Daigdig, Malayuning Komunikasyon, Pagpapahalaga sa Sining, at Etika*) kung sakaling ito ay ituturò sa wikang Filipino sapagkat hindi na ito bago sa kanilá dahil ang mga ito ay itinuturò sa na hay-iskul maging sa kolehiyo. Ang asignaturang *Malayuning Komunikasyon* ay nakakuha ng pinakamalaking mean (4.23), nangangahulugan lámang na bihasang-bihasa ang mga propesor sa Filipino sa larangang ito.

Batay sa naging panayam ng mananaliksik sa mga kalahok, ang mga asignaturang ito ay makakáyang maiturò sa tulong na rin ng mga seminar, pagsasanay, worksyap na kinakailangang daluhan upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman hindi lámang ukol sa mga paksa kundi maging sa mga pamamaraan ng pagtuturò ng mga asignaturang ito.

Sa kabiláng bandá, bahagyang handa naman ang mga guro na iturò ang *Agham, Teknolohiya, at Lipunan* at ang *Matematika sa Makabagong Daigdig* sapagkat madalas itong itinuturò sa wikang Ingles at nagtataglay ang mga ito ng mga teknikal na mga terminong may kahirapang isalin. Ang kakulangan sa materyales gaya ng libro na nasusulat sa Filipino ang dahilan ng mga propesor kung kayâ hindi sila gaanong handa upang iturò ang mga ito.

Sa kabuuan, mayroon pa ring mean na 3.73 nangangahulugang handa ang mga guro sa pagtuturò sa walong (8) báhong asignatura sa pangkalahatang edukasyon at hindi nakitaan ng pagkabahala o pag-alinlangan ang mga propesor ng Filipino. Sa kabila ng pagiging handa ng mga propesor ng Filipino na iturò ang mga báhong asignaturang ito batay na rin sa resulta ng pag-aaral, may mga hámon pa ring silang kakaharapin upang maging malinaw, maayos, at may katuturang maibahagi sa kaniláng mga mag-aaral ang mga kaalaman nararapat nilang matamo sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan.

MGA KAHAHARAPIN NG MGA PROPEOR SA PAGTUTURÒ NG MGA ASIGNATURA SA BAGONG PANGKALAHATANG EDUKASYON

Sa kabila ng pagiging handa ng mga propesor ng Filipino na iturò ang walong bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon sa wikang Filipino, mayroon pa ring mga hámon na kaniláng haharapin na tiyak na makaaapekto sa kaniláng pagtuturò. Isang mahalagang tanong din ang kailangang masagot sa bahaging ito, “*mula sa mga hamong nailahad, paano makatutulong ang pagpaplanong wika sa bawat SUC ng Rehiyon 3 para sa mga propesor na apektado ng CHED Memo?*”

Talahanayan 4

Mga Hamong Kakaharapin ng mga Propesor

Kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
Pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura.
Panibagong pag-aaral ang kakailanganin sapagkat di angkop ang natapos na espesyalisasyon.
Kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturò na magagamit sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
May kahirapan sa pagsulat ng mga riserts na may kinalaman sa mga bagong asignatura.
Mahihirapang ituro ang mga bagong asignatura dahil sa walang kahandaan.
Kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
Hindi pagpayag ng ibang departamento na ituro sa Filipino ang mga bagong asignatura

Batay sa mga kasagutan sa talatanungan, lumabas ang iba’t ibang hámong kahaharapin ng mga kaguruan ng Filipino sa pagtuturò ng mga bágong asignatura. Sa mga nabanggit na hámon, ang *kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura* ang itinuturing na pangunahing

hámon ng mga guro sapagkat karamihan daw sa mga ito ay sa wikang Ingles itinuturò. Ayon pa rin sa mga guro, kapag tuluyan nang ipatupad ang pagtuturò ng mga asignaturang ito sa wikang Filipino, pangunahing problema nila ay ang paghahanap ng iba’t ibang aklat na magagamit. At upang matugunan ang hámong ito, nararapat lámang na simulan na habang maaga ang pagsulat/pagbuo ng mga aklat na nakasulat sa Filipino upang may magamit sa pagtuturò.

Ang *pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura* ay isa rin sa hámon kung tutuusin sapagkat ang mga silabus ay dapat naaayon sa Outcome-Based Education (OBE). Bahagi ng pagbuo ng silabus ay ang mga reperensiya bilang mga sanggunian, kinakailangang makalikom ng mga reperensiyang nakasulat sa Filipino, kung saan ang kakulangan ng aklat ay kabilang din sa kanilang suliranin. Upang ito’y matugunan, dapat sama-sama sa pagbuo ng silabus upang mas maging mabisa ito.

Ang *kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò* ng mga bágong asignatura ay isa rin sa hámong dapat matugunan. Kinakailangang magkaroon ng mga bágong estratehiya at teknik na akma sa pagtuturò. Ang pagdaló sa mga pagsasanay at seminar ay mabisang paraan upang magkaroon ng kaalaman sa mga panibagong estratehiya o teknik. Isa pa sa itinuturing na hamon na kakaharapin ng mga guro ng Filipino ay ang *posibilidad na hindi pumayag ang ibang departamento na ituro sa Filipino ang ilang sa mga asignatura* na dati nang itinuturò sa Ingles.

Batay naman sa isinagawang panayam, kung sakaling payagan na ng mga administrador na iturò sa Filipino ang ilan sa walong asignaturang ito, maaaring maapektuhan naman ang mga gurong dati nang nagtuturò ng mga ito gaya ng pagbabawas sa kanilang regular na mga yunit.

MGA PAGAPLANONG WIKA NG MGA PANG-ESTADONG UNIBERSIDAD AT KOLEHIYO

Lumabas na handa ang mga propesor ng Filipino sa kaniláng pagtuturò subalit may mga hámong dapat na harapin upang maging maayos ang pagsasakatuparan nito, at mula sa mga hámong nailatag, pagpaplanong wika ang nakikitang solusyon

para rito. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga plano, matutugunan ang isang isyung pangwika tulad ng CHED Memo 20, s. 2013. Ang mga planong nabuo sa pananaliksik na ito ay nagsisilbing pamantayan sa mga desisyon at kilos na kinakailangan sa pagkamit ng mga layunin ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III. Ang mga planong ito ay may malaking tungkulin sa pagtataguyod, pagpapayaman, at pagpapanatili ng wikang Filipino sa kabila ng dinaranas nitong suliraning pangwika.

Naging salalayan sa pagpapaliwanag ng mga plano ng mga administrador ng mga SUC ng Rehiyon III ang balangkas (Figura 2) na nabuo sa pagpapaliwanag sa bahaging ito na nakatuon plano, programa, at proyekto na nakapokus naman sa *kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon*, at *ko-kurikular*. Pagkatapos ay ilalahad ang hakbang sa konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon ng mga programa at proyektong nabuo ng mga SUC ng Rehiyon III.

1. Pagpaplano

Sa pagpaplano, susuriin ang mga pangangailangan ng mga propesor ng Filipino sa mga SUC na may kaugnayan sa pitóng gawain (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon*, at *ko-kurikular*). Aalamin ang kaniláng karanasan at magiging karanasan sa implementasyon ng mga bagong asignatura sa pangkalahatang edukasyon, at magagawa ito sa pamamagitan ng pakikipagpulong sa mga propesor na lubos na apektado sa naturang CHED Memorandum. Kailangan ang malayàng talakayan sa pagitan ng mga administrador at ng mga propesor ng Filipino upang makabuo ng planong pangwika na makatutulong sa kanilá at sa magiging kalagayan ng wikang Filipino sa antas tersiyaryo. Sa pamamagitan nito, mababatid ang lahat ng mga suliranin at makagagawa ng mga patakaran sa pagbuo ng mga mahusay at mabisang programa at proyekto na makatutulong sa ikabubuti ng bubuoing planong pangwika. Bukod sa mga pangulo ng bawat SUC, maaari ring isangkot sa pagpaplano ang mga dekanos sa mga kolehiyo kung saan naroon ang mga asignatura sa pangkalahatang edukasyon. Kailangan ang suporta ng mga dekanos sa mga planong mabubuo mula sa talakayan ng mga administrador ng mga SUC. Nagiging mabisa ang isang plano kung lahat ng sangkot ay aktibo at di taliwas sa implementasyon ng mga ito. Sa pamamagitan nito, sa kabila ng pagkawala ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, matitiyak pa rin ang kalagayan ng Filipino sa pagtuturò at pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Balangkas ng Planong Pangwika

Deskriptibong ilalarawan ang mga planong pangwika na nakasentro sa pitóng gawain ng mga SUC (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon*, at *ko-kurikular*) batay sa balangkas na nabuo na ipinakita sa Figura 2. Layunin ng pagpaplanong pangwika na lutasin ang mga problemang kinahaharap sa pitóng gawain ng mga propesor ng Filipino sa pamamagitan ng mga mungkahing programa at proyekto na siyang malaking salik sa ikatatagumpay ng mga plano.

Talahanayan 5
Planong Programa at Proyekto ng mga SUC

Gawain ng mga SUC	Planong Programa	Mungkahing Proyekto
Kaguruan	Retooling pagdalo sa mga seminar, training at workshop patuloy na pag-aaral sa masteral at doctorate degree K - 12 program alternatibong gawain gaya ng pananaliksik, ekstensiyon, o paggawa ng mga bagóng silabus	Pagbubukas ng senior hay-iskul Papel pananaliksik Ekstensyon ng mga propesor

Kurikulum	Rebisyon ng mga silabus Pagdaraos ng mga worksyap	Komon na silabus para sa GEC
Instruksyon	Pagtuturò sa mga bagong asignatura sa wikang Filipino Pagdalo sa mga seminar-workshop	Pagbuo ng mga diksiyonaryong Filipino sa iba't ibang disiplina Pananaliksik sa Filipino
Riserts	Pagsasalin Paggamit ng wikang Filipino bilang wika rin ng pananaliksik Pagbibigay insentibo	Mga saling kaugnay na literatura at pag-aaral Papel pananaliksik na nakasulat sa Filipino
Ekstensyon	Pagsasagawa ng mga seminar-worksyap Mga gawain tulad ng Adopt-a-barangay, pangangalaga sa kalikasan, technology and livelihood program at nutrisyon Insentibo tulad ng deloading at honoraria	Brochure, pahayagan, jornal na nakasulat sa Filipino
Produksyon	Paggamit ng wikang Filipino sa mga gawaing ekstensyon at mga serbisyong pangkomunidad Pag-aanunsyo	Brosyur, pahayagan, jornal para sa mga nalilikhang kagamitan Reperensyang aklat para sa bagong asignatura
Ko-kurikular	Pagdiriwang ng Buwan ng Wika Pagdiriwang ng Graduation Day, Foundation Day Pagdaraos ng mga patimpalak pangwika Pakikilahok sa taunang DC-SUC CIRPS III Pagsasagawa ng mga kumperensiya, seminar-workshop at pagsasanay sa Filipino Pagsusulat ng publikasyong pangkampus	Mga orihinal na akdang pampanitikan Dagdag pondo Publikasyong pangkampus

a. Kaguruan

Retooling ang isa sa mga programang maaaring gawin upang makapagturò sa ibang disiplina. Ang pagdaló sa mga seminar, training, at workshop ay isang tulong upang maisakatuparan ito. Ang patuloy na pag-aaral sa masteral at doctorate degree ay nabanggit din upang mai-align ang kaniláng mga sarili sa mga bagong asignatura. Ang programang K-12 ng gobyerno ay isang pagkakataon upang magbukás ng Senior High School ang mga SUC at ito'y isang proyekto na makatutulong sa mga propesor na apektado sa pagbabâ ng asignaturang Filipino sa hay-iskul. Ang pagkakaroon ng mga alternatibong gawain gaya ng pananaliksik, ekstensiyon, o paggawa ng mga bagong silabus sa pangkalahatang edukasyon ay mabisa ring mungkahing gawain habang wala pang maiturò at kasalukuyan pa lang na inaayos ang mga kurikulum.

b. Kurikulum

Para sa paglinang ng kurikulum, nararapat lámang na magkaroon ng rebisyon sa mga silabus. Regular na pag-update sa nilalaman ng mga silabus ang kailangan upang magkaroon ng pagbabago, pagdaragdag ng mga kaugnay na paksa mula sa mga natutuhan sa paaralang gradwado, at mula sa mga dinadaluhang seminar-workshop, mga kumperensiya at pagsasanay. Gawin ito sa pamamagitan ng sama-samang paggawa ng mga propesor ng Filipino at mga propesor sa iba't ibang disiplina upang matugunan ang lahat ng mga kinakailangang pagbabago. Ang pagdaraos ng mga workshop sa buong institusyon ay isang programa para sa proyektong isang komong silabus na tugma sa singkronisasyon.

Layunin ng singkronisasyon na maiwasan ang problema sa di pagkakasundo ng bawat kolehiyo sa kung ano ang susundin/gagamitin na silabus.

c. Instruksiyon

Sumasang-ayon ang karamihan sa mga pangulo ng SUC sa panukala ng CHED na maaaring iturò sa Filipino ang mga bágong asignatura. Mainam ito upang lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang anumang paksa at mabibigyan ng pagkakataon ang sinumang mag-aaral na ipahayag ang kaniláng mga sariling sa wikang mas naiintindihan nila. Ang programang ito ay nararapat na bigyan ng pagkakataon upang masuri kung epektibo ba ito o hindi. Sang-ayon din sila sa paggamit ng Ingles at Filipino sa mga bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon dahil parehong kailangan ang dalawang ito wika sa pagtuturò at pagkatuto. Mas aktibo ang mga mag-aaral sa paglahok sa mga talakayan kung wikang Filipino ang ginagamit sapagkat mas sanay sila rito. Ngunit kailangan ding sanayin ng mga mag-aaral ang kaniláng sarili sa paggamit ng wikang Ingles para maging *competitive* sa ibang pamantasan sa loob at labas ng bansa. Ang pagdalo sa mga seminar-worksyap na may kinalaman sa Filipino ay programang parin ng mga SUC para sa kaalaman ng mga bágong teknik at pamamaraan na magagamit sa pagtuturò. Ang pagbuo ng mga diksyonaryong Filipino sa iba't ibang disiplina ay isang mabisang proyekto sa pagpapaunlad ng wikang pambansa. Paunlarin ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral maging ang mga propesor sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga pananaliksik sa Filipino na siyang proyekto para mabatid ang kahusayan sa paggamit ng wikang pambansa.

d. Pananaliksik

Ang mga pananaliksik ay nakasulat at isinusulat sa wikang Ingles sapagkat ito ang wikang gamit sa mga *research forum*, *research colloquium* at *in-house research*. Mangilangilan lámang ang mga pag-aaral na nasa larangan ng Filipino, at ilan pa sa mga ito ay ukol sa kasaysayan at sikolohiya. Ilan lámang sa SUC ng Rehiyon III ang nag-aalok ng Filipino bílang medyor sa batsilyer at gradwadong antas, kayâ kokonti o halos walang mahagilap na mga pananaliksik na nasusulat sa Filipino. Mahirap para sa mga guro na maghanap ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na nasusulat sa Filipino dahil sa kakulangan

ng mga pananaliksik sa Filipino. Hirap ang pananaliksik sa Filipino dahil sa mga teknikal na terminolohiya na walang katumbas o kayâ'y salin. Upang masolusyunan ang suliranin na ito, ang programang pagsasalin, maging ang pag-aaral sa bágong ortograpiya sa Filipino ang kailangan upang matugunan ang pangangailangang ito.

Malaking hámon sa mga SUC III ang paggawa ng mga pananaliksik na nasusulat sa wikang Filipino, ngunit hinihikayat pa rin ng mga pangulo ng SUC ang kaniláng mga kaguruan na magsulat din ng mga pananaliksik sa wikang Filipino lalo na sa mga paksain na kinakailangang sa Filipino nakasulat. Ang programang paggamit ng wikang Filipino bílang wika rin ng pananaliksik ay mahusay na gawain para sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa, at isang jornal ng mga pananaliksik na nasusulat sa Filipino ang maaaring proyekto ng naturang programa. At upang maganap ang nasabing hámon, ang programang pagbibigay insentibo sa sinumang magsasagawa ng pananaliksik ay isang motibasyon, at ang malilikhang mga papel pananaliksik ang proyektong mabubuo para rito.

e. Ekstensiyon

Sa pagbibigay impormasyon at pagtulong sa mamamayan sa labas ng unibersidad o kolehiyo, isang epektibo at mabisang tulay sa pagtulong at pagbibigay impormasyon ang paggamit ng wikang naiintindihan ng lahat. Kayâ halos lahat ng mga pangulo ng SUC III ay sang-ayon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasagawa ng mga gawaing ekstensiyon at mga serbisyong pangkomunidad (*community services*) bílang programa ng gawaing ekstensiyon. Ang mga programang ekstensiyon na isinasagawa ng SUC ay seminar-workshop, mga pagsasanay, *adopt-a-barangay*, pangangalaga sa kaligiran, *technology and livelihood program*, nutrisyon at pagpapalaganap ng mga bágong tuklas sa larangan ng agham at teknolohiya. Ang mga gawain at programang nabanggit ay kadalasang mga magsasaka, mangingisda, mga ordinaryong mamamayan, at mga nakatirá sa mga liblib na lugar ang nakikinabang. Mas magiging epektibo ang pagtuturò ng mga gawaing makatutulong sa kaniláng pamumuhay at pagkatuto, pagtuturò ng mga bagong kaalaman sa larangan ng pagsasaka at pangingsda kung ang wikang gamit ay kanilang mauunawaan. Ang mga guro ng Filipino ay

maaaring *i-involve* ang sarili sa *science and technology* sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino. Ang pagbuo ng mga brochure na nakasulat sa Filipino ang proyektong maaaring buoin para sa *beneficiaries* ng mga gawaing ekstensiyon para mas madali at mabisa ang paghahatid ng impormasyon sa mga mamamayan ng komunidad. Malaking tulong din sa mga propesor ang mga gawaing ekstensiyon sapagkat malaking tulong ito para sa kanilang *individual promotion*. Ang pagkakaloob pa rin ng insentibo gaya ng *deloading* at *honoraria* ay isang mabisang programa na maaaring ipatupad sa lahat ng SUC.

f. Produksiyon

Suportado ng bawat administrasyon ng SUC III ang paglikha ng mga aklat para sa mga bagong asignatura dahil ang mga ito ay instrumento sa epektibong paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral. Kadalasang itinuturo ang mga bagong asignatura sa Ingles kayâ ang akma lamang programang paglikha o pagsulat ng mga reperensiyang aklat para sa mga asignaturang ito, at ang mga reperensiyang aklat ang magsisilbing mga proyekto. Katulad sa ekstensiyon, lalong matagumpay ang tunguhin ng programa kung makagagawa ng mga polyeto, brochure, pahayagan, magasin, o jornal na nakasulat sa wikang Filipino bilang mga proyekto. Malaking tulong ito sa mga guro sa pagtuturò at pagkatuto ng mga mag-aaral at sa promosyon ng mga propesor. Samantalang dagdag pondo naman ito sa bawat pamantasan na magagamit sa pagtupad ng iba't ibang proyekto. Bukod pa sa mga aklat, ang mga bunga ng pag-aaral at bagong teknolohiya ay naihahatid nang husto sa pamamagitan ng din wikang Filipino. Epektibo rin ito sa pag-aanunsiyo sa mga produktong nagawa ng bawat SUC at sa pagpapaliwanag at panghihikayat ng mga ordinaryong mamamayan na tangkilikin ito.

g. Ko-kurikular

Bahagi pa rin ng planong pangwika ng mga SUC ang pagpapatuloy ng mga programa gaya ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Isinasagawa ang pagdiriwang na ito sa lahat ng antas ng edukasyon upang maikintal sa isipan at puso ng bawat mag-aaral hindi lamang ang kasaysayan ng pagkakaroon ng wikang pambansa ang Pilipinas higit lalo ang halaga ng pagkakaroon nito. Ang mga patimpalak

pangwika ay nagbibigay ng búhay sa mga ko-kurikular na gawain at nagpapaunlad sa sosyokultural ng mga mag-aaral gaya ng pagsulat ng sanaysay, talumpati, dagliang pagtalakay, pagkukuwento, deklamasyon, isahang tinig, at iba pa ay ipagpapatuloy pa rin bilang isa pang programa. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing panitikan at kultura, nasasalamín ang mayamang wika at kultura ng mga Pilipino. Ang mga mabubuon orihinal na akdang pampanitikan ay magsisilbing proyekto ng mag-aaral sa bawat SUC. Sinusuportahan ng mga administrador ng SUC ang mga gawaing ganito bilang paghahanda sa taón-taóng pagdaraos ng **Development Council of State Universities and Colleges in Region III at Center for Inter-institutional Research and Policy Studies (DC-SUC III / CIRPS)**. Gawain na ng ilang pamantasan ang pagbibigay ng insentibo sa mga mag-aaral na sumasali sa mga patimpalak pangwika bilang paraan ng paghimok sa mga mag-aaral na sumali. Maging ang pagsusulat ng mga mag-aaral sa mga publikasyong pangkampus gamit ang wikang Filipino ay suportado rin ng mga pangulo. Ang mga publikasyong pangkampus ng bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III ay gumagamit ng dalawang wika, Ingles at Filipino. Ang mahalaga sa pagsusulat ay naipapahayag nila ang kanilang isipan at damdamin, ang kanilang opinyon at pananaw sa mga isyung kanilang kinasasangkutan, direkta man o hindi. May pagkakataon din, lalo kung kinakailangan, isinasagawa ang *Foundation Day*, *Intramurals* at maging *Graduation Day* na ginagamit ang wikang Filipino.

3. Konsultasyon at Diseminasyon

Ang pagkakaroon ng konsultasyon mula sa pangulo ng mga SUC, mga dekanato at mga propesor ng Filipino ay kinakailangan upang ang anumang plano, programa at proyekto ay mapag-aralan, masuri, at maláman kung kapaki-pakinabang at makatutulong sa pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang wika ng pagtuturò at pagkatuto. Sa pamamagitan nito, matutukoy ang mga suliranin at mungkahi para sa pagtatagumpay ng mga nabuong plano, programa at proyekto. Mahalagang salik ito ang pagpapalano mula sa mga taóng sangkot sa pagpapatupad at pagsasakatuparan ng mga ito. Pagkatapos ng konsultasyon, isusunod na ang diseminasyon sa mga plano, programa

at proyekto na kinakailangang malinaw, tumpak at kompleto upang maging ganap ang implementasyon ng mga ito.

4. Implementasyon

Ang implementasyon ng mga plano, programa, at proyekto ay bigyang-pansin dahil walang tiyak na kaganapan ng mga plano at programa kung hindi ito maisasagawa nang maayos. Sa implementasyon nito, sapat na pondo ang kakailanganin upang maisakatuparan ito nang maayos, at ang suporta mula sa mga administrador ng bawat SUC ang kailangan para matulungan ang mga propesor ng Filipino na lubos na naapektuhan sa pagbabago sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang kaniláng suporta ay masusumpungan sa kaniláng pag-aproba sa mga gawain at pagbibigay ng pondo. Kapag ang mga propesor ng Filipino ay nagnanais magsagawa ng pananaliksik sa Filipino, maglabas ng jornal sa Filipino, magsagawa ng mga patimpalak pangwika, magdaos ng mga seminar sa wikang Filipino, mabilis lang ang pagbibigay ng pondo dahil nagkaroon na ng konsultasyon, ang kailangan na lang ay pagsubaybay sa implementasyon ng mga programa upang masiguro na mabuo ang mga proyekto sa bawat programa.

5. Ebalwasyon

Ang ebalwasyon sa mga programang pangwika ay mahalagang maganap upang maláman kung naisasakatuparan ang mga plano ng mga pangulo ng SUC para sa mga propesor ng Filipino at sa kalagayan ng wikang Filipino, kung epektibo ba ang mga programa o hindi, at kung nakatutulong ba ang mga proyekto o hindi. Ang resulta ng ebalwasyon ang magsasabi kung anong mga programa ang lalong dapat paigtingin, palakasin at pagyamanin at kung ano ang mga programa ang nangangailangan ng mulíng pagpaplanong at pagsasaayos. Layunin ng ebalwasyon sa mga programa at proyekto na alamin ang halaga ng pagpaplanong wika ng mga pangulo ng SUC para sa mga propesor ng Filipino at sa kalagayan ng wikang Filipino bílang wika ng pagtuturò at pagkatuto.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kinakailangan pa rin ng mga kaguruan ng Filipino ang patuloy na pag-aaral sa mas mataas na digri nang sa gayon ay makasabay sa mga pagbabágong nagaganap sa larangan ng kurikulum. Ang mga pagbabago gaya ng implementasyon ng CHED Memo No. 20, series 2013 ay isang hakbang ng Lalong Mataas na Edukasyon upang mapabuti ang edukasyon at kinakailangan na sumunod ang mga pamantasan at kolehiyo hindi lámang sa Rehiyon III kundi sa buong bansa.

Nagpakita man ng kahandaan ang mga propesor ng Filipino sa pagtuturò sa mga bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon ay may mga hámon pa ring kailangang harapin. Ang mga hámong ito ay kinakailangang mabigyan ng agarang solusyon upang maipagpatuloy ng mga guro ang responsabilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kinakailangan ng mga pagsasanay, seminar-workshop na malaking tulong sa pagbuo ng iba't ibang teknik, estratehiya, at pamamaraan sa pagtuturò ng mga bágong asignatura.

Ang mga planong pangwika ng mga pangulo ng SUC III ay malaking tulong upang mapanatiling maunlad ang wikang Filipino. Ang pagbibigay-diin sa mga plano, programa, at proyekto sa pitong gawain ay isang malaking hakbang para sa kapakanan ng mga gurong lubos na apektado ng naturang memorandum. Sa pamamagitan ng konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon sa mga plano, programa, at proyekto, mapagtitibay ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ng mga kaguruan ng Filipino maging mga administrador ng bawat SUC.

Maaaring magsagawa pa ng mga pag-aaral sa ibang rehiyon upang magkaroon ng kaalaman sa mga planong pangwika na kaniláng ipinapatupad. Ang mga ito ay maaaring makatulong sa pagsasaayos at pagpapabuti tungo sa pagtatagumpay ng mga planong pangwika ng iba't ibang pamantasan at kolehiyo hindi lang sa Rehiyon III kundi sa buong bansa. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Almario, V. S. (2015). *Pagpaplanong Wika at Filipino*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Austero, C. S. et.al (2013). *Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina*. Makati City: Gold Publishing Palace.
- Awafola, A. (2012). "An Analysis of the New 9 year Basic Education Curriculum of Nigeria." University of Nigeria.
- Badayos, P. B. (2013). *Metodolohiya sa Pagtuturò at Pagkatuto ng Filipino: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Baquiran, D. A. (2010). "Ebalwasyon ng Pampagtuturòng Programa ng General Education sa Filipino ng Technological University of the Philippines (TUP): Basehan sa Pagpapaunlad ng Kurikulum." Philippine Normal University.
- Bulan, E. E. (2011). "Pagtataya ng Senaryo para sa Pinayamang Panuntunan sa Pagtuturò ng Filipino sa Kolehiyo." Arellano University.
- Calmorin, L. P. (1994). *Educational Research, Measurement and Evaluation*, second edition. Manila: National Bookstore.
- Constantino, P. C. (2010). *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng Sangfl*. Lungsod ng Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.
- Cooper, J. (2010). *Language Problems, language planning and language policy*. Western Washington University.
- Earl, R. S. (2010). "The use of instructional design skills in the mental and written processes of Teachers." Papel na iniharap sa Conventional of the Association for Educational Communications and Technology, Iowa.
- Fishman, J. A. (1974). *Advances in Language Planning*. The Netherlands: Mouton & Co. N.V.
- Ganotice, D. D. (2015). "Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturò at Pagkatuto ng mga Mag-aaral Tungo sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino." Dibisyon ng Lungsod ng Tabuk.
- Liwanag, L. B. (2010). "Ang Mahalagang Papel ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Paghahanda ng mga Guro sa Edukasyong Multilinggwal." Isang papel na inihanda para sa internasyonal na kumperensiya sa MLE.
- Manzano, D. L. (2012). "Ang Programang Filipino ng mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III: Batayang Pag-aaral tungo sa isang Akademikong Modelong Pangwika." Tarlac State University.
- Montera, G. G. (2010). "Pagtataya sa mga Saloobin ng mga Instructor at Mag-aaral na Cebuano sa Epekto ng Pagtuturò ng Wikang Filipino sa Unibersidad ng San Carlos, Cebu City." Manuel Luiz Quezon University.
- Tarun, J. Z. (2010). "Implementasyon ng CHED Memo Order № 59 s. 1996 sa mga Programa ng Filipino ng SUCs sa Rehiyon 2." Isabela State University.
- Zafra, G. S. (2013). *Adyenda sa Saliksik Wika. Ulat ng Kumperensya*. Sentro ng Wikang Filipino. UP Diliman.



Si RAFFY AGANON ay Associate Professor 3 at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Pangkalahatang Edukasyon ng Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan ng Tarlac State University. Nagtapos ng Doctor of Philosophy in Filipino sa Manuel L. Quezon University (MLQU); Master sa Edukasyon medyor sa Filipino sa Pangasinan State University (PSU); at Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino sa Central Luzon State University (CLSU). Ilan sa mga nailathala niyang aklat para sa mga mag-aaral sa Mataas na Edukasyon ay pinamagatang *Sining ng Komunikasyong Pang-akademiko at Komunikasyong Pang-akademiko sa Filipino, Filipino sa Iba't Ibang Disiplina* na inilimbag ng St. Andrew Publishing House; at *Filipino sa Iba't Ibang Disiplina* na inilimbag naman ng AIMS Publication.

Bukod sa pagtuturò ng Filipino sa kolehiyo, siya rin ay nagtuturò sa paaralang gradwado ng TSU. Nagsusulat din siya ng mga piyesa sa tula, talumpati at sabayang bigkas. Naging tagapayo ng College Student Council (CSC) ng Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan (CASS) sa loob ng tatlong taon (2016–2019). Nagkaroon na ng pananaliksik mula sa proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2018.

Internasyonal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr., PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD
University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD
Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD
University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao, Jr., PhD
Pamantasan De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Bakunang Mula sa Tao, para sa Tao:
Mga Proceso at Bunga ng Pag-oorganisang Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman
ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ
JOSE MONFRED C. SY

Ang Noumenal at ang Nominal sa Panulaan ni Allan Popa
EMMANUEL JAYSON V. BOLATA

Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas
EB PEREZ-BELLEN

Pagbabalik-Tanaw sa Masalimuot na Ugnayang Tsino-Español sa Pilipinas
at Pag-iimahan sa mga Tsino noong Dantaon 16-18
LORENZ TIMOTHY BARCO RANERA

Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Báhong Kurikulum ng
Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Wika ng mga SUC III
RAFFY AGANON



Daluyan
Journal ng Wikang Filipino



SENTRONG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

